2006 OKTUBRE

*Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)*



ANG BAWAT LIKHANG SINING SA ISYUNG ITO NG Ulos AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

# Nilalaman


## Mula sa Patnugutan

9 Umaagos ang Rebolusyong Pangkultura sa Isla ng Panay!

## Pambungad

11 Tulad ng Waling-waling

## Sanaysay

17 Masaklaw na Hagod sa Kasaysayan ng Rebolusyonaryong Gawaing Pangkultura sa Sining at Panitikan ng Panay

26 Parangal (Pasidungog)

31 Mula sa Puting Kalunsuran Patungo sa Pulang Kanayunan, Mula Dekada 1920 Hanggang Dekada 2000

## Tula

36 Bag-ong Hangaway sang Banwa sa Panay/Bagong Hukbong Bayan sa Panay
*kolektibong nilikha*

41 Pan-ay
*Silvia Madiaga*

43 Partido Komunista sang Pilipinas/Partido Komunista ng Pilipinas
*Ka Apa*

44 Maso at Karet
*Ka Gyne*

45 Awit ng Karet
*Silvia Madiaga*

46 Konsolidasyon/Konsolidasyon
*Ka Johny*

47 Duta'ng Ginapakig-awayan/Lupang Ipinaglalaban
*MayaMor*

50 Binanog sang Kahilwayan/Binanog ng Kalayaan
*Stanley Paglaya*

52 Kahoy sang Paghimakas/Puno ng Pakikibaka
*Rebo Iwag*

54 Farmers, Freedom Fighters/Magsasaka, Hukbong Mapagpalaya
*Ka Borong*

56 Gabi
*Ka Soliman*

57 Pagtinguha sa TO/Pagsisikap sa TO
*MayaMor*

58 Paghihintay na Maging Hukbo
*Gary*

59 Hitabo/Pangyayari
*MayaMor*

60 Sa Buengan ni Buang*/Sa Sabungan ni Buang
*Candido Iban II*

61 Mukha
*Silvia Madiaga*

62 from Songs for Innoh/mula sa Mga Awit Para kay Innoh
*Maria Guerra*

63 Pakig-unong/Pakikiramay
*Ka Soliman*

64 Dungganon Ka/Bayani Ka
*Ka Mia*

66 Pagbakho/Pananangis
*Maria Laya*

68 The Hour of Gathering/Ang Sandali ng Pagtitipon
*Maria Guerra*

70 Ka Lik-ay/Ka Lik-ay
*Ka Nanay*

## MAIKLING KUWENTO/DAGLI

71 Isang Gabi sa Buhay nina Amang Andres at Waling - waling
*Kasamang Bagong Andres*

75 Muli, Pagsalubong
*(mula sa tulang "Liwat, Pagtabuay")*

78 Manong
*Maria Catalonan*

80 Wais si Nanay
*Maria Laya*

## RADYO DRAMA

81 Mais na Inutang, Lupa't Kalabaw ang Kabayaran
*Kolektibong Nilikha*

## AWIT /KOMPOSO

84 Pulso sang Panahon/Pulso ng Panahon
*Andante Amador*

85 Sugilanon nga Tumanduk/Kwentong Katutubo
*Servando Magbanwa*

88 Sibagwan/Sibagwan
*Kolektibong ginawa*

90 Grupong Binuligay/Grupong Bayanihan
*Kolektibong likha*

## Liham

92 Sa Aking Isisilang na Sanggol
*Ka Lila*

93 Sa mga Minamahal Kong Kasama sa Pakikibaka
*Ka Emong*

## Kwentong Kusina

95 Red Alert
*Kolektibong binuo ng Yunit Balatik*

97 Regrup
*Maria Laya*

## Biswal

99 Buhay Hukbo

100 Caduy

## Glosari/Talasalitaan


ROXAS CITY
KALIBO
ILOG AKEAN
ILOG PAN-AY
MT. MADYAAS
MT. YATING
MT. IGABON
MT. BALOY
PASSI CITY
ILOG JALAUD
SAN JOSE DE BUENA VISTA
ILOILO CITY
GUIMARAS
Panay
AKLAN
CAPIZ
ANTIQUE
ILOILO
SUGAR
PALAY




# UMAAGOS ANG REBOLUSYONG PANGKULTURA SA ISLA NG PANAY!




BINUO ANG ISYUNG ITO SA LOOB NG ILANG BUWAN SA ISANG larangan sa Panay— sa piling ng Hukbo at masa, at sa gitna ng paghahanda ng Hukbo para sa paglulunsad ng taktikal na opensiba.

Sa panahong ito ay may pagsilip ang patnugutan sa pagsisikap ng mga kasamang Hukbo sa integrasyon ng gawaing pangkultura sa kanilang pang-araw araw na rebolusyonaryong gawain. Sa loob ng kampuhang pinagdausan ng pagkalap ng mga obra, nakita namin ito sa nag-uumapaw na mga naipong tula, maikling kwento, komik istrip, drowing at painting; sa paglulunsad ng "Sabado ng Wika" at sa pagpapalabas ng mga bidyo/dokumentaryo ng rebolusyunaryong kilusan at mga pelikula ng rebolusyunaryong karanasan ng Tsina.

Higit sa lahat, nakita naming ito sa masigasig na pagpapatuloy sa palihan sa panitikan at dulaan— kahit nasa gitna ng paghahanda sa taktikal na opensiba ang larangan. Ipinapakita nito para sa amin na isinasapuso ng mga kasamang Hukbo sa Panay ang tinuran ni Kasamang Mao:

"Ang Hukbong walang kultura ay mapurol na hukbo, at ang mapurol na hukbo ay hindi makagagapi ng kaaway."

Gayundin sa mga sentrong bayan ng Panay ay mabulaklak ang pagsisikap ng mga kasama sa pagsusulong ng gawaing pangkultura. Ang ilan sa mga pagsisikap na ito ay ang mga makabayan at militanteng dulansangan, konsyerto, likhang awit, at mga mobilisasyong masang inilunsad sa malikhaing paraan. Kitang-kita din ito sa signipikanteng bilang ng rekrut sa Armas (Artista at Manunulat ng Sambayanan) na naideploy para maging organisador sa iba't ibang larangan ng gawain sa Panay— at mga pasampa sa Hukbo. Ang lahat ng mga pagsisikap na ito sa kalunsuran ay malaking pampulitikang suporta sa armadong pakikibakang inilulunsad sa kanayunan. At ang pinakamahalagang suporta ay aktwal na pagpapasampa ng mga Hukbo na haharap sa mga gawain sa larangan.

Sa pabalat ng isyung ito ng ***Ulos*** ay isinalarawan ang lahatang panig na pagharap sa pangkultura, sa paraan tumutugon sa pangunahing panawagan ng rehiyon na palakasin ang Hukbo, sentral na simbolo sa pabalat ang ilog ng Pan-ay na mahalaga ang papel sa kultura ng mamamamayan ng rehiyon. Ito rin ang magsasalarawan sa masa ng rebolusyon na di masasaid na bukal ng inspirasyon para sa tagumpay. Isa pang sentral na simbolo ay ang waling-waling na *"naggugumiit mamukadkad sa gitna ng masukal na mga baging sa lalim ng kagubatan." Katulad ito ng rebolusyunaryong kilusan, at ng sining at panitikan sa rehiyon, na nagpupunyagi sa gitna ng mga nakaraang hirap at pagsubok, upang lumakas sa kasalukuyan.

Ang isyung ito ng ***Ulos*** ay bunga ng mahigpit na tulungan sa pagitan ng Patnugutan at ng mga kasama sa rehiyon ng Panay. Ang naging proseso ng pagbubuo ng isyung ito ay masasabi naming huwaran sa mahusay na pagtutulungan sa pagitan ng Patnugutan at ng rehiyong paksa ng ***Ulos***. Taus- puso ang aming pasasalamat sa Komite ng Rehiyon ng Panay, sa mga kasama at masa sa kanilang malaking ambag sa pagbubuo ng isyung ito. Nawa'y maisalarawan natin sa mga obrang nandito ang agos ng rumaragasang ilog ng rebolusyonaryong sining at panitikan sa Panay.

*mula sa " Tulad ng Waling-waling".

# TULAD NG WALING-WALING




'PANGIBABAWAN ANG MGA KAHIRAPAN, HARAPIN ANG MAIGTING na atake ng kaaway, palakasin at palawakin ang mga larangang gerilya para sa lahatang-panig na pagsulong tungo sa susunod na antas ng digmang bayan!' Sa tatlong taong programang ito ng Partido sa Isla ng Panay, sinisikap ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay na lutasin ang mga kagyat na suliranin sa maliit na bilang ng hukbo at mga organisasyong masa samantalang nag-aambag sa kabuuang pagsulong ng buong bansa. Ito ang panawagang isinisigaw sa mga pangkulturang pagtatanghal ng hukbo, sa mga sinulat na obra, at iba't ibang mga gawain sa pang-araw-araw na pagkilos ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ngayon.


Ang kilusan sa Isla ng Panay ay isa sa mga pinakamalubhang napinsala ng mga rebisyunistang taksil noong huling bahagi ng dekada 80 hanggang unang hati ng dekada 90. Noong 1993, tinangay ng mga rebisyunista ang halos kalahati ng buong-

panahong lakas-tauhan ng hukbong bayan at mahigit kalahati ng armas nito, nilinlang at tinakot ang mga aktibista at baseng masa, at sa huling bahagi ng dekada 90 ay tuwirang nireyd ang yunit ng BHB at pinaslang ang dalawang pulang mandirigma.

Kasabay ng pananalasang ito ng RPA-ABB ang matinding pananalakay ng pasistang militar sa isla. Kahit sa panahong ipinasa na ng rehimeng Ramos sa PNP ang pagharap sa rebolusyonaryong kilusan sa ibang mga rehiyon noong unang bahagi ng dekada 90, pinanatiling tungkulin ng AFP ang pagdurog sa kilusan sa Panay. Ito'y dahil sa estratehikong posisyon nito bilang himpilan ng Camp Macario Peralta, isa sa pinakamalawak na lupaing ginagamit sa *live ammunitions testing* at *training grounds* ng militar. Hanggang sa kasalukuyan ay ginagawang laboratoryo at sanayan ng iba't ibang mga batalyon ng 3ID, PA ang mga training ground nito sa Panay bago sila ipadala sa ibang mga rehiyong saklaw ng dibisyon. Ang Re-engineered Special Operations Tactics (RSOT), hunter killer tactics at airmobile operations ay ibinira muna sa mga pagsasanay sa Panay bago ipadala sa Negros at Bohol. Sa kanyang napakaliit na pwersa at limitadong rekurso, napilitang salubungin ng hukbong bayan ang Oplan Bantay Laya na kinatangian ng sustenido at matitinding operasyon ng kaaway at malawakang militarisasyon sa kanayunan.

Maliban pa sa tuwirang katunggaling tropa ng kaaway sa uri, kinailangan ring harapin ng kilusan sa Panay ang sarili nitong mga kahinaang dulot ng malalim na pagkaugat ng mga maling kaisipan at pagkahirati sa mga nakasanayang konserbatibong pananaw at pagkilos. Ang mga kahinaang ito'y tumigas na at tuwi-tuwina'y lumilitaw at sumasagabal sa patuloy na pagpapatupad ng mga gawain.

Kayat habang mabilis nang sumusulong ang malaking bahagi ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa, nakikipagbuno pa rin ang Panay sa mga kaharap nitong reaksyunaryong taksil, sa pinatinding atake ng kaaway at sa sariling mga kahinaan. Lahatang-panig na pagsulong ang pinagpupunyagian ng rebolusyonaryong pwersa sa kasalukuyan at ito ang nilalaman ng mga likhang sining na natipon sa ***Ulos*** ngayon.



Marami sa mga likhang sining sa isyung ito ay nilikha ng mga pulang mandirigma sa isang palihan sa panitikan na inilunsad sa gitna ng paghahanda para sa taktikal na opensiba. Ang iba nama'y nabuo sa iba't ibang panahon habang nakikipag-agawan ng lugar at oras ang mga kasama sa sumasalakay na mga tropa ng kaaway. Tulad ng waling-waling na naggugumiit mamukadkad sa gitna ng masukal na mga baging sa lalim ng kagubatan, ang rebolusyonaryong sining at panitikan ay kalangkap ng lahat ng pagpupunyagi ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay sa pagharap sa

> **Ang rebolusyonaryong sining at panitikan ay kalangkap ng lahat ng pagpupunyagi ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay sa pagharap sa dinaanang mga krisis hanggang sa kasalukuyang pagsisikap na magpalawak at magpalakas.**

dinaanang mga krisis hanggang sa kasalukuyang pagsisikap na magpalawak at magpalakas.

Sinasalamin ng mga obra ang paggugumiit ng sining at panitikan sa harap ng napakahirap na kalagayan. Makikita sa mga obrang **Gabi** at **Songs for Innoh** ang patuloy na pakikihamok at pagpapanday ng paninindigan ng mga mandirigma sa harap ng mga kahirapang dulot ng matinding atake ng kaaway, gayundin ang panawagan sa masa at mga kasama na humarap sa ganitong hamon. Mula sa iba't ibang uri at kasarian, sa tulang **Pagbakho**, hinaharap ng mga kasama ang pagpapatatag, pagpapanibagong-hubog at pangingibabaw sa kabuuan at partikular nilang mga suliranin – nang hindi nagpapakalulong sa mga ito kundi nakalugar pa rin sa pagbibigo sa pananalakay ng kaaway. Ang mga tulang **Pakig-unong** at **Dungganon Ka** na para sa mga martir ng mga atakeng ito ng kaaway ay nananawagan rin sa patuloy na nakikidigma upang ibayong magpakatatag at magpunyagi sa labanan bilang parangal sa mga nasawi. Muli't muli, pinapanawagan sa mga obrang inipon dito ang pagbigo sa atake ng kaaway para sa lahatang panig na pag-unlad.

Kabilang sa lahatang-panig na pag-unlad ang pagpapalakas at pagpaparami ng mga yunit ng hukbong bayan, pagpapalawak ng mga sonang gerilya, pagpapabwelo ng kilusang masa laluna ang rebolusyong agraryo, ang pagpapalakas sa mga sentro ng pamunuan ng Partido, hukbong bayan at mga organisasyong masa, sa lahat ng larangan ng gawain.

Lalong naitulak ang lahatang-panig na pagpapaunlad ng hukbong bayan nang itayo ang mga pormasyong platun kung kaya't nabibigyang pansin na ngayon hindi lamang ang gawaing produksyon, militar at medikal kundi ang gawain sa kultura at sining. Dagdag pa, inilalangkap ito sa bawat gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay ng hukbo.

Ipinaloob sa programa ng ilang platun ang pagtatakda ng "tinaga para sa adlaw" (salita para sa araw na ito) upang maging pamilyar ang mga kasama sa ilang mga salita at sa mga mainit na isyu, samantalang ang iba nama'y nagtakda ng siniping pangungusap para sa linggo na siyang iikutan ng mga talakayan. Nariyan din ang "Sabado ng Wika" kung saan sa buong araw ay kailangang ang pambansang wika ang gamitin ng mga mandirigma sa lahat nilang pananalita.

Ipinaloob naman sa programa ng ilang platun ang target na ang bawat iskwad ay makalikha ng isang obrang pampanitikan o kaya'y magkabisa ng wastong pagkanta ng isang rebolusyonaryong awitin sa bawat linggo. Pero sa totoo lang, walang iskwad

na sumunod dito, kundi nilampasan nila ang mga target. Naisulat din ang mga obra sa iba't ibang lengguwaheng ginagamit sa rehiyon – Hiligaynon, Kinaray-a, Akeanon, Filipino at Ingles. Ilan sa mga likhang ito ay natipon sa mga antolohiyang **Pabalon**, **Balatik** at **Mga Binalaybay halin sa Sentral Panay** kung saan kumuha ng ilang seleksyon ang ***Ulos*** ngayon.

Ang buwanang asembleya ng platun ay hindi lamang panahon para sa pagtatasa ng mga natapos na gawain sa nakaraang buwan o pagbabalak kung paano ipapatupad ang mga bagong atas ng Partido sa susunod na buwan. Ginagamit itong pagkakataon upang maitanghal ang mga ginawang skit, mabigkas ang mga inihandang tula, o maiparinig ang mga pinagsanayang awitin.

Ang mga pagtatanghal ng skit, dula, sayaw, sabayang pagbigkas, awit at iba pang mga pormang pansining ay hindi na nalimita sa mga regular na okasyong tulad ng mga anibersaryo, kasal o pulong paggunita. Sa bawat pagkakataon ay naglulunsad ng mga ispesyal na pagtatanghal para sa araw ng manggagawa, araw ng kababaihan (kahit araw ng mga ina) o kung may hinaharap na partikular na usapin sa yunit tulad ng pagpapatatag sa rebolusyonaryong pamilya, paghahanda papunta sa isang taktikal na opensiba, pagbati o pagsalubong sa mga bagong dating na yunit o mga bisita mula sa kalunsuran, pamamaalam sa kanila, at iba pa. Umiiral na ring kagawian ang pagtatanghal sa mga asembleya ng mga rebolusyonaryong samahang masa sa baryo, kung saan hindi lang ang hukbo kundi maging ang mga organisadong masa ang may inihandang kani-kanilang mga ambag na numero sa programa.

Regular o ispesyal man ang mga okasyon sa pagtatanghal, patuloy na pinauunlad ang nilalaman at porma ng mga pagtatanghal dito. Nang itanghal ang **Bag-ong Hangaway sang Banwa sa Panay** na gumuhit sa mga kahirapang dinaanan, mga hamon na hinaharap sa kasalukuyan, ang direksyong nais makamit, ito'y hindi simpleng tulang bigkas kundi ginamit na pantuhog sa buong programa kung saan ang bawat bahagi ay nilagyan ng interpretasyon sa sayaw, awit at dula, at ipinaloob na rin ang mga talumpati ng mga kasama bilang bahagi ng pagtatanghal. Ang pagbaybay sa kasaysayan ng hukbong bayan sa Panay sa anibersaryo nito ay ginawa hindi sa pamamagitan ng talumpati, kundi sa kwento ng mga huwarang martir. Makikita ito sa pinaikling **Pasidungog** at **Isang Gabi sa Buhay ni Amang Andres at Waling-waling**.



Kabilang sa pagpapaunlad ng porma't nilalaman ang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga kasamang kilalanin, pahalagahan at gamitin ito. Kaya't pamalagiang programa na ang pag-aaral sa literasiya, numerasiya

**Hindi nga lang sa pang-araw-araw na buhay ng hukbo kumukuha ng inspirasyon ang rebolusyonaryong sining kundi lalong sumisibol at yumayabong ito sa buhay at pakikibaka ng rebolusyonaryong masa.**

at syensyang pangkalikasan upang mapaunlad ang kabuuang antas ng mga kasama. Bunga nito, maging ang mga mag-aaral ng literasiya at numerasiya ay nagiging mahuhusay nang makata. Kagawian na rin ang kolektibong pagsusuri ng mga pelikulang pinanood sa kompyuter o projector.

Marami pang ibang karaniwang gawain ng hukbo ang nilalangkapan ng sining. Mga card na yaring kamay o disenyo sa kompyuter ang nililikha upang ipamahagi sa halip na *solicitation letter* sa mga kampanyang pampinansya ng hukbo. Sa batayang pagsasanay militar ng mga yunit ng milisyang bayan, sa halip na talakayin lang ang bahagi ng alituntunin ng hukbo ukol katangian ng BHB at ang seksyon sa disiplina, itinuturo sa kanila ang awit na **Bag-ong Hangaway sang Banwa sa Pnay** kayat nagiging numero na rin nilang itinatanghal ang mga ito sa mga asembleya sa baryo. Ang mga paghahanda hanggang pagtatasa ng matagumpay na taktikal na opensiba o kampanyang militar ay nagpapalitaw sa mga obrang tulad ng tulang **Pagsisikap sa TO** at **Sa Buengan ni Buang**, komposong **Reyd sa Tubungan** at **Sibagwan**, mga slide-show na **Tubong-tubong sa Hunyo** at visual folio ng **Dinag-on.** Ang mga kamerang ginagamit para sa gawaing paniktik ay gumagampan din ng papel sa paglikha ng mga masining na larawan at video clips, samantalang ang *sandtable map* na pinagpaplanuhan ng taktikal na opensiba ay nagmimistulang obrang lilok ng buong yunit na halos nakakahinayang nang burahin pagkatapos ng operasyon.

Hindi nga lang sa pang-araw-araw na buhay ng hukbo kumukuha ng inspirasyon ang rebolusyonaryong sining kundi lalong sumisibol at yumayabong ito sa buhay at pakikibaka ng rebolusyonaryong masa. Ang mga tulang **Awit ng Karet**, komposong **Grupong Binuligay**, at drama sa radyo na **Mais na Inutang, Kalabaw at Lupa ang Kabayaran** ay naglalarawan ng pagkilos ng masang magsasaka samantalang ang tulang **Dutang Ginpakig-agawan**, **Binanog sang Kahilwayan** at komposong **Sugilanon nga Tumanduk,** na pawang sinulat sa wikang Kinaray-a ay nagsasaysay ng pakikibaka ng mga katutubo sa Panay. Maliban sa dati nang komposo ni Servando Magbanua na **Mangunguma Ako**, naging malaganap sa masa ang iba pang mga komposong tulad nito dahil nakasanayan na o kaya'y madaling matutunan ang tono at ang nilalaman ay ukol sa mga usaping malapit sa kanilang damdamin. Gayundin ang komiks ng **Caduy.** Nilalarawan nito ang mga tunay na pangyayari sa buhay ng masa na tinipon mula sa ulat ng mga yunit na kumikilos sa iba't ibang lugar.


Taglay ng mga obra ang panawagan sa masa para sa patuloy na pakikipagkaisa at pagpupunyagi sa pakikibaka bilang tugon sa kanilang kahirapan, sa harap ng patuloy na tumitinding pananalakay ng kaaway. Sa tulang **Hitabo**, nilalarawan ang

pagsisikap ng masang ipagpatuloy ang pagkilos sa harap ng matinding militarisasyon. Kaya't tulad ng waling-waling, ang gawaing sining at panitikan ay namumulaklak at nag-aalay ng kanyang ganda sa palibot kahit sa pinakamasukal na kalagayan sa kagubatan.

Ngunit hindi tulad ng waling-waling, ang lakas at ganda ng rebolusyonaryong sining at panitikan ay sumasaklaw hanggang sa kalunsuran. Lakip din sa mga gawain ng mga yunit ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa lunsod ang pagpapaunlad ng iba't ibang anyong pangkultura. Patuloy ang pagtatanghal ng mga kasapi ng Armas at iba pang grupong pangkultura sa mga lihim na pagtitipon sa lunsod man o sa mga lugar sa kanayunan na hindi pa napapasok ng hukbong bayan. Ipinapahayag ng tulang **Mukha**, at ng sanaysay na **Mula sa Puting Kalunsuran Patungo sa Pulang Kanayunan, Mula Dekada 1920 hanggang Dekada 2000,** ang mga suliranin at pakikibaka ng mga maralitang lunsod, manggagawa at petiburges, at ang kahalagahan ng kanilang pagkilos. Naiayos din ng mga kasama sa gawaing pangkultura ang paglalagay ng mga subtitle na Hiligaynon sa mga video mula sa ibang rehiyon upang magamit sa mga pag-aaral ng hukbo at ng mga magsasaka. Laganap sa hayag na demokratikong kilusan ang iba't ibang anyo ng sining na may progresibong nilalaman at umuunlad ang mga ito sa gabay at impluwensya ng rebolusyon. Ang dulang **Waling-waling** na itinanghal sa Freedom Grandstand ng Iloilo City, bagamat likha ng mga aktibistang pangkultura sa hayag na demokratikong kilusan, ay binigyang-inspirasyon ng totoong mga pangyayari sa rebolusyon.

Sinasalamin ng mga likhang sining ang mga panimulang tagumpay na nakamit na ng rebolusyonaryong kilusan sa pagpupunyagi nito sa tatlong taong programa ng pagpapangibabaw sa mga kahirapan at lahatang-panig na pagsulong. Sa tulang **Pagbalik** at sa dagling **Muli, Pagsalubong**, bagong paksa na ang pagrekober ng BHB sa mga baryong dating kinilusan at ngayon lang nabalikan sa pagpapalawak ng sonang gerilya.

Kaya't habang nagpapalaki at nagpapatatag ang rebolusyonaryong kilusan sa Panay upang makasabay sa pangkalahatang pagsulong sa rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa, patuloy ring uunlad at susulong ang gawain sa sining at panitikan. Tulad ng waling-waling.



Sanaysay

# MASAKLAW NA HAGOD SA KASAYSAYAN NG REBOLUSYONARYONG GAWAING PANGKULTURA SA SINING AT PANITIKAN NG PANAY

SA KASAYSAYAN, ANG PAGGAMPAN SA REBOLUSYUNARYONG gawain sa kultura at ang mga likha nito ay naging importanteng elemento sa pagbubuklod ng isipan at damdamin ng sambayanan sa wastong pananaw sa kasaysayan at lipunan, sa pagsusuri at panawagan ng Partido sa pamumuno nito sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Panahon pa lang ng Kolonyalismong Espanyol, mayaman na sa karanasan ang Panay sa rebolusyonaryong pakikibaka at kilusang propaganda sa pakikipaglaban sa pambubusabos ng dayuhan. At sa bawat komprontasyon sa mga manlulupig, hindi nawawala ang iba't ibang porma ng sining at panitikan na naglalarawan sa kalagayan, pakikibaka at mithing kalayaan ng sambayanan.

Mula sa mga *ambahan* at *sumpa* ng mga Babailan; pulong-ahitasyon ng mga Tiradores sa Antique at Bolo batalyon sa Iloilo; *La Solidaridad* nina Lopez Jaena, Figueroa, Sucgang at Mapa; *Kartilya ng Katipunan*, pahayagang *Kalayaan,* mga awit at tula ng mga Katipunerong Castillo at Iban na bumuo ng Katipunan tsapter una sa Aklan at pagsanib ng mga katulad ni Teresa Magbanua—lahat ng mga ito'y nag-ambag sa kabuuang propaganda at mapagpasyang pagpabagsak sa kolonyalismong Espanyol noong Rebolusyong 1896.

Pag-ibig sa bayan, nasyunalismo, antipyudal at antikolonyal na linya ng lumang demokratikong rebolusyon naman ang lumagablab sa diwa ng Panaynon laban sa imperyalismong US ng sumambulat ang Digmaang Pilipino-Amerikano at sinalakay nila Hen. Elwell Otis at Hen. Marcus Miller ang Fort San Pedro, Iloilo noong Pebrero 10, 1899. Lumaban ang mga Katipunero… "Matamis ang mamatay, sa lupang tinubuan…" Kahit sa dakong huli'y sumuko ang pamunuang ilustrado sa dayuhan, tumagal pa ng mga sampung taon ang paglaban nina Crispulo "Impong" Evangelio sa Aklan at Antique, Yntrencherado sa hilagang Iloilo, at mga Pulahanes na umaasa sa *oracion* sa anting-anting laban sa sopistikadong pamamaraan ng panlulupig ng imperyalismo.



Magkasabay na ginamit ng imperyalismong US ang dahas at institusyong pangkultura upang makapaghari. Ipinataw nito ang Sedition Law noong 1901 at Flag Law noong 1907 upang sagkaan ang

nasyunalistang pamamahayag at paigtingin ang pananalakay sa mga ispontanyong pag-aalsa. Ipinagpatuloy nito ang paggamit sa relihiyon at pakikipagsabwatan sa Simbahang Katoliko upang linlangin ang mamamayan. Lalong ginatungan nito ang atrasado at mga lumang paniniwala tulad ng aswang upang ihiwalay at tanggalan ng tagasuporta ang mga lumalaban sa Kano sa kabayanan ng Duenas, Dumangas at probinsya ng Capiz, kung kaya hanggang ngayon ay nananatili pa ring masamang palatandaan ang aswang sa mga lugar na ito. Itinatag ng US ang isang sistema ng edukasyon na pangunahing nagsisilbi sa interes ng imperyalismo. Ipinadala nito ang ilang guro at misyonerong Kano sa kabundukan, lalo na sa Tapaz-Calinog bilang bahagi ng kampanyang pasipikasyon. At ang mga katutubong pangalan ng ilang baryo ay naging Taft, Roosevelt, Wright, McKinley na tawag sa mga ito hanggang sa kasalukuyan.

Ngunit hindi natigil ang kritisismong panlipunan. Bunsod ng paglaganap ng Marxista-Leninistang kamulatan noong 1920 at ng lalong paglala ng krisis sa kabuhayan lalo na ng mga manggagawa, magsasaka at mga sakada sa Panay at Negros ay ibayo pang lumaban ang mamamayan sa kolonyal na gubyerno, sa mga kapitalista at dayuhang Kano. Nagpatuloy ang pagdami ng mga patriotikong manunulat at ng mga pahayagan sa isla na naging daluyan ng mapanlabang diwa ng sambayanan at identidad sa Hiligaynon.

Umigting at lumawak ang mga welga at naorganisa sa isla ang **Federación Obreros de Filipinas** (FOF) sa pamumuno ni Jose Nava, **Katilingban sang mga Inanak sa Pangabudlay**, at **Katilingban sang Mamumugon sa Filipinas** na sumasaklaw sa mga magsasaka. Isa sa naging daluyan ng kanilang kritisismo at panawagan sa mga pagkilos ay ang pahayagang **La Prenza Libre**.

Nang sumambulat ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinasurender ni Hen. Wainwright at Hen. King ang USAFFE sa Panay. Ngunit lumaban pa rin ang mga Panayanon sa imperyalismong Hapones sa pamamagitan ng armadong pakikibaka ng mga patriotikong gerilya. Nagkaroon sila ng mga likhang sining na naglalarawan sa kanilang kalagayan at ng kanilang paglaban. Karamihan sa mga likhang ito tulad ng mga komposo ay hindi kilala ang lumikha.

Noong 1945, nakontrol muli ng Imperyalismong US at lokal na papet nito ang pangunahing agos sa kultura. Ang bagong henerasyon ng mga manunulat ay produkto na ng sistema ng eskwelahang publiko, na naging abala sa tunggalian sa usapin ng paggamit ng "moderno" at "tradisyunal" na istilo sa panulat. Pangunahing oryentasyon naman ng masmidya ang pagbebenta ng mga produktong pangkonsumo mula sa USA. Dumagsa rin ang mga dayuhang aklat, magasin, musika at pelikulang Hollywood.



Ang kilusang pinamumunuan ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas at Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) mula 1948 hanggang 1954 ang tanging naglantad at lumaban sa papet na gubyerno sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Ang paglaban na ito ay siya ring naging tema ng mga kwento at awitin na

kanilang nalikha. Ngunit dahil sa maling linya ng pamunuang Lava, nawasak ang lumang Partido at HMB dito sa isla na nilahukan nina Guillermo Capadocia, Andres Togonon at Coronacion "Waling-Waling" Chiva na pawang Panaynon. Winasak din ng US ang mga militanteng unyon sa isla sa pamamagitan ng dahas at pagpasok ng dilawang unyon.

Ngunit lalong lumala ang krisis ng lipunang Pilipino at ng imperyalismong US—kalagayan at hamon na sinagot sa muling pagbangon ng rebolusyonaryong kilusan upang baguhin ang buong sistemang panlipunan. Kaya't ang rebolusyonaryong sining at panitikan ay nagsimulang magsilbi sa tungkuling magpalaganap ng pambansang demokrasya sa panahon ng malawakang kilusang propaganda noong dekada 60 hanggang 70.

Naabot ng pambansang pagpapalawak ng muling tatag na Partido Komunista at BHB ang Panay at sa higit 36 taong pagsulong ng rebolusyon sa isla, ang gawaing pansining at panitikan ay naging di-mahiwalay na sangkap sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa at pagtataas ng kanilang pampulitikang kamulatan. Angkin nito ang wastong katangian, ginagabayan ng pangkalahatang linyang DRB at pinagtibay ng dalawang dakilang kilusang pagwawasto.

Rebolusyonaryong pakikibaka ang nagpalitaw at nagpaunlad sa maraming manunulat at artista sa isla at umani ito na maraming likhang sining at panitikan — mga antolohiya ng tula; prosa sa rebolusyonaryong peryodismo at iba pang mga naratibong likha kagaya ng maikling kwento, sanaysay; sulat; songbuk at tapes ng mga awitin; mga likhang sining biswal at graphics, *paintings, murals, visual placards,* poster, cards, komiks, T-shirt printing, ilustrasyon, karikatura; kumbinasyon ng sayaw-dula; at modernong multi-media tulad ng *slide show, video* at *film production*. Ang bisa nito ay makikita sa naging kontribusyon ng masa sa rehiyon sa pagsulong ng rebolusyon mula sa panahon ni Marcos hanggang kasalukuyan.

**1970-1981: PAG-UGAT SA MASA AT PANIMULANG PAGBWELO**. Sa panahong nagbubukas pa lang ng mga sonang gerilya at pumupusisyon ang Partido at BHB sa iba't ibang probinsya sa Panay, agad nang sinikap ng mga kasama ang pagpapataas sa pampulitikang kamulatan ng masa upang mapagkaisa sila para sa rebolusyonaryong pagkilos. Nang maugnayan ang mga dating kasapi ng HMB, inilinaw sa kanila ng mga bagong henerasyon ng mga rebolusyunaryo ang pagtuwid sa mga kamalian ng lumang Partido at kasabay nito ay hinalaw ng mga baguhang kadre, na karamihan ay mula sa kalunsuran, ang mga aral sa gerilyang pagkilos, pag-ugnay sa malawak na masa, pag-ugat sa kanila at pagpapalalim sa pag-unawa ng kanilang kultura.




Agad na hinarap ng mga kasama ang pagtulong sa masa sa usaping pangkalusugan, produksyon at kaugnay na syentipikong pamamaraan, pagtatanggol ng lupaing inaagaw ng mga panginoong maylupa, katahimikan at kaayusan sa kanilang lugar, at edukasyon sa wastong pagtanaw sa kanilang kalagayan sa lipunan at rebolusyon. Inilunsad din ng Partido ang programa sa literasiya. Noong 1973 ay itinayo ang paaralan sa larangang gerilya sa hangganan ng Aklan at Capiz. Ang mga

kasamang dati'y mga propesyunal na guro ay gumawa ng kurikulum para dito. Noong 1976 isang paaralan pa ang itinayo sa larangang gerilya sa hilagang Panay. Ang mga ito ang naging daluyan ng dalawang programa sa literasiya na inilunsad noon at ang mga aktibistang masa mismo sa lokalidad ang naging instruktor sa tulong ng mga kasama at alyadong mga guro at propesyunal.

Nalikha ang mga tula, komposo at mga awiting adaptasyon mula sa tono ng mga popular na kanta, at maikling kwento upang gamitin sa programang literasiya. Nagsilbi ang mga ito sa gawaing pampropaganda at edukasyon. Matagumpay na nakapaglikha ang mga kasama ng mga pyesa na bunga ng mas malalim na pagkakaunawa sa kalagayan ng masa at mga anyong popular sa kanila. Lumaganap din ang mga awiting isinalin mula sa lenggwaheng Pilipino na dala ng mga kadre at aktibista mula sa kalunsuran na nagkaroon ng pangkalahatang tema.

Mula 1975, sabay na umunlad ang laman at ilang porma ng mga likhang sining at panitikan sa pag-unlad ng praktika ng mga kasama at paglalim ng pagkakilala sa kongkretong kalagayan sa mga lugar na kinikilusan. Dumami ang nalikhang mga awiting adaptasyon na ang himig ay mula sa ilang popular at katutubong mga awiting Akeanon at hilagang Antique, ganoon din sa Kinaray-a na likha ng mga kasama at masa sa larangang Border Area (Capiz-Iloilo-Aklan).

Kasabay sa pagsigla ng mga kampanyang masang antipyudal, anti-militarisasyon at iba pang hayag na pagkilos noong huling bahagi ng 1979, ibayo pang yumaman ang mga likha ng mga kasama. Naging tampok ang teatrong gerilya — mga iskit/ drama, o mima, na nakumbina sa mga tula at awit na nilalahukan ng mga pultaym at lokal na aktibista sa iba't-ibang okasyon tulad ng gradwasyon sa literasiya, rebolusyonaryong kasal, pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido at BHB, mga masmiting at iba pang mobilisasyong internal sa Partido at hukbo tulad ng pagsasanay militar at mga pag-aaral. Naipagpatuloy din ang paggamit sa tradisyunal at katutubong porma na popular kagaya ng komposo, kwento, luwa, at maging ang pagtutugtog ng banjo at gitarang yari-sa-kamay sa iba't ibang larangang gerilya.

Nakapaglimbag ng songbuk na nilakipan ng mga drowing at tula sa Hiligaynon, Akeanon at Filipino. Naipalaganap din ang album ng **Mga Awit ng Ating Panahon** mula sa labas ng rehiyon. May limitadong pamamahagi naman sa inilabas na type-script ng antolohiya ng mga tula ni Servando Magbanua, ang **War Poems from Panay 1978-1980**. Ang ilang tula pa ng mga kasama sa Panay ay nailathala sa **Mga Tula ng Rebolusyong Pilipino 1972-1980**. Nagpatuloy ang paglikha ng mga orihinal na tula at awitin at iba pang sulat at reportahe/koresponsal ng mga aktibistang masa at mga propesyunal na umaambag ng kanilang likha para sa rebolusyonaryong pahayagan.




Unti-unting dumami ang mga materyal na pampropaganda, pang-edukasyon at pangkultura na naisalin sa Hiligaynon at ilan sa Akeanon. Nakapagpalabas naman ng mga rebolusyonaryong pahayagang pangmasa tulad ng **Igrab sa Nakatundan nga Kabisay-an** (pangrehiyong pahayagan), 1976; **Daba-Daba**, (Hilagang Panay), 1977; **Daba-Daba Newsfiles** (English edition, supplement para

sa panggitnang pwersa), 1979; **Inaway Banwa** (Katimugang Panay), 1980; at **Pandayan** (pahayagang oryentasyunal para sa mga organisador at aktibistang masa), 1981.

Noong 1981, isang pangrehiyong kumperensya sa rebolusyonaryong gawaing propaganda, edukasyon at pangkultura ang ginanap at lalo itong nagbuklod sa mga kadre at mga Pulang hukbo upang higit pang mapaunlad ang gawaing pangkultura.

**1982-1992: MALAKING PAGSULONG, PAGLIHIS AT PAGWAWASTO**. Positibo sa kalakhan ang naging resulta ng 1981 na kumperensya. Naging daan ito upang magkatipun-tipon ang mga kasama mula sa iba't ibang organo na kumakatawan sa mga sektor at teritoryo sa buong rehiyon mula sa kanayunan at kalunsuran. Mula dito ay naging sistematiko at malusog ang mga ugnayan at palitan ng mga karanasan. Matapos nito, naging masaklaw at sari-sari na ang mga temang pinapaksa ng mga likhang pangkultura. Napaunlad ang paggamit ng dagdag na pormang *slide shows* at *photography, graphics arts, performing arts* at paggamit ng masmidya bilang daluyan sa gawaing propaganda at pangkultura. Dala ito ng pag-unlad ng mga gawain sa armadong pagkikibaka at kilusang masa sa kalunsuran. Pokus ng laman sa mga likhang ito ay ang pagharap sa malalang krisis na lalo pang pinalubha ng diktadurang US-Marcos, pagsigla ng kilusang masa at taktikal na opensiba ng BHB habang umaani pa tayo ng mga malalaking pagsulong hanggang mga 1985-86.

Sa kanayunan, bukod sa pagsustini ng dating porma ng likhang sining at panitikan, mas sumigla ang gawaing pangkultura sa hanay ng mga itinayong FGUs, DGUs at sa masa. Maraming orihinal na mga awitin at tula ang nalikha lalo na noong 1983-84 sa hanay ng pulang hukbo. Ipinagpatuloy ang nakaugalian nang pagdaraos ng mga pangkulturang pagtatanghal sa hanay ng hukbo, masa at mga alyado.

Noong 1983, lumabas ang unang isyu ng **Sublak**, ang pangkulturang pahayagan ng Panay. Nakapag-ambag din ng mga likha ang mga kasama sa inilabas na koleksyon ng librong **STR**, isyu ng **Liberation**, at iba pang latlahain sa labas ng rehiyon. Sa panahon ding ito ay lumaganap sa buong rehiyon ang mga tape at songbuk ng album na "**Pag-ibig sa Tinubuang Lupa**" at **Ibong Malaya**.

Ginawang opisyal na rebolusyonaryonaryong pahayagang pangmasa ng rehiyon ang **Daba-Daba** noong 1981. Lumabas rin ang iba pang mga pahayagan tulad ng **Partisano,** (Metro-Iloilo), 1983; **Martsa** (hilagang Panay), 1987; at **Pulang Sidlangan** (silangang Panay), 1988; at **Kontradiksyon** (internal na pahayagan at pampulitikang dyurnal sa rehiyon), 1985. Masigla din ang pagpapalabas ng mga manipesto at praymer sa mga isyu lalo na sa panahon ng mga kampanyang masa. Sa mga pag-aaral, nalilikha ang mga tulong-biswal tulad ng komiks at posters. Naisakomiks ang **Ispesyal nga Kursong Pangmasa para sa Mangunguma** habang naisalin naman sa Hiligaynon ang **MKLRP-Isinalarawan** at nagawan ng *produksyong islayd* ang MKKRP (MKLRP).

Naging tampok sa kalunsuran ang madalas na paglulunsad ng mga konsyerto, pagdami at pagsigla ng mga grupong teatro kasabay ng pag-uso ng mga effigies at mural. Sa pamamagitan ng gawaing alyansa, ang lokal na mga manggagawang

pangkultura sa kalunsuran ay natitipon sa mga pagsasanay, tour at mga pagtatanghal.Ang mga grupo sa teatro at mga musikero ay naging aktibo sa mga palihan at pagtatanghal na pinangunahan ng PETA, Patatag, at sa iba pang mga aktibidad ng MAKIISA at CAP. Nakapaglunsad din ng isang *cultural festival* sa Iloilo noong 1985.

May organisasyon sa puting lugar na nakakuha ng regular airtime sa istasyon ng radyo at naging daluyan ng mga progresibong awitin, talakayan sa mga isyu at kasaysayan. Naging daluyan rin ang iba pang istasyon ng radyo na nagpasahimpapawid ng mga mensahe at awitin ng BHB na bitbit ng mga reporter mula sa mga press conference na pinatawag ng Partido at BHB sa kanayunan.

Ang iba pang pagsusuri sa mga isyu ay pinapalabas sa pamamagitan ng mga manipesto ng mga lihim na organisasyong masa o di kaya'y sa sektoral na pahayagan katulad ng **Kalayaan** na inilalabas ng Kabataang Makabayan (KM). Lumalabas din sa mga hayag na newsletters ng ilang sektor sa simbahan, komunidad at school papers ang iba pang artikulo, pagsusuri, at mga likhang pansining at pampanitikan.

Bago pa ang 1988, sinalamin na ng mga likhang sining at panitikan ang kaguluhan sa pagpabaling-baling sa pagitan ng konserbatismo't parlamentarismo sa isang banda, at sa insureksyunismo't adbenturismong militar sa kabila. Nilaman ng mga dula at tula ang mga papuri sa babaeng pangulo kasabay ng pagpapalaganap ng mga awiting popular tulad ng "Magkaisa" o kaya'y ang tulang gumamit ng talinhaga na pinaghahalo ang pula ng rebolusyon at ang dilaw ng rehimen. Sa kabilang banda'y nariyan naman ang pagsasadula ng mga wala sa panahong pag-okupa ng lupa o kaya'y mga tula at awiting nananawagan ng wala sa panahong pagbubuo ng malalaking pormasyon ng hukbo tulad ng laganap na awiting **Estratehikong Pagkapatas.** Hindi iilang kasama ang nagpangalan sa kanilang mga anak na Eppie (estratehikong pagkapatas), Peacetalk o kaya'y Ashed (Abanteng Subyugto ng Estratehikong Depensiba). Noong 1988 ay naging markado na ang paghupa ng rebolusyonaryong kilusan bunga ng pangingibabaw ng lihis na linya. Kinalawang ng dekadenteng kultura ang mga pwersa sa kanayunan at kalunsuran kabilang na ang mga manggagawang pangkultura.

Sa iba't ibang antas, ang impluwensya ng kulturang petiburges, pyudal at lumpen ay sumira sa mga kasama dahil sa kapabayaan sa gawaing pang-ideolohiya. Lumitaw ang istilo ng pamumuhay at pagtrabaho na naghahanap ng katiwasayan, layaw, paglalasing at iba pang bisyo; pyudal na pagtingin sa pagpapamilya, at pagkalusaw ng proletaryong relasyon sa kasama. Nandyan din ang arogansya, hindi makatanggap ng puna, mga kaberdehan, kabastusan at iba pang kagaspangan lalu na sa pakikitungo sa masa. Nasira ang prestihiyo ng BHB dahil sa gangsterismo na lalong nagpabulok sa ideolohiya ng mga kasama.

Humina ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa pinsalang dulot ng maling linya kaya't naging mabuway at lumiit ito sa harap ng pananalasa ng "total war" ng rehimeng US-Aquino. Tumigil ang paglabas ng mga rebolusyonaryong pahayagan. Humupa ang mga aktibidad pangkultura sa kanayunan at kalunsuran. Mali at hindi umubra ang insureksyunistang panawagan ng hayag na pederasyong pangkultura sa Bisayas na mag-"*cultural stalemate*", na naglalayong tapatan ang mga pangkulturang programa at aktibidad ng mga institusyong pangkultura ng estado sa

kalagitnaan ng dekada 80. Sa Panay, humina hanggang sa nabuwag ang iba't ibang pormasyong pangkultura. Nagkaputol-putol ang mga ugnayan sa mga impluwensyadong organisasyon sa loob at labas ng isla. Nawala sa kilusan ang ilang kadre at aktibistang pangkultura dahil sa pesimismo at sinisismong dulot ng kaguluhan.

Noong 1992, inilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, at tinahak ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang masalimuot na proseso ng pagwawasto.


**1993-HANGGANG SA KASALUKUYAN: PAGKUMPLETO NG IDKP AT KUMPREHENSIBONG PAGSULONG**. Isang kilusang pang-edukasyon ang IDKP upang maitaas ang kamulatan ng Partido at buong rebolusyonaryong pwersa at masa. Napukaw ang determinasyon ng mga kasama na gampanan ang kampanya sa pagtipon ng mga Marxista-Leninista-Maoistang babasahin, pagbubuo ng aklatan, pagsasalin ng mga dokumento sa IDKP at iba pang araling pampartido at PADEPA at pag-aralan ang mga ito. Naging panawagan sa hanay ng kabataan at iba pang sektor ang pagbalik sa gawaing masa, tuloy-tuloy na pagpapanibagong hubog, pagtungo sa kanayunan at pagsapi sa BHB, at pagpapasigla ng gawaing pangkultura sa kanayunan at kalunsuran.

Mayaman ang laman ng mga likhang sining at panitikan bunga ng paglalim sa pag-unawa ng mga kasama sa rebolusyonaryong linya, sa mga aral na nahalaw sa karanasan kapiling ang masa, at maigting na pakikipagtunggali sa mga opurtunistang traydor. Ang mga likhang sining at panitikan ay tuwirang nagsilbi sa mga kampanyang inilunsad. Ang mga likha ay pumaksa sa mga pag-aaral at pagpapanibagong-hubog, wastong batayang aktitud, pagsapi sa BHB at tagumpay sa TO, atake sa RPA-ABB, kampanyang masa, pagbigo sa atake ng kaaway, parangal sa mga martir, dokumentasyon ng kasaysayan, pagsasanay pulitikal at militar, mga maiinit na isyu at pagbabago ng kalagayan at ang mabilis at lahatang-panig na pagsulong.

Kaagad na nakalikha ng bagong awiting **Muling Pagtibayin**, mga komposo sa matagumpay na TO, kampanyang masa, at iba pang tula. Nagpalabas din ng songbuk na naglalaman ng mga awit mula sa album ng **Pag-ibig sa Tinubuang Lupa** at dinagdagan ng mga awiting nalikha sa rehiyon. Muling lumabas ang **Daba-Daba** noong 1998. Nakapagpalabas din ng mga praymer sa mga isyung panlipunan at mga pahayag sa masmidya. May mga tula at maikling kwentong nailathala sa ***Ulos*** at **Muog**. Muling lumabas ang **Sublak** noong 2004. May iba pang mga antolohiyang ginawa ang mga platun ng BHB, katulad ng **Pabalon** at **Balatik** na lumabas noong 2005, at mga songbuk na inilabas sa ilang larangan.



Mas pinaunlad pa ang paggamit sa mga popular na porma tulad ng koral singing, poetry reading, sayaw at drama/teatro sa hanay ng hukbo sa mga platun assembly, internal propaganda ng mga pag-aaral, pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido at BHB na kasama ang masa at mga alyado, asembliya ng Ganap na Samahang Masa (GSM)




at mga pulong masa. Nagkaroon ng mga panibagong likhang *multimedia* na naglaman ng mga dokumentasyon ng mga aktibidad, TO at mga pahayag hinggil sa iba't ibang usapin at okasyon tulad ng **Panait ng Tumandok**, **Tubong-tubong sa Hunyo** at *audio-visual* na pahayag ng Partido sa Panay sa ika-37 anibersaryo. Ipinalaganap ang ilan sa mga likhang ito hindi lamang sa hanay ng hukbo at mga rebolusyunaryong masa kundi naipamahagi din ito hanggang sa mainstream media.

Lumaganap din ang mga awiting nasa album ng **Dakilang Hamon**, **Alab ng Digma**, **Anak ng Bayan** habang nagpapatuloy ang paglikha ng mga bagong komposo. Tampok naman sa sining biswal ang paggawa at pagpapadala ng mga *greeting card* sa iba't ibang okasyon, mga ilustrasyon na ginagamit sa mga rebolusyunaryong pahayagan at mga drowing na ginagamit bilang tulong-biswal sa mga pag-aaral ng mga kurso. Naidagdag din sa mga likha ang disenyo para sa prosesong *silkscreen* sa T-shirt at patses ng uniporme ng hukbo.

Nailunsad ang mga pagsasanay pangkultura sa mga kadre, opisyal, pulang mandirigma at aktibistang masa para makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa paggagap at pagpapatampok ng mga karanasan ng masa sa pormang popular, praktikal at epektibo. Nagagawa na ngayon ang kumbinasyon ng mga porma sa pagpakete ng programa sa pagtatanghal, gayundin ang paggawa ng produksyon na nagmamaksimisa ng iba't ibang mga porma at disiplina ng sining para sa iba't ibang gamit o layunin.

Sumigla rin ang demokratikong kilusan sa kalunsuran bunsod ng pagdadala ng wastong linya sa pagharap sa iba't-ibang isyu ng masa laban sa globalisasyon, pangangamkam ng lupa, militarisasyon at iba pa. Sa pagsigla ng mga kampanya, naabot ang maraming sektor at muling naugnayan ang mga manunulat at artista. Nakapagbuo ng mga hayag na grupong pangkultura sa hanay ng mga kabataang-estudyante, sa komunidad at sa anak ng mga kasama. Mula dito ay ibayo pang lumawak ang naabot ng pagsisikap ng mga manggagawang pangkultura na makabig ang iba pang propesyunal na mga manggagawang sining at namaksimisa ang ilang burgis na institusyon. Nag-ani ito ng mga gawa na nakakatagos pati sa malawak na arena ng tanghalan tulad ng mga dula, pelikula, album, art exhibit at iba pa. Nariyan na rin ang ilang pag-kritik ng mga kasama at akademya sa mga naturang likha.

Sa ngayo'y patuloy ang pagsisikap ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan na isulong ang gawaing pangkultura na nagsisilbi sa pangkalahatang paglulunsad ng pangkulturang rebolusyon. Pangunahin dito ang pagsusulong ng pambansa, syentipiko at pangmasang kultura na papalit sa umiiral na kulturang burgis, pyudal at kolonyal. Sa larangan ng sining at panitikan, sinisikap itong pagsilbihin sa iba't ibang rebolusyonaryong gawain. Ang paglalangkap ng iba't ibang pormang pansining sa mga gawaing edukasyon, propaganda, literasiya, militar, konsolidasyon sa hanay ng pwersa at masa ay paborableng kondisyon upang makatulong sa pagpapadulas ng mga gawaing ito at makatulong sa patuloy na paglikha ng mga obra. Mahalaga ring maarmasan ang mga kasama ng rebolusyonaryong panunuring masa upang patuloy na mapaunlad ang mga likha at kakayahang sumuri ng mga obra, rebolusyonaryo man o reaksyunaryo.

Bagamat marami na tayong nagawa at naging pagsisikap sa gawaing pangkultura, marami pa rin ang kailangang harapin at atupagin. Sa pagsusulong natin ng rebolusyon, kailangang patuloy pa nating paunlarin at isistematisa ang paggampan ng iba't ibang aspeto ng gawaing ito sa pamamagitan ng mahigpit na pamumuno dito at pagpwesto sa tamang lugar ng mga gawain at prayoridad. Ang tuloy-tuloy na pagpapalalim ng pag-unawa ng mga kasama sa halaga at potensyal nito ang magtitiyak na mapagsisilbi ito sa pangkalahatang gawain nating pagpapatatag ng baseng masa, paglulunsad ng rebolusyong agraryo at pagpapaigting ng armadong pakikibaka. Kasunod nito ay ang pagbubuo at pagpapatibay ng mga kaisahan at ng makinarya, programa o plano para sa pagsasakatuparan nito.

Sa hanay ng hukbo, kailangang patuloy ang pagsisikap na mailangkap ito sa pang-araw-araw na gawain ng platun. Kasabay nito ang patuloy na pag-aaral hinggil sa kultura at gawain sa sining at panitikan, paglulunsad ng mga pagsasanay sa kanilang hanay at pagkakaloob ng daluyan na mapasigla ang kanilang interes na magluwal ng mas marami pang likhang sining. Ang daluyan din na ito ang magbibigay tugon sa pagpapalaganap ng mga likha tulad ng mga pagtatanghal at iba pang pamamaraan. Kailangang mag-ambag ito sa higit pang pagpapasigla ng gawaing pampulitika at konsolidasyon ng hukbo at sa gawaing masa sa pangkalahatan at mula rito ay napapaunlad naman ang laman at porma ng mga likha.

Mahalagang mapagsilbi ang gawaing pangkultura sa pag-oorganisa natin sa masa sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga grupong pangkultura at pagbibigay ng mga pag-aaral at pagsasanay sa kultura. Patuloy ang pagsisikap na ipalaganap ang mga obra sa mga pag-aaral na ibinibigay sa kanila, sa mga propaganda, sa mga pulong masa at iba pa. Malaking tulong ito sa pagkakaisa ng masa upang labanan ang kaaway, sa kahandaan sa sakripisyo at pag-igting ng digma.

Ang pagsisikap natin na lalo pang paunlarin ang gawaing pangkultura upang tumugon sa mabilis at kumprehensibong pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ay sa esensya tungkulin sa pagpapalakas ng kapasyahan ng mga kasama at masa na maipagtagumpay ang digmang bayan. Sa pag-igting ng digma, pinaiigting naman ng estado ang desperadong ganting karahasan nito sa mamamayan. Sa gitna ng patuloy na kahirapan at pasismo ng rehimeng US-Arroyo sa sambayanan, higit ang pangangailangang imaksimisa ang mga likhang-sining upang tumulong para ihanda ang mga kasama at masa dito. Ito ay mangangahulugan ng pagpapahigpit ng tiwala nila sa tagumpay sa gitna ng mga kahirapan at sakripisyo; pagpapatibay ng pagkakaisa at kakayahang labanan ang atake ng kaaway; ng mas ibayo pang pagpapasigla ng ating gawaing masa na siyang mag-aani naman ng mas maramihang pagpapasampa sa hukbo at lahatang panig na pagsulong ng iba pang mga gawain. Ito ang magtitiyak ng ating kakayanan sa ibayong pagsulong ng rebolusyon sa mas mataas na antas.



# Parangal
## (Pasidungog)



ANG IPINAGMAMALAKI NATIN NGAYONG MGA TAGUMPAY sa loob ng tatlo't kalahating dekada ng pagsulong ay binuwisan ng buhay ng ating mga huwarang martir. Ang ilan sa kanila, dinisisyunan ng Partido sa isla na ipangalan sa iba't-ibang kumand ng NPA sa rehiyon at mga larangan dahil sa kanilang mga kontribusyon sa panahong  itinatatag pa lamang ang mga larangang gerilya sa Panay.

## Coronacion "Waling-waling" Chiva

Si Coronacion "Waling-waling" Chiva. Ang waling-waling ay isang magandang bulaklak, isang ligaw na orkidya sa kabundukan ng Panay. Ito ang dinalang rebolusyonaryong bansag ni Corning noong siya'y naging kumander ng huling platun na nanindigan para sa rebolusyon bago madurog ang HMB sa Panay noong dekada 50s.

Ito ang pangalan ngayon ng panrehiyong kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Panay bilang parangal kay Kumander Waling-waling. Simbolo ang waling-waling ng pagsulong at paglaganap ng digmang bayan sa malaking bahagi ng isla.

Mahabang kwento ang kasaysayan ng buhay ni Waling-waling at ng kanyang asawa na si Andres Togonon o Amang Ali na nagsasalamin ng ganap na paglilingkod sa rebolusyon at mamamayan at ang malalaking kontribusyon ng kanilang pamilya sa 70 taong nakaraan.

Ang pinakamalaking ambag nila ay ang pag-alay ng buong buhay sa rebolusyon Susi sila sa pagdudugtong ng pakikibaka ng mga makabayan at rebolusyonaryo ng naunang henerasyon laban sa mapanakop na dayuhan at mga lokal na mang-aapi at sa muling pagsulong ng armadong pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos.

Huwaran din kung paano nagtulungan ang mag-asawang Corning at Andres mula pa ng panahon ng lumang PKP at ng HMB, nang madakip sila at mabilanggo hanggang sa muling pagkatatag ng Partido at maitatag ang Hukbo sa Sentral Panay.

Nang sumapi si Corning sa HMB, si Andres na rin ang nagbinyag sa kanya ng kodang "Waling-waling." Pinunong pampulitika noon ng yunit ang kanyang asawa, habang naging kumander naman ng yunit si Waling-waling. Noong 1950's, matapos ang masaker sa Taroytoy, nadakip at nakulong ang mag-asawa.

Nang makalaya sila sa kulungan, nagpatuloy sila sa pag-organisa sa mga manggagawa sa Davao. Matapos ang ilang taon, umuwi sila sa Baranggay Alibunan, Calinog. Doon sila naugnayan ng unang yunit ng BHB na paunang nagpalaganap ng digmang bayan sa Panay noong 1971 Inalalayan nina Matandang Corning ang BHB habang sanggol pa sa pag-ugat sa ilaya ng Jalaud sa Calinog, Tapaz at Libacao at iniugnay din sila sa kanilang mga dating tauhan sa HMB. Iniambag pa nila sa Hukbo ang kanilang panganay na si Dax na namartir noong 1975 sa Aklan.

Nang pinaslang si Corning noong 1977 ng ahente ng militar na si Purok sa utos ng CenCom ng AFP sa Cebu, sumampang muli si Amang Ali sa Hukbong Bayan kasama ang kanyang mga anak. Naging matatag itong mandirigma kahit sa kanyang katandaan.

Hanggang ngayon, nananatiling buhay ang alala at iniambag sa rebolusyon ng mag-asawang Waling-Waling at Amang Ali sa mga naiwang anak, mga kasama at masa.

## NONITO "TATAY ED" AGUIRRE SR.

Si Nonito Aguirre Sr. o "Tatay Ed". Ang kanyang pangalan ang dinadala ng kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Silangang Larangan ng Panay.

Si Tatay Ed noon ay prinsipal ng Elizalde High School ng Central de Asucarera del Pilar sa Capiz. Dahil mabuti ang pagganap bilang prinsipal, kinuha siyang *personnel manager* ng nasabing sentral sa edad na higit kwarenta.

Sa panahon ding iyon nakontak siya ng mga aktibista at kasamang kamag-anak din niya noong maagang bahagi ng 1971. Panahon ito ng First Quarter Storm. At dahil malakas kay Tay Ed ang nasyunalismo at pagkondena sa pang-aapi at pagsasamantala ng malalaking asendero na nasaksihan niya sa kanilang lugar (pagpatay, paglatigo ng mga sakada, at iba pang pagpapahirap sa mga maralita), sumapi siya sa Makabayang Samahan ng mga Propesyunal o MasangProp. Naging opisyal siya ng MasangProp at kahit pa man may mataas siyang posisyon sa trabaho hindi siya nag-aalangang sumama sa mga rali at magwagayway ng bandilang pula sa bayan.

Naging kasapi ng Partido at mabuting kadre si Tatay Ed noong 1972. Pagdeklara ng batas militar, halos dalawa sa tatlong bahagi ng organisasyong Masang Prop ang nadakip. Nireyd naman ang bahay ni Tatay Ed, subalit nakaatras siya at tuluyan nang namundok.

Iniwanan ni Tay Ed ang mga opurtunidad at maginhawang pamumuhay kasama ng kanyang pamilya upang maglingkod sa masa at rebolusyon. Naging mabuti ang relasyon niya sa mga kasama at masa; sanay siyang makibagay sa iba't ibang tao at nakawiwili ang galing niyang magdala ng kwento. Sa mga komunidad, naging malapit siya sa mga bata, kaya tinatawag siyang Tatay Ed.

Noong 1973, naitatag ang iskwelahan sa literasiya sa hangganan ng Aklan-Capiz sa pagtugon sa pangangailangan ng masa at mga bata. Marami siyang naitulong dito lalo na sa paggawa ng kanta, tula at kurikulum na rebolusyonaryo ang nilalaman; nakatulong din siya sa paglulunsad ng *adult education* (edukasyon para sa may edad) para sa mga matatandang hindi natutong magsulat at magbasa. May mga nilikha rin siyang komposo na hanggang sa ngayon ay popular sa mga kasama at masa. Ilan sa komposisyon niya ay ang kantang **Ang Nasyon Pilipinas** at **Yari Kaming mga NPA.**

Nireyd ng kaaway sa pamumuno ng PC na si Porping Cataluna ang iskwelahan sa taon ding iyon. Hanggang ngayon, hindi makalimutan ng masa ang ginawa ni Tay Ed. Ang mga batang tinuruan nila sa iskwelahan ay siya na ngayong namumuno sa baryo bilang mga kagawad ng konseho sa baryo na aktibong lider ng mga organisasyong masa.

Sa pagpapatupad ng patakarang "magtanim ng kadre" naging bahagi siya ng Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) na umiikot sa hangganan ng Aklan at Capiz. Panahon din ito na batbat ng problema at atake ng kaaway ang yunit subalit naging aktibo si Tay Ed sa pagpopropaganda at pagpapaliwanag sa mga kasama ng wastong aktitud sa gutom, sakripisyo at iba pang mga kahirapan na dinaranas ng hukbo. Malaki ang naging papel niya sa pagtulong na mapatatag pa ang pasya ng mga kasama na magpatuloy sa kabila ng mga kahirapan.

Noong taong 1973, sa Libacao, Aklan, buong gabing nagmamartsa ang yunit nina Tay Ed mula sa paggampan ng gawaing masa sa baryo. Habang tumatawid

ang mga kasama sa ilog Aklan, sinalubong sila ng rumaragasa at umaalimbukad na baha. Nagkahiwa-hiwalay ang mga kasama dahil sa laking bahay na ulo ng bahang humampas sa kanila. Si Tay Ed ay naanod at nalunod.

Nang makita ang bangkay ni Tay Ed sa baryo Riviera (ilaod ng ilog), ibinalik ito sa kanyang pamilya. Nagdaos ng pulong parangal para sa kanya ang mga kasama at masa sa erya. Ipinaabot din sa kanyang pamilya ang binilin niyang paglagay ng "CPP-NPA" sa lapida ng kanyang nitso.

Huwaran siya sa pagpapanibagong-hubog ng sarili sa paglilingkod sa sambayanan. Masigasig siya sa pagpapataas ng moral ng mga kasama at walang maririnig na reklamo mula sa kanya sa usapin ng kahirapan. Naging inspirasyon si Tay Ed sa pagharap at pag-igpaw sa mga malalaking hamon sa panahong tinatatag pa lang ang kilusan. Ito'y sa kabila ng malaking oportunidad niya sa burgis na pamumuhay. Siya ay namuno sa pamamagitan ng halimbawa.

## Jose Percival "Ka Vencer" Estocada Jr.

Si Jose Percival Estocada, Jr. Ang pangalang kinikilala bilang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Sentral na Larangan ng Panay sa pagpaparangal kay Ka Vencer.

Bago pa maging hukbo, narekluta siya sa Kabataang Makabayan (KM) sa UP Diliman habang kumukuha siya ng kursong Geodetic Engineering. Gumampan siya nang gawain sa hanay ng mga manggagawa sa Maynila paglabas niya sa unibersidad. At noong 1976, nadeploy na siya sa Sentral Panay kung saan siya ay naging kasapi ng Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) ng BHB. Nang sumampa si Ka Vencer ay kasapi na siya ng Partido.

Bilang intelektwal, malaki ang naiambag niya sa pagbigay ng pag-aaral, panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri (PIPU) sa erya at sa pagbibigay ng oryentasyon sa mga pangmasang organisasyon. Mabilis siyang matuto sa masa at ang pagkamalapit niya dito at sa mga kasama ay naging malaking tulak sa kanyang pagpapanibagong hubog mula sa pagiging petiburges. Masasalamin ito kahit sa kanyang mga likhang sining.

Magaling sa paglikha ng tula, komposo at awit si Ka Vencer at naipon ito sa isang koleksyon, ang **War Poems from Panay** na inilathala noong 1980. Marami pa sa kanyang mga tula ang nalathala sa iba't ibang antolohiya. At ang kanyang mga komposisyon ay patuloy pa ring inaawit ng mga kasama hanggang sa ngayon. Kinilala siya na Servando Magbanua bilang makata at Andante Arador bilang kompositor ng mga awit.

Taong 1986, panahon ng huwad na Peace Talk, nang binaril at pinatay si Ka Vencer ng mga ahente ng militar sa Iloilo City, habang gumagampan ng gawain bilang tagapagsalita ng NDF-Panay at gumagabay sa Kawanihan sa Edukasyon at Kawanihan sa Propaganda ng rehiyon.

## Napoleon "Ka Badong" Tumagtang

Si Napoleon Tumagtang, o "Ka Badong" ang kasamang martir kung saan ipinangalan ang kumand ng BHB sa Timog Panay bilang pagbibigay parangal sa kanya.

S'ya ay tubong La Castellana, Negros Occidental, ang kanyang ama ay isang *headteacher* sa isang paaralan doon, habang ang kanyang ina naman ay may maliit na patahian. Nakaabot si Ka Badong sa kolehiyo sa Central Philippine University (CPU) sa Iloilo sa kursong Engineering.

Naging aktibista at kasapi ng tsapter ng Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK) sa La Carlota, Neg. Occ. Nagpatuloy ito hanggang 1970-'71 sa CPU. Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan noong 1974, sa kabundukan ng Lambunao-Janiuay at gumampan ng gawain sa pagpapalawak at pagkokonsolida ng erya.

Ilang matingkad na katangian ni Ka Badong bilang Pulang hukbo at kadre ng Partido ay ang pagiging tahimik ngunit nakikinig, mapagkaibigan, maalaga, mapagkumbaba, pagiging malapit sa mga kasama at masa, simpleng pamumuhay, masipag sa trabaho, masikhay na propagandista at nagkukusa kahit sa mga mahirap na trabaho. Isa siyang huwarang komunista.

Bilang namumuno, demokratiko siya sa pagpapatakbo ng mga pulong at mahigpit sa pagtitiyak ng pagkakaisa. At sa mga tunggalian, kalmado at maayos siyang maglutas. Matatag siya sa pagsunod at pagpapatupad ng disiplina ng BHB at Partido. Lahatang-panig na pulitikal-militar ang kanyang kakayanan na nagpahusay sa kanya bilang kinatawan ng Partido at opisyal pampulitika ng BHB.

Pinakamatingkad na kontribusyon ni Ka Badong ang pagtulong sa lahatang panig na pagtatatag ng larangang gerilya sa Timog Panay (Iloilo-Antique) mula distrito hanggang probinsya ang saklaw . Bahagi rito ang pagtulong sa pagtatayo ng hukbong bayan mula sa laking iskwad hanggang laking kumpanyang pwersa, mga breyktru sa taktikal na opensiba sa timog Panay mula ng ikalawang bahagi ng dekada '70, malawak na kilusang masa sa kanayunan at koordinadong hayag na kilusan sa kanayunan at sa kalunsuran.

Abril 1984 nang mamartir si Ka Badong sa isang ambus ng Philippine Army at CHDF sa Sitio Baklayan, Brgy Alfonso XII, Libacao, Aklan.

ILAN LANG SILA SA LIBU-LIBO PANG MARTIR NA HUMABI SA MAKULAY na kasaysayan ng pakikibaka sa Panay. Lahat sila'y patuloy nating pinaparangalan sa bawat pagharap natin sa mga kahirapan, sa bawat pagtatayo natin ng mga bagong organisasyong masa, sa paglunsad ng mga kampanya sa rebolusyong agraryo, sa bawat matagumpay na taktikal na opensiba. Sila ang inspirasyon sa pagsisikap natin ngayong muling magpalakas, magpakatatag at lahatang-panig na sumulong.

# Mula sa Puting Kalunsuran Patungo sa Pulang Kanayunan, Mula Dekada 1920 Hanggang Dekada 2000




MAHIGIT WALONG DEKADA NANG NAITANIM AT YUMABONG ANG proletaryadong rebolusyonaryong tradisyon sa isla ng Panay. Sa buhay ng tatlong proletaryadong namuno sa pakikibaka ng mamamayan sa kalunsuran at tumahak sa armadong pakikibaka sa kanayunan ay makikita ang pagsimula at paglaganap nito sa kalunsuran, kabayanan hanggang sa kanayunan ng isla.

## Kasamang Jose Ma. Nava

Aktibo na noong 1920's pa lang si Kasamang Jose Maria Nava sa kilusang reporma bilang manlilikha ng mga zarzuela at journalist-publisher. Siya ay editor ng mga pahayagang Espanyol at English, ang militanteng **La Prenza Libre** noong

1922. Pero nakita niya ang kaganapan ng kanyang buhay sa pag-alay nito sa uring manggagawa at manggagawang bukid noong namuno siya sa pagbubuo at pagpapayabong ng **Federacion Obrera Filipina** (FOF). Kahit mula sa maykayang angkan, naging konsehal siya ng lunsod ng Iloilo at maimpluwensyang lider obrero at pulitiko sa buong Kabisayaan at inilaan niya ang buong buhay sa pakikibaka ng uring manggagawa.

Ang maalab at militanteng pamumuno ni Ka Jose ay mainit na tinangkilik ng uring manggagawa sa tubuhan at transportasyon sa pantalan ng Iloilo-Negros, sa tren at trucking, mga asyenda at sentral ng Kabisayaan hanggang Leyte. Sa kasagsagan ng lakas ng FOF, umabot ito sa mga asyenda ng Hilagang Mindanao at Batangas. Nakapagmartsa at nakapagwelga ang sampung libo hanggang daanlibong manggagawa noong dekada 30 at 40 sa bandila ng FOF, na noo'y naimpluwensyahan na rin ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas. Napatid lang ang kilusang ito nang namundok bilang gerilya ng USAFFE si Ka Jose Maria Nava.

Ang linyang parliamentarismo at buntutismo ng mga Lava at Taruc sa Rehimeng US-Quezon ay nagkait ng magandang pagkakataong mapamunuan ng uring manggagawa ang armadong pakikibaka laban sa Hapon. Hindi nakarating ang HUKBALAHAP sa Panay at nasolo ng USAFFE at ng lihim na gobyerno sibil ni Confesor sa ilalim ng kolonyal na US Commonwealth ang pamumuno sa mamamayan sa pakikibakang kontra-Hapon.

Nabuong muli ang malakas at malawak na organisasyon ng manggagawa sa pamumuno ni Ka Jose Maria Nava noong mapatalsik ang mananakop na Hapon sa Panay. Pumaloob ang FOF sa mga Kaliwang pambansang sentro ng mga manggagawang tulad ng CLO. Sa lawak ng impluwensya ng kilusang ito, mismo ang mga pangunahing pulitiko sa bansa ay humingi ng boto kay Ka Jose. Napasama sa Demokratikong Alyansa ang grupo nina Ka Jose at nahalal siya bilang Konsehal ng Lunsod ng Iloilo.

Noong umarangkada ang insureksyonistang linya ng "dalawang taon sa Malacanang" ni Jose Lava sa huling bahagi ng 1940's, namundok ang maraming lider at tauhan ni Kasamang Jose, kasama ang kanyang anak na si Flavio, sa ilalim ng bandila ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan Regional Command VI (HMB RECO 6).

Ginawang katwiran ito ng Rehimeng US-Quirino upang wasakin ang militanteng organisasyon ng manggagawa sa pamumuno ni Ka Jose. Ipiniit siya at nilansag ang kilusang manggagawa sa pamumuno niya. Namatay man siyang nakapiit, itinagubilin niya sa kanyang huling testamento na ipagpatuloy ng salinlahi ang kilusan ng uring manggagawa para sa demokrasya. Mahigit dalawampung taon ang pakikibaka ni Ka Jose laban sa lokal at dayuhang manlulupig ng kanyang minahal na mamamayan at manggagawa.

## Kasamang Andres Tugunon

Magkalangkap ang malaking bahagi ng buhay at pakikibaka nina Ka Jose Maria Nava at Kasamang Andres Tugonon. Noong dekada 30, samantalang namumuno sa organisasyon at pakikibaka ng mga manggagawa si Ka Jose, aktibo

naman si Ka Andres sa pag-organisa ng mga magsasaka sa legal na National Peasant Union (Pambansang Kaisahan ni Magsasaka) sa Iloilo. Lumakas ang organisasyong ito sa daan-daang ektaryang lupain ng panginoong maylupa sa mga orden ng simbahan sa Dumanggas-Zarraga at sa Zulueta Estate.

Naging gerilya rin ng USAFFE si Ka Andres sa panahong sumuko na sa Hapon ang mga opisyal na Amerikano ng Panay at Corregidor. Dito napangasawa ni Ka Andres ang mabunying Coronacion Chiva na nakilala sa kalaunan sa pangalang Kumander Waling-waling.

Matapos makaambag sa pagpapatalsik sa mapanakop na Hapon sa Panay noong 1945, nagpatuloy si Ka Andres sa kilusang magsasaka. Nabuong muli at lumawak ang mga ligal na organisasyon nito, ang NPU (KPM) sa Iloilo at Capiz.

Nang mga huling taon ng dekada 40, sapilitang binuo ang 3 iskwadron ng HMB sa isla sa ilalim ng adbenturistang linya ni Jose Lava sa lumang PKP. Kinalburong nabuo ang iskwadron ng Iloilo mula sa pinaghalong matitinong organisadong magsasaka ng Zulueta Estate at mga bandidong tauhan ni Kulafu. Ang sandaan-kataong yunit na ito ay kumilos sa manipis na lambat ng suportang masa sa hangganan ng apat na probinsya ng Panay kung saan dating gumala ang USAFFE noong gyera laban sa Hapon.

Naging mabigat na pasanin ito para sa kamumulat pa lang na masa, lalo't hindi naman masinop ang pagmumulat at pag-organisa sa kanila, bagkus ay lumitaw pa nga ang kumandismo at militarismo sa ilang pagkakataon. Parang nasunugan ang masa sa pagkaubos ng kanilang mga pagkain at iba pang pangangailangan tuwing magbabad sa kanila ang mga iskwadron. Kaya't kahit napakaraming magsasaka at manggagawang handang lumaban sa mapang-aping sistema, hindi nakabwelo ang paglaki ng HMB, at hindi rin ito nakonsolida. Sa kalaunan, marami ang nagbabaan, sumuko o pumanig sa kaaway.

Sina Ka Andres at Kumander Waling-waling ay nagpursigi sa paglaban para sa bayan at uring anak-pawis hanggang sa pagkawasak ng HMB sa Panay. Si Ka Andres ay nakubkob at nadakip sa Taroytoy, Libacao, Aklan habang nagtuturo sa Stalin University para sa mga nangungunang kadre at kumander ng lumang PKP at HMB. Isa siya sa limang natirang buhay samantalang tatlumpu't anim na kadre ang nasawi nang mapasok ng mga tropa ng Battalion Combat Team ang himpilan nang magkunwari silang mga kasama rin sa tulong ni Pablito Hipana, isa sa mga mag-aaral na lihim na nakipagsabwatan sa kaaway. Si Waling-waling ay nadakip sa sumunod na kubkob sa Nalbugan, Bingawan, Iloilo, sa huling putok ng HMB sa Panay.

Natawid ng di matitinag na paninindigan nina Ka Andres at Kumander Waling-waling ang pinakamadilim na mga oras ng pagkalusaw ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay at dumugtong ito sa muling pagsigla ng kilusan sa huling bahagi ng dekada 60 hanggang unang bahagi ng dekada 70. Nang muling pumutok ang militanteng kilusan ng manggagawa, magsasaka at kabataang estudyante sa kalunsuran, lumitaw ang maraming mga kabataang nagbukas ng mga bagong sonang gerilya sa kanayunan.

Nakaugnay kina Ka Andres ang unang tim sa pagpapalawak sa Panay. Mabilis ang naging pagpalawak sa ilaya ng Ilog Jalaud sa Calinog, Iloilo dahil tumulong sina Ka Andres sa pag-ugnay ng BHB sa mga pamilya ng kanilang mga dating kasama sa HMB. Walang patid ang kanilang pagtulong sa kilusan sa kabila ng lagim ng Batas Militar. Sa kalaunan, mismo ang panganay nilang anak ay iniambag sa hukbong bayan.

Nang paslangin ng kaaway si Kumander Waling-waling noong Agosto, 1977, sumampa sa hukbong bayan ang buong pamilya ni Ka Andres upang ipagpatuloy ang armadong paglaban sa pasistang US-Marcos. Siyam na taon pang ibinuhos ng tumatandang Ka Andres ang kanyang lakas sa rebolusyonaryong gawain. Pinili siyang maging kagawad ng Kawanihan sa Instruksyon ng PKP sa Panay, malayo na sa pagiging guro ng Stalin University. Ngunit nasawi siya sa bisperas ng pagbagsak ng rehimen noong 1985 habang tumatawid sa ilog Jalaur sa Baryo Balod, Zarraga, lugar na dati niyang kinilusan noon sa pag-organisa ng PKM, habang tumutulong sa mga partisano ng BHB na nagpapalawak sa nasabing lugar.

Mahigit sisenta anyos na siya noon. Malayo na ang narating ng rebolusyonaryong kilusan, bumaon at kumapit na sa buong Panay ang mga ugat nito. Ilampung libong organisadong masa  na ang bumubuo sa mga larangan nito at ilandaan ang mandirigma ng hukbong bayan, ilang beses nang lumampas sa laki ng tatlong iskwadron ng HMB.

## Kasamang Mary Gene Dumaplin

Ang mga rebolusyonaryong turo ng mag-asawang Andres at Waling-waling ay lumaganap sa buong Panay hanggang sa kalunsuran. Sa mga huling taon ng buhay ni Ka Andres ay yumabong muli ang kilusan sa kalunsuran at mga sentrong bayan ng Panay. Sa pinakamalaking pagkilos, tatlong kolum ng tig-10,000 katao ang nagmartsa mula Janiuay, Leon at Miag-ao at yumanig sa Lunsod ng Iloilo. Tigsampung libo din ang nagdadagsaan sa Roxas city at Kalibo laban sa rehimeng Aquino. Ang isa sa mga bunga ng pagsiglang muli ng kilusang ito ay si Kasamang Mary Gene Dumaplin.

Kamamatay lang ni Ka Andres nang nagpasya si Ka Gene na maging buong-panahong aktibista sa kilusang kabataang estudyante sa UP Visayas. Isa siya sa daan-daang kabataang estudyante, mula pa noong muling itatag ang bagong PKP at BHB na humarap na sa hamon ng bawat henerasyon. Di pansinin, masipag at pusigidong organisador ng mga kabataan si Ka Gene.

Yumabong muli ang kilusan sa kalunsuran kasabay ng muling pagsigla ng rebolusyonaryong kilusan nang magwasto ito mula sa lihis na linya at makapangibabaw sa mga pananalanta ng mga tauhan ni Tabara. Noong ikalawang hati ng dekada 90, bumulwak ang kilusang protesta sa Panay laban sa rehimeng US-Ramos at Erap. Ilang libo ang nagmartsa at nagwelga sa kalunsuran at maraming kadre at aktibista mula rito ang tuluyan nang lumahok sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Isa na rito si Ka Gene. Mula sa sigla ng kilusang masa sa kalunsuran, pinili niyang tumulong sa pagpapalakas ng BHB na sa panahong iyon ay bumabawi pa lang sa pinsala ng panghahati ng mga kontras. Malugod siyang nagpatalaga sa Larangan sa Hilagang Panay at nag-aral muli sa masikhay na pag-organisa ng magsasaka. Ilang taon lang siya sa tahimik at pursigidong gawaing hukbo bago masawi sa isang kubkob sa bundok ng Sebaste, Antique.

Kinakatawan ni Ka Gene ang daan-daang mga aktibista sa kalunsuran na sumasampa sa hukbo hanggang ngayon: malinaw ang pananaw at determinasyon, tahimik pero may laman ang paggawa, masigla at malakas ang tuhod, handa sa pagtahak sa mahirap na landas at hitik sa pangako ng paglaya. Tulad niya ang marami pang kabataang nag-alay ng buhay mula pa noong mga naunang taon ng pagsibol ng kilusan. Kinailangan ang sakripisyo ng kanilang buhay sa murang gulang upang lumakas ang rebolusyonaryong kilusan na kanilang ipinaglaban.

SA NGAYON, TINATANGKA NG REHIMENG ARROYO AT MGA TAUHAN nito sa isla na supilin ang rebolusyonaryong kilusan. Ngunit kaharap nila ang mamamayan at armadong lakas nito kasabay ng malawak na kilusang masa sa kalunsuran. At ang rehimeng ito'y magiging isang panandaliang bagyo lamang na hindi iindain ng adobeng pader na ilang dekadang pinanday ng digmang bayan.

Malayo na ang narating ng kilusang tinahi ng buhay ng tatlong kasamang bayani mula sa kilusang manggagawa, kilusang magsasaka at kilusang kabataan-estudyante. Lumalakas ang hukbong nakapakat sa pagbubuo ng mga lakas-kumpanyang larangang gerilya. Sinlaki ng mga iskwadron ng HMB ngunit may ibayong lakas dahil sa pagkakaugat sa masang masiglang kalahok sa digmang bayan. Lumalawak dahil sa dagdag na bagong lakas mula sa kalunsuran at mga sentrong bayan na hawak ng kaaway. Ang mamamayan sa kanayunan at kalunsuran ay laging may lakas at handang humarap sa mga panunupil ng sunod-sunod na rehimen hanggang maipon nila ang lakas na magbabagsak ng naghaharing uri at magtatayo ng lipunang para sa mamamayan.






## Bag-ong Hangaway sang Banwa sa Panay

*kolektibo nga ginbalay*

1
Winahig mo ang matalom nga haras
Kag gintudag ang katalunan
Tinumba mo ang mga pakol kag hinagdong
Sa paggahit sang mga dalanon-
Tinabok mo ang Pan-ay
Linakad ang Taroytoy
Kag nagtabo sa naaminhan
Tinabok mo ang Jalaud
Kag bumutwa sa nabagatnan
Naglapad kag nagdaku sa nasidlangan


2
Sin-o ang magdumdom
Sang bitbit mo subong
Halin sa kaling, binangon
Tuka-toka, sulpak kag pugakhang
May armalayt, M79 kag M203 ka na subong
Malayo na ang imo natikang pasulong
Pagkatapos sang Ikaduha nga Dungganon
nga Kahublagan sa Pagpanadlong
Halin sa mga lapta nga tim kag iskwad
May pila ka platun ka na subong



3
Kaaway sa sahi naobligar sa pagkilala
Sang napundar naton nga gahum pangpulitika
Sa daganas sang kahublagang masa
Sa lupok sang Coronacion"Waling-Waling" Chiva Command
Upod ang Napoleon Tumagtang Command sa Nabagatnan,
Jose Percival Estocada Command sa Natung-anan
Jimmy Marfil Command sa Naaminhan
Kag Nonito Aguirre Command sa Nasidlangan-
Buhi nagalanog, indi mapunggan!

4
Halin sa ginalauman sang kaaway nga pagkatapos na
1953- sang lupok sang paghimakas sang HMB sa Nalbugan
1954- matapos ang masaker sang mga kadre kag hangaway
sa Taroytoy, Libacao, Aklan
Napaslawan sila- nagmartsa ang kasaysayan
1973- pusil sang NPA naglupok sa Guinhulacan…
Pila sa madumdaman lang-
1978-lupok sa Suba sang Aganan,
1983- Pagpapas sang hubon ni Sol Legaspi sa Aklan,
Reyd sa mga munispyo—ah,
Madamo pa nga iban
Tubtub sining ulihi nga panahon
2002-nadugmok ang RSOT Command sa Sibagwan
2004-nareyd ang munisipyo sang Tubungan!
2005-nagkalawasaag ang Scout Rangers sa Datagan!

5
Paborable ang sitwasyon subong
Sa pihak sang pagpasingki sang atake sang kaaway-
Ibagsak ang rehimeng GMA!
Magrekrut, magpadaku, magkonsolida
Ang platun dugang padamuon.
Magsulong sa Coy-size front!
Ini ang trangko nga kusog
Kag sa kaaway magaamat pudpod!



6
Paghulag nga platun aton kabisaron
Sa absoluto nga pagpamuno sang Partido
Ikaw ang pwersa nga pangunahon
Sa operasyunalisasyon sang mga plano
Pagkonsolida kag pagpalapad sang baseng masa-
Padamuon pa gid ang paglab-ot sa ila
Tubtub bug-os nga isla mahil-ob!

7
Kamot ka sang Partido sa katumanan
Sang pol-mil nga kampanya
Isulong ang agreb sa malapad nga sakop sa interes sang mangunguma
Amo man ang iban nga pagpahulag sa masa
Nga ginapatuman ang husto nga taktika sa alyansa
Padamuon ang mga LAM, KP, GP's
Madasig nga batakon ang lebel nila
Depensahan ang ganar sang baseng masa
Kag magpatubas sang linibo-libo nga aktibista
Binatalyon nga Lokal Milisya
Tumbahon ang kaaway sandig sa kapasidad ta
Sa paglunsar sang taktikal nga mga opensiba
Walay "hunter killer" nga makalusot
Kon husto nga mamobilisa ang masa!


8
Magsalig sa masa, magsandig sa ila
Sa linibo nga kusog, pukawon,
Organisahon kag pahulagon sila
Magtuon kita sa ila, sila ang tuburan sang kinaalam
Samtang ginalutos ang kaaway
Sa aton pagpalapad kag pagpabaskog
Sang pagpundar sang gahum pangpulitika

*Marso 29, 2005*
*(Ginpasundayag sa okasyon sang ika-36 anibersaryo nga NPA)*

## BAGONG HUKBONG BAYAN SA PANAY

*kolektibong binuo*
*salin*

1.
Hinabi mo ang matalim na *haras*
At sinuong ang kagubatan
Tinumba mo ang mga *pakol* at *hinagdong*
Sa paghawan ng mga landas—
Tinawid mo ang *Pan-ay*
Binagtas ang *Taroytoy*
At nagsalubong sa hilaga;
Tinawid mo ang *Jalaud*
At lumitaw sa katimugan
Lumawak at lumaki sa silangan.



2
Sino ang mag-aakala
Na bitbit mo ngayon
Mula sa kaling, itak,
*Tuka-toka*, sumpak at *pugakhang*
May armalayt, M79 at M203 ka na ngayon!
Malayo na ang iyong nahakbang pasulong
Pagkatapos ng Ikalawang Dakilang
Kilusang Pagwawasto
Mula sa mga kalat-kalat na tim at iskwad
May ilang platun ka na ngayon!

3
Kaaway sa uri napilitang kumilala
Ng naitatag nating kapangyarihang pampulitika
Sa agos ng kilusang masa
Sa putok ng Coronacion "Waling-Waling" Chiva Command
Kasama ang Napoleon Tumagtang Command sa Katimugan,
Jose Percival Estocada Command sa Kalagitnaan
Jimmy Marfil Command sa Hilaga
At Nonito Aguirre Command sa Silangan—
Buhay, umaalingawngaw, hindi mapigilan!

4
Mula sa inakala ng kaaway na katapusan na
1953- ng putok ng pakikibaka ng HMB sa Nalbugan
1954- matapos ang masaker ng mga kadre at hukbo
    sa Taroytoy, Libacao, Aklan
Nabigo sila—nagmartsa ang kasaysayan
1973- baril ng BHB pumutok sa Guinhulacan...
Ilan lang sa maaalala—
1978- Putok sa Ilog ng Aganan,
1984- Paglipol sa grupo ni Sol Legaspi sa Aklan,
Reyd sa mga munisipyo—ah,
Marami pang iba
Hanggang nitong huling panahon
2002- nawasak ang RSOT Command sa Sibagwan
2004- nareyd ang munisipyo ng Tubungan
2005-sumambulat ang mga Scout Rangers!

5
Paborable ang sitwasyon ngayon
Sa kabila ng pagpapaigting ng atake ng kaaway—
Ibagsak ang rehimeng GMA!
Magrekrut, magpalaki, magkonsolida!
Ang platun ibayong paramihin
Magsulong sa laking kumpanyang larangan!
Ito ang trangkong lakas
At sa kaaway unti-unting dudurog!

6
Pagkilos ng platun ating kabisahin
Sa absolutong pamumuno ng Partido
Ikaw ang pwersang pangunahin
Sa operasyunalisasyon ng mga plano
Pagkonsolida at pagpapalawak ng baseng masa—
Paramihin pa ang pag-abot sa kanila
Hanggang masaklaw ang buong isla!

7
Bisig ka ng Partido sa katuparan
Ng pol-mil na kampanya
Isulong ang agreb sa malapad na saklaw sa interes ng magsasaka
Gayon din ang ibang pagkilos ng masa
Na ipinatutupad ang wastong taktika sa alyansa
Paramihin ang mga GSM, Komite at Grupong Pang-organisa
Mabilis na iangat ang antas nila
Ipagtanggol ang tagumpay ng baseng masa
At mag-ani ng libu-libong aktibista
Bata-batalyon na Lokal na Milisya
Tumbahin ang kaaway batay sa kapasidad natin
Sa paglunsad ng mga taktikal na opensiba
Walang "hunter killer" na makalulusot
Kung wastong mamomobilisa ang masa!

8
Magtiwala sa masa, umasa sa kanila
Sa libu-libong lakas, sila'y pukawin,
Organisahin at pakilusin
Mag-aral tayo sa kanila, ang bukal ng kaalaman
Habang nililipol ang kaaway
Tayo'y lalawak at lalakas
Sa  kapangyarihang pampulitikang itinatatag!

*Marso 29, 2005*
*(Itinanghal sa okasyon ng ika-36 Anibersaryo ng BHB)*



## Pan-ay

*Silvia Madiaga*

Kung laging malinaw ang tubig ng Pan-ay
Kakapal ang madulas na lumot
Tilapia at karpa'y mabubusog
Sa asul na tubig na parang kumakaway
Sa bawat mangingisdang
Handang sumisid sa kailaliman

Kung laging malinaw ang tubig ng Pan-ay
Lilitaw ang mga bato
At hindi makakaraan ang mga balsa't *baroto*
Hindi maihahatid sa kabayanan
Ang palay, mais at iba pang kailangan
At magugutom ang mamamayan

Ngunit
Kung laging malabo ang tubig
Kung *lanab* at *manadlong* ang nagiging hilig
Guguho ang mga pampang at dalisdis
Mawawasak ang kaingin ng *bisaya* at mais
Masa'y mahihirapan, lilikas sa gilid
At kahit hukbong bayan ay hindi makatawid


Ang hukbong bayan ay di makakarating
Sa mga baryong may masang takdang pakilusin
Sa panggagamot, pag-aaral, pagtulong magtanim
Sakit sa katawa'y mas madalas makasiping
Maging plano sa labana'y iaangkop rin
Ibayong hirap ang haharapin

Ngunit
Hirap ay di lang sa baha nagbubuhat
Kundi sa proseso ng ating pagkamulat
Sa bawat oras at minutong sa digma'y sumasabak
Pipigain ang tiyaga, sigasig at tatag
Kung ang mga *tumanduk* sa pagkain ay salat
Sa kanilang katapata't tapang di naman tayo angat
At kasama nila'y papandayin tayong lahat
Kung ang pasista sa lipuna'y katunggali
Sa ating hanay ay gayun din ang sarili

Ngunit
Kung laging tunggalian at gasgasan
Ang magiging laman ng ating samahan
Problema'y magiging mabigat na pasan
At wari'y lumalayo ang patutunguhan
Kung hindi nanamnamin ang mumunting tagumpay
Ng masa sa ating pakikisalamuha
Kung walang pagbibigayan, kung walang pagkukusa
Kung walang tula't awit, ngiti at tawa
Ay hindi rin ako iibig
Sa iyo, kasama

Kaya't sa sinusuong nating ilog ng buhay
Sa agos ng pakikibakang ating binabaybay
Tiyaking may *hakol-hakol*, may malalim at mababaw
At hindi laging malinaw
Ang tubig ng Pan-ay.

*Setyembre 12, 2000*
*Tacayan, Tapaz, Capiz*



## Partido Komunista sang Pilipinas
*Ka Apa*

Ikaw ang giya, iwag sa kadulom
Syensya sang kinaalam imo ginaangkon
Praktika kag teorya mabudlay takson
Kaaway sa sahi, madali dugmukon.

Sa bilog nga kalibutan ikaw ginkilala
Sa imo pagpamuno sang makasahing gyera
Ngalan mo gintampalasan—binansagan terorista
”Buang-buang ka...” hambal sang imperyalista.

Huo, buang-buang ka, sa panulok nila
Kay lubos ang kahadlok nila
Kay yara ka nagapanggamot sa masang Pilipino
Sa bukid, sa patag kag kasyudaran
Gamit ang maso, garab, AK nga hinganiban!

*Abril 28, 2005*

## Partido Komunista ng Pilipinas
*salin*

Ikaw ang giya, tanglaw sa dilim
Syensya ng kaalaman ang iyong angkin
Praktika at teoryang mahirap sukatin
Kaaway sa uri, madaling wasakin.

Sa buong daigdig ika’y kinilala
Sa iyong pamumuno sa makauring gyera
Ngalan mo tinampalasan, binansagang terorista
”Loko-loko ka...” wika ng imperyalista.

”Oo, loko-loko ka sa tingin nila
Dahil ganap ang kanilang pangamba
Dahil nariyan kang nakaugat sa masa
Sa bundok, sa patag at kabisera
Gamit ang maso, karet, AK na sandata!

*Abril 28, 2005*



## Maso at Karet


*Ka Gyne*

Karet…
Tangan ka ng
Mga taong
Nabubuhay sa putik
Sa pagbubungkal
Ng lupa at patak ng pawis,
Ng mga aliping
Lumilikha ng
Yaman sa daigdig

Maso…
Tangan ka
Ng mga taong
Hitik sa lakas-paggawa
Na biktima
Ng pang-aapi't
Pagsasamantala
Ng mga taong
Ganid sa kayamanang
Iyong likha

Maso at karet…
Panginoon kang alipin
Na lumilikha
Ng kabang-yaman
Ng mundo
Makibaka!
Palayain ang
Uring inaalipin!

*2002*



## Awit ng Karet

*Silvia Madiaga*

Dinggin ang awit ng karet, ito ay awit ng buhay,
Himig ng busog na maya, nakayukong gintong uhay,
Ng mga kabang mataba't mga pinagpalang kamay
Na nagtanim ng pangarap sa bawat butil ng palay.

Ang kabuhayang biyaya ng tubigan at kaingin
Magmula sa kanayunan buong bansa'y nararating;
Kamay ng uring nagtanim kung magmamaramot mandin
Sa opisina't pabrika'y mayroon bang kakainin?

Ngunit ang awit ng karet ay awitin din ng hapis,
Isang dalit ng pagluha, paniniil at pasakit
Ng lupaing pinagyaman ngunit inagaw ng pilit;
Kapangyarihang inangkin ng panginoong limatik,

Ng mga yayat na paslit na ninakawan ng bukas,
Ang maysakit na sa hirap di malapatan ng lunas,
Mga kinubang balikat na habang buhay nagsikap;
Sa asyenda at lansangan muli't muling dinahas.

Bawat bukirin at dampa na walang-awang sinunog,
Bawat inang ginahasa, bawat inulilang musmos,
Bawat katawang dinurog ng tingga't bombang sumabog
Sa ala-ala ng uri ay dugo ang bumabalot.

Ang mga butil ng poot na hinasik nang tagtanim
Pang-aapi ang pataba sa lupaing inalipin
Ng panginoong maylupa't pinunong nagmamagaling;
Mahihinog sa paglao't paglaban ang aanihin.

Pagkat ang awit ng karet ay isang awit ng tapang
Ng mga Dagohoy, Malong, Matienzo't Gabriela Silang
At libo pang magbubukid na kahit walang pangala'y
Yumanig sa mga haring katutubo at dayuhan.

At ito'y awiting martsa ng bawat nilapastangang
Kaluluwa ng Mendiola,ng Culasi at ng Lupao;
Sa lambak at kabundukan kung saan may kaapihan
Magsasaka'y nakatindig at di lang karet ang tangan.

Hanggang ang talim ng karet ngayon na'y kumakapatid
Sa lakas at bagsik ng maso na panday ng anakpawis
Angkin ay lawak at lalim sa tanang nakikibigkis
At muling namumukadkad sa umaandanteng tinig.

Ang awit ng karet ngayo'y awit na ng pagbabangon
Ng pagtutuos sa utang ng ilanlibong kahapon;
Sa sigaw ng inalipi'y awit na dumadagundong:
Katarunga't kalayaan sa lahat habang panahon!



*Marso 1995, Capiz*



## KONSOLIDASYON

*Ka Johny*

Sa ubay sang Partido nga maalamon
Ang hanay sang Hukbo, palig-unon naton
Rebolusyong agraryo ang papagsikon
Tigreng atake sang GMA paslawon

Masa: tuburan, pader nga di mapukan
Hukbo: Anghel de la guardia sang katawhan
Ipakig-away interes sang kadam-an
Sa handum nga bulok nga sistema islan

Atubangon ta, salot nga kaimulon
Tatlo ka bukid, lubos ta nga tapanon
Mga pasista, isa-isa'ng papason
Sa basurahan sang kasaysayan sapwon

Kabudlayan kag trabaho tuwangan ta
Pat-ud magamag-an ang aton pagmartsa
Mag-anting magbasa kag mag-analisa
Maghatag lubad sa mga problema ta

Mga opisyal, mangin matinugahon
Konserbatismo isikway, magpasulong!
Mangin mapagsik, ang katamad dulaon
Pat-ud coy nga larangan malab-ot naton.

*Hulyo 2006*

## KONSOLIDASYON

*salin*

Sa gabay ng Partidong matalino
Ang hanay ng Hukbo'y patatagin natin
Rebolusyong agraryo ay pasiglahin
Tigreng atake ng GMA biguin

Masa: bukal, pader na 'di masisira
Hukbo: sa masa ay anghel de la guardia
Ipaglaban ang interes ng masa
Mithi'y palitan ang bulok na sistema

Karalitaang salot ating harapin
Tatlong bundok ay ganap nating patagin
Mga pasista'y isa-isang lipulin
Sa basurahan ng kasaysayan pulutin

Hirap, gawai'y haraping magkasama
Tiyak na gagaan ang ating pagmartsa
Matalas sa pagbasa't pag-analisa
Bigyang kalutasan ang mga problema

Ang mga opisyal, maging malikhain
Konserbatismo'y itakwil, sumulong!
Magpakasigasig, katamara'y pawiin
Tiyak, coy na larangan ay aabutin.

*Hulyo 2006*

# Duta'ng Ginapakig-awayan

*MayaMor*

Amon yani'ng duta, hinantal sang kabukiran
Dugo sang kabuhi, 'gailig sa kasubaan
'Galiad ang Pan-ay, Halaud sa nabagatnan
Taroytoy kag Aklan, dapit ayon sa aminhan
'Gatindog ang Baloy, ang pusod sang Natung-anan
May tinago'ng manggad, labing ginkahisaan
Para sa amon lang, tuos sining kadutaan.

Amon yani'ng duta, duta'ng ginpanginmatyan
Ini ang kabuhi, sang pilak indi matumbasan
Unod sang kaliwat, natahi sa kasaysayan
Tambok sining duta, tul-an sang katigulangan
Tagsok man sining budyak, saksi yana'ng awan-awan
Sumpa sang Kamandag, ang hilu ni Kamatayan
Kilat pa sa Angas, talibong ni Amag-iran
Ugong sang abangay, pa-huod sa kamatuoran.

Amon yani'ng duta, dutang ginpakig-awayan
Daragangang' Tumandok, inanak sang Kadatuan
Datu Humadapnon, Labawdunggon nga busalian
Pagkit sang maragtas, may rebelyon sang babailan
Tumandok sa bukid, sang balud gindingutan
Kasahi'ng mangunguma sang kabuhi ginbuhisan
Sa pagsulong namon sining *bag-ong kahublagan*.

Kaaway sa sahi, tuso, sakon tampalasan
Kadalok sa manggad, 'gasabwag sang kahalitan
Sinda sang bululakaw, lay-ab sa kagub-an
Dinaguob sang bomba, litik sang kabukiran
Siyaw sang ila mata, indi naton malimtan
Balatik sa langit, bakunawa'ng hakaban
Lahi'ng dumuluong, may ayam nga ginbuy-an
Kita ang ginatabog, nga walay kahilwayan!

Ah, linte sa langit, panindugan sang Nausan
Alimpuros sang buhawi, kalautan batuan
Kusog sang Halaud kag Pan-ay sa likuran
Isabod sa Aklan, ang suba sa naaminhan
Daganas sang baha sa kaaway magapukan
Halin sa minilyon nga tinulo sang ulan
Padayon ang makot sang banggianay ginagatungan!



Huwaaa! Hawa, palayo, kalahi ni Lagan-lagan
Ayam sang dumuluong nga sang manggad hakugan
Hawa kasahi ni Roosevelt, 'gaulon sa bulawan
Karab sang kalayo, indi gid ninyo mapunggan
Usbong sining dumot, baga sang sidlangan
Kami magabato kay wala man sang sandigan
Kamo ang lutuson, bangud di-makatarungan
Di kami magpalupig, indi tubtub san-o man!

*1995*

## Lupang Ipinaglalaban
*salin*

Amin yaring lupa, susun-susong kabundukan
Dugo ng buhay, na sa ilog umaapaw
*Pan-ay* umiiktad, *Halaud* sa katimugan
*Taroytoy* at Aklan, sa kahila-hilagahan
*Baloy* nakatindig, pusod ng Kalagitnaan
May tinagong yaman, pinagkainggit-inggitan
Para sa amin lang, tulos nitong kalupaan.

Amin yaring lupa, lupang ipinakipagpatayan
Ito ang buhay, ng pilak di matutumbasan
Laman nitong lahi, natahi sa kasaysayan
Pataba nitong lupa, buto ng kanunuan
Tulos nitong *budyak*, saksi'y iyang alangaang
Sumpa ng *Kamandag*, ang lason ni Kamatayan
Kidlat pa sa *Angas*, talibong ni Amag-iran
Ugong ng *abangay*, pag-ayon sa katotohanan.


Amin itong lupa, lupang ipinaglaban
*Daragangang* Tumandok, inanak ng Kadatuan
Datu *Humadapnon*, Labawdunggong kapangyarihan
Tumimo sa kasaysayan, may rebelyon ng babaylan
Tumandok sa bundok, ng patag pinagkaitan
Kauring magsasaka ng buhay pinagbuwisan
Sa pagsulong namin nitong *bagong kilusan*.

Kaaway sa uri, tuso, sakim, tampalasan
Gahaman sa yaman, hasik ay kapahamakan
*Sinda* ng bulalakaw, panglanta sa kagubatan
Dagundong ng bomba, *baak* ng kabundukan
Kislap ng kanilang mata, di natin malilimutan
*Balatik* sa langit, *bakunawang* gahaman
Ang lahing dayuhan, may asong pinakawalan
Tayo'y pinalalayas, inal'san ng kalayaan!

Ah, kidlat sa langit, paninindigan ng Nausan
Alimpuyo ng buhawi, kasamaan labanan
Lakas ng Halaud at Pan-ay sa likuran
Pagpulupot ng Aklan, ang ilog sa kahilagaan
Rumaragasang baha ibagsak ang kaaway
Nagmula sa milyon-milyong tulo ng ulan
Tuloy ang pagrikit na ginatungan ng tunggalian!

Huwaaa! Hawa, palayo, kalahi ni *Lagan-lagan*
Aso ng dayuhan na sa yaman ay gahaman
Hawa kauri ni *Roosevelt*, na sa ginto nakaunan
Alab ng apoy, di ninyo mapipigilan
Usbong nitong ngitngit, baga ng silangan
Kami'y lalaban dahil wala namang maasahan
Kayo ang durugin, dahil di-makatarungan
Di kami palulupig, hindi kailan pa man!

*1995*



## Binanog sang Kahilwayan

*Stanley Paglaya*

Halin sa kabungyudan kag kapisungan
Halin sa ubos kag sa tarakasan.
Gintingub kang isa ka katuyuan
Makita ang makaagum kadarag-an
Masadya nga binanog masaksihan,

Agong nga si Sungayan, si Butawan ukon Tumapak
Ang tunog kon sa kan-on daw sa karatak
Labi pa gid kon sud-an bisaya nga agak
Nagapanghabig nga indi magsipak
Indi makabaribad kundi nga magsapak.

Nagsadsad mga kahig sa salog nga tinagik
Mga alima nagabasal sunod sa patik
Botong nga ginatapakan nagalinagatik
Mga taghoy nag-usbong sa mga hutik
Ang malagnay nga hulag nangin maabtik.

Sige, Kaupod sunod sa siguro nga tikang
Dapay nga sa hangin waay nagakahuyang
Hulag dapat indi kabus ukon kulang
Tandai ang liso agud indi ka magtalang
Hay basi ikaw magsala sa pagpaniplang.

Mga mata, kaupod, sa panyo, sa panyo!
Pabay-i ang kanami kang bayo
Magsipat, pensar kag hulag isanto
Panilagi kag tun-i ang kada kibo
Indi magpadaog sa kapoy kag hapo.

Sa patik nga talda ang malagnay
Sa madasig nga truba indi magpahuway
Padayon sa pagkumpas bisan may kaalay
Ang binanog kang kahilwayan ‘gadaog sa pahutay!

*Central Front*
*Marso 2000*

# Binanog ng Kalayaan
*salin*

Mula sa kabundukan at kapatagan
Mula sa kailaliman hanggang kaitaasan.
Nagkakaisa sa nais makamtan
Makita ang kakamting tagumpay
Masayang *binanog* masaksihan,

*Agong* na si *Sungayan*, si *Butawan* o *Tumapak*
Ang tunog kung sa kanin parang *karatak*
Lalo pa kung ang ulam ay bisayang *agak*
Huwag humiwalay, ang panghihikayat
Hindi makatanggi, pilit na sasabak.

Sumasadsad na mga paa sa sahig na *tinagik*
Mga kamay *nagbabasal* sumusunod sa *patik*
Kawayang tinatapakan nangaglalagatik
Mula sa bulong papalakas ang tinig
Ang malumanay na kilos nagiging mabilis.

Sige, Kasama sundan ang tiyak na hakbang
Lawin na sa hangin ay di napapagal
Ang pagkilos ay hindi dapat magkulang
Tandaan ang pihit nang di ka maligaw
At baka magkamali ka sa panlilinlang.

Mga mata, kasama, sa panyo, sa panyo!
Huwag pansinin ang ganda ng baro
Magsipat, isip at kilos ay dapat wasto
Masdan at pag-aralan ang bawat kibo
Huwag magpapadaig sa pagod at hapo.

Sa patik na *talda* ay maging malumanay
Sa mabilis na *truba* huwag babagal-bagal
Patuloy sa pagkumpas kahit nangangalay
Ang *binanog* ng kalayaan nagwawagi sa
matagalan!

*Central Front*
*Marso 2000*



## Kahoy sang Paghimakas
*Rebo Iwag*

Ang katalunan kon aton nga sudlon
Didto makita kahoy nga labing mapag-on
Mataas, madamo sanga, dahon madabong
Kahoy sang paghimakas ini kon tawgon.

Sa dapya sang hangin 'gakulas ang dahon
Sa palamatin-an lanton nga tumalagsahon
Nagaagda sa kapispisan, mainabi-abihon
Sa mga nagapalapit, ini mainalagaron.

Ang kapispisan sa malawig nga pangluparon
Sa kahoy sang paghimakas sila ang nagahapon
Kag ila man dalangpan kon sila ang lagson
Sang mga sapat nga may malain nga taguipusuon.

Apang ining kahoy ginatinguhaan nga pukanon
Sang mabaskog nga bagyo ginapilit lukahon
Sanga 'gakalanggi sa hanot sang hanging' sagunson
Pero hugot ang pag-uyat sa duta, gani ini malig-on.

Sa pangmalawigan ining kahoy nagatugason
Bagyuhan, initan, sa gihapon manglambong
Kalipay sang kapispisan, kahoy madinalag-on
Angay sini, kapat-uran sa kadalag-an sang rebolusyon.

*Agosto 10, 1997*



## Puno ng Pakikibaka
*salin*

Kung ating pasukin ang kagubatan
Doon makikita punong napakatibay
Mataas, maraming sanga, malamba ang dahon
Puno ng pakikibaka ang kanyang ngalan.

Kumakaluskos ang dahon sa hanging umiihip
Sa pandinig ay isang katangi-tanging awit
Umaanyaya sa mga ibon na nagpapaakit
At mapagkandili sa mga nagsisilapit.

Paglipad ng malayo ng mga ibon
Sa puno ng pakikibaka sila’y humahapon
At kanila ring kanlungan kung sila’y usigin
Ng mga hayop na may masamang damdamin.

Ngunit nasabing kahoy ay sinisikap putulin
Ng malakas na bagyo’y pinipilit tumbahin
Sanga'y nababali sa hampas ng walang-hupang hangin
Ngunit mahigpit ang kapit sa lupa kaya't matatag pa rin.

Sa kalaunan ang puno'y mababag-asan
Yayabong pa rin bagyuhin man o initan
Mga ibo'y masayang puno'y matagumpay
Tulad ng tiyak na tagumpay ng himagsikan.

*Agosto 10, 1997*

# Farmers, Freedom Fighters

*Ka Borong*

Smoldering heat...
Scorched, sun-burnt skin
Of farmers working
Freedom fighters as they are

Emotions blazing...
Raging fire, thunderous voices
Of the oppressed and exploited
Carrying arms for liberation

Sweat and blood drenched the fertile soil
From the tired and aching bodies
Of proletariat in the crumpled-like mountains
Of Tapaz, Calinog, and Jamindan

Moving forward, across the steel barriers
Wounds are deep, piercing pain
But the masses reaches out
To help, heal the damaged

Cadres and red fighters
Feel the pains of losing comrades
But once more, we have to go on
Trudging, marching under the hot scorching sun.

*Setyembre 2004*



## Magsasaka, Hukbong Nagpapalaya
*salin*

Naglalagablab na init
Itim, sunog na balat
Ng mga nagtatrabahong magsasaka
At sila ay hukbong nagpapalaya

Nag-aalab ang mga damdamin...
Nagngangalit na apoy, dumadagundong na mga tinig
Ng mga inaapi't pinagsasamantalahan
Tangan ang mga armas para sa kalayaan

Pawis at dugo ang natigmak sa matabang lupa
Mula sa hapo at nananakit na mga katawan
Ng mga proletaryado sa tila lukot na mga bundok
Ng Tapaz, Calinog, at Jamindan

Sumusulong sa kabila ng mga bakal na harang
Malalim ang mga sugat, nanunuot ang kirot
Subalit ang masa ay inaabot ang kamay
Upang tumulong at lunasan ang mga napinsala

Mga kadre at pulang mandirigma
Dama ang sakit ng pagkawala ng mga kasama
Subalit muli, kailangang magpatuloy
Bumabagtas, nagmamartsa sa nakapapasong init ng araw.

*Setyembre 2004*

# Gabi

*Ka Soliman*

Sa pusikit na gabi
Ang mga huni ng mga kulisap
Ay ritmo sa ating pandinig
Nililikha ng kalikasang
Matagal nang kaanib
Ng hukbo...
Sa digmang bayan.

Tayo'y mga gerilya
Tunay na mandirigma
Taglay ang lakas
At bisig ng masa.

Nanlilimahid man
Sa putik
Katawang pagod,
Pinanday sa hirap,
Pag-ibig ay dalisay
Walang pag-aalinlangan
Sa liyab ng punglo
Sa talim ng kamulatan
Kakamtin ang sagot
Na sinusuyo ng pait
Nitong buhay
At tamis
Ng kamatayang alay
Sisibol ang itinadhanang
Paglaya.

*2004*



## Pagtinguha sa TO

*MayaMor*

Masanag bisan tunga'ng gab-i
Ang kahawaan kag sa aton kaugalingon
Nga nagamarka sang mga landing sa lupa
Nagamartsa kag nagaangtanay ang linya
Sa pat-ud nga mga distansya—
Indi naton malimtan
Ang nakoda nga mga mandu
Sa tunga sang ginalauman
Nga linukpanay sang armas
Kag sang nagadanog nga huni kag gahud
Sang treble kag bajo
Sa diin ginasautan sang mga kaaway
Mga balong kag wala sa ila kaugalingon
Madis-armahan sila
Ukon sug-alawon sang kamatayon
Karon nga gab-i.


*Mayo 2003*

## Pagsisikap sa TO

***salin***

Maliwanag kahit hatinggabi
Ang langit at ang ating sarili
Na nagmamarka ng mga landing sa lupa
Nagmamartsa at nag-uugnayan ang linya
Sa tiyak na mga distansya—
Huwag nating kalilimutan
Ang nakakodang mga mando
Sa gitna ng inaasahang
Putukan ng armas
At ng umaalingawngaw na tunog at ingay
Ng treble at bajo
Kung saan sinasayawan ng mga kaaway
Mga lasing at wala sa sarili
Madidis-armahan sila
O sasalubungin ng kamatayan
Ngayong gabi.

*Mayo 2003*



## Paghihintay na maging Hukbo

*Ka Manni*

Gusto ko na sanang sumuko
Naiinip na kasi sa mga paasa mo
Ngunit talagang desidido ako sa 'yo
Handang harapin mga pahirap at pagsubok

Hindi napansin ang paglipas ng panahon
Tumagal ang paghihintay ng limang taon
At ngayon natutuwa ilang buwan na lang
Tatanggapin mo na ako

Matagal ko nang gustong maging Hukbo
Mag-ambag ng kakayahan at talento
Upang maisulong ang armadong rebolusyon
At mapalaya ang bayang binusabos

Sa araw ng lubos na pagtanggap mo sa akin
Siguraduhin kong hindi masasayang
Ang tagal ng aking paghihintay
Maglilingkod sa iyo ng buong panahon at buhay

*Hunyo 2006*



## HITABO

*MayaMor*

ginbuksan niya
ang gupat nga pak
kinuha ang piniod nga plastik
ginbukad, ginhumlad,
kag liwat nga ginhumlad
ang mapila ka ginpilo
kag tumampad ang sinulatan nga papel
nga kinusipad sa nutbuk
ang nasulat—programa sang *SPL*
nga gin-utihan niya sa paglista
pila ka pilo nga ginpangabudlayan niya
sangsa pagkuris sang intelektwal...
gintamdan sang bilog nga kolektibo
sa petsa 24 pa ang ila pagtasa
apang kinahanglan marepaso
kay may dalagku nga pagbag-o...

sa sulod sining maligwin nga kamalig
mapagsik ang diskusyon
nagapasampok-kilay
tubtub nabilog ang mga tikang kag ubay...
kag liwat naman niya ginbuksan
ang gupat nga pak
kinuha ang plastik
madasig nga ginhumlad
ginputos ang papel nga programa,
mga kopya sang balasahon nga *AB*,
mga sulat para sa iban nga sanga
kay hapon na, sila ang malarga
pabalik sa ila baryo
nga subong ginateniran sang armi
nga nagapatuman sang R-S-O-T.

*Hunyo 2006*

## PANGYAYARI

*salin*

binuksan niya
ang lumang pak
kinuha ang tiniklop na plastik
binuksan, iniladlad,
at muling iniladlad
ang ilang beses tiniklop
at tumambad ang sinulatang papel
na pinilas sa notbuk
ang nakasulat — programa ng *SPL*
na pinagtiyagahan niya sa paglista
ilang beses na mas mahirap para sa kaniya
kaysa sa pagsulat ng intelektwal...
pinagsanggunian ng buong kolektibo
sa petsa 24 pa ang kanilang pagtatasa
ngunit kailangang marepaso
dahil may malalaking pagbabago...

sa loob nitong nakabukod na kubo
masigla ang diskusyon
tagisang-kilay
hanggang nabuo ang mga hakbang at gabay...
at muli naman niyang binuksan
ang lumang pak
kinuha ang plastik
masigla na niladlad
binalot ang papel na programa,
mga kopya ng babasahing *AB*,
mga sulat para sa ibang sangay
dahil hapon na, sila ay lalarga
pabalik sa kanilang baryo
na ngayon pinaghihimpilan ng armi
na nagpapatupad ng R-S-O-T.

*Hunyo 2006*



## Sa Buengan ni Buang*
*Candido Iban II*

ayos eon baea ra'ang suksok?
buko't matsa sanga ang itsura sa maong
ag asul na t-shirt?
tingnan abi kung huot o haeuga,
makaruyon matsa matsa maadto ka gid
sa buengan.

diyeste! sa may kaeo! sa wa't kaeo!
ilan sa iyong? sanggatos?
sige- larga! bira! hanuta!
baebaea it mayad!

bang! bang! bang!
wa't maduksoe, NPA ra!
kliningа basi may armas!
atras eon tayo.
syapol gid, igo gid ro target!
kadaeag-an it pumueuyo
mabuhay ang NPA!

*2002*



** Si Ramon "Buang" masupog na impormer na ginsilutan kamatayon ng NPA sa isa ka bulangan sa isa ka baryo ng Tubungan, Iloilo. Abril 25, 2002.*

## Sa Sabungan ni Buang*
*salin mula sa Akyanon*

ayos na ba itong suot?
hindi kaya parang sanga ang itsura sa maong
at asul na t-shirt?
tingnan nga kung masikip o maluwag,
ganyan parang pupunta ka talaga
sa sabungan.

diyeste! sa may sumbrero! sa walang sumbrero!
ilan sa iyo? isandaan?
sige- larga! bira! hataw!
banatan talaga!

bang! bang! bang!
walang lalapit, NPA ito!
kliningin baka may armas!
atras na tayo.
syapol talaga, natamaan talaga ang target!
tagumpay ng mamamayan
mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!

**Si Ramon "Buwang" ay palabang impormer na hinatulan ng kamatayan ng BHB sa isang sabungan sa isang baryo ng Tubungan, Iloilo. Abril 25, 2002.*

## MUKHA

*Silvia Madiaga*

Walang mukha ang kaba
Kahit nadaramang may mga mata
Na nagmamasid sa bawat puntahan ng paa
Dahil aktibista'y di dapat magpahalata.

Walang mukha ang hindik,
Sino ma'y nasa listahan ng paniktik:
Peryodista, kongresista, estudyante, relihiyoso,
Manggagawa, abugado, magsasaka, bote-dyaryo.

Walang mukha ang takot,
Ginaw lang na gumagapang sa gulugod,
Pawis sa talampakan, panghihina ng tuhod,
Dasal na sana'y di ngayong gabi ang pagdukot.

Walang mukha ang lagim.
Nakatago ito sa likod ng bonet na itim
Sa mga motorsiklong sumusunod
At baril na biglang pumuputok.

May mukha ang hinagpis
Sa mga ulilang tumatangis,
Sa mga bangkay na nang ibalik
Hinusgahan ng walang paglilitis.

May mukha ang pagpapasya
Sa mga nagpapatuloy ng pakikibaka
Sa eskwelahan, pabrika, hayag at lihim na gawa
Matatag na haharap sa mga banta.

May mukha ang pag-asa
Sa nagkakaisang magsasaka,
Sa mga mandirigmang nagkakantahan
Nagtatanim, nagtatambang.

May mukha ang poot,
Ng mga balat na sa araw ay sunog
Sa lansangan at nayon bubuhos
Sa mga hari makikipagtuos!

Sa di-malayong kabundukan
May mga bandilang nagwawagayway:
May mukha ang tagumpay

*19 August 2006*
*Roxas City*



## FROM SONGS FOR INNOH

*Maria Guerra*

Fiercely, the flowers of the revolution
bloom everywhere, bursting in crag-
stones and purple-edged mountains
where the southwestern wind sings
of the fiery epics of valor,
seeking its place in the hedgerows
of highways and blind alleys,
overflowing into squalor
of the squatters' hovels,
of picket lines, barricades,
APCs and men in snakeskin,
startling the cowering, cold-
sweating, nightmare-haunted enemy
behind their strongholds…

These flowers are brilliant,
throbbing with war-cries of freedom!

*1998*

## MULA SA MGA AWIT PARA KAY INNOH

*salin*

Masidhi, ang mga bulaklak ng rebolusyon
ay namumukadkad kahit saan, nagngangalit makalabas
kahit sa bitak ng bato at kulay ubeng sidsid ng kabundukan
kung saan umaawit ang hanging mula sa timog-kanluran
sa umaapoy na epiko ng kagitingan,
naghahanap ng lugar sa mga halamang-bakod
ng mga haywey at madilim na iskinita,
nag-uumapaw sa pagkaaba
ng mga barung-barong ng mga iskwater,
ng mga piketlayn, barikada,
APC at mga balat-ahas na kalalakihan,
Sinisindak ang mga nanginginig, pinagpapawisang
    mga kaaway na inuusig ng bangungot
sa likod ng kanilang mga kuta…

Itong maniningning na mga bulaklak,
pumipintig ng digmang sigaw ng kalayaan!



*1998*

## Pakig-unong
*Ka Soliman*

Katulad
Sang amon subong ginabatyag
Nagakahidlaw ang Pan-ay
Sa inyo mainit nga tinapak
Sa iya mga bato kag balas.
Nagakapung-aw ang mga pukatod
Nga makita liwat ang inyo bayhon
Kaupod ang nagamartsa nga hangaway
Samtang ginadapulay sang hangin
Nga nagapaalinton sa nagaabi-abi
Nga basal sang agong
Padulong sa nagakakunyag
Nagahulat nga masa.

Kamo man nagtaliwan
Wala kita napaslaw
Kuom ang kamot
Bug-os ang kaisog
Kita nga nagabangon
Upod sa sahing pigos
Buhi ang panaad
Sa dutang natawhan,
Ipadayon ang paghimakas
Para sa kahilwayan!

*Marso 13, 2003*

## Pakikiramay
*salin*

Tulad
Ng nadarama namin ngayon
Nasasabik ang Pan-ay
Sa inyong mainit na yapak
Sa kaniyang mga bato at buhangin.
Nangungulila ang mga tugatog
Na makitang muli ang inyong anyo
Kasama ang nagmamartsang hukbo
Habang hinahaplos ng hangin
Na naghahatid sa tumatanggap
Na kumpas ng agong
Papunta sa nagsasaya,
Naghihintay na masa.

Kayo man ay lumisan
Hindi tayo nabigo
Kuyom ang kamao
Ganap ang tapang
Tayong babangon
Kasama ng uring api
Buhay ang panata
Sa sinilangang lupa,
Ipagpatuloy ang pakikibaka
Para sa paglaya!

*Marso 13, 2003*



## Dungganon Ka

*(halad kay Ishmael Giganto ukon Ka Bob)*
*Ka Mai*

Kaupod, ikaw naghimakas
Sining dutang natawhan
Agud hawanan, marikot nga dalan
Gin-antus mo ang tanan
Malamig nga huyop sang hanging amihan
Subong man ang malamig nga dapya ang nabagatnan
Mabakod ka nga nagpanindugan
Sa prinsipyo nga imo ginkaptan.

Ikaw, kaupod, nagsakripisyo,
Banwa labaw sa tanan
Isa ang tinutuyo, masa alagaran
Kasubong sang bulawan
Ikaw wala nagalubad
Kag wala nagakalingkang
Sa madamo nga problema nga nasumalang…

Kaupod, kumander nga isganan
Kadre sang Partido, maisog ka nga nakigsumpong
Sa mga pasista kag berdugo nga sakon
Ang ginbilin mo nga banas
Amon ini padayon nga usuyon…

Kaupod, ang imo kamatayon,
Buhi sa amon tagipusuon
Dugo nga gin-ula sa suba sang Sibagwan
Ini ang nagabunyag sa malapad nga kabukiran…

Kaupod, baganihan ka sang tumandok
Baganihan ka sang mamumugon kag mangunguma
Baganihan ka namon
Baganihan ka sining rebolusyon!

*(ginbasa sa miting-pasidungog kay Ka Bob)*

## DAKILA KA

*(alay kay Ismaelito Giganto alyas Ka Bob)*
*salin*

Kasama, ika'y nakibaka
Dito sa lupang sinilangan
Upang hawanan, masukal na daan
Tiniis mo ang lahat
Malamig na ihip ng hanging amihan
Gayundin ang malamig na simoy ng katimugan
Matatag kang nanindigan
Sa prinsipyong iyong tinanganan.

Ikaw, kasama, nagsakripisyo,
Bayan higit sa lahat
Isa ang layunin, masa paglingkuran
Tulad ng ginto
Kinang mo'y hindi naglalaho
At hindi nayanig
Sa maraming problemang naharap…

Kasama, kumander na matapang
Kadre ng Partido, magiting kang lumaban
Sa mga pasista at berdugong sakim
Ang iniwan mong landas
Aming itutuloy at babaybayin…

Kasama, sa iyong kamatayan,
Buhay ka sa aming puso
Dugong ibinuhos sa ilog ng Sibagwan
Ito ang dumilig sa malawak na kabundukan…

Kasama, bayani ka ng tumandok
Bayani ka ng manggagawa at magsasaka
Bayani ka namin
Bayani ka nitong rebolusyon!

*(binasa sa pulong-parangal kay Ka Bob)*



# Pagbakho

*Maria Laya*

Sa tagsa ka pagtunod sang adlaw,
May mahipos nga balakhuon
Sa pusod sang kalinong
Sa taguangkan sang kagab-ihon
Ginabakho ko ang balakhuon sang amay
Nga nadulaan sang iya kinagot,
Ginabakho ko ang balakhuon sang iloy
Nga wala nasaksihan ang pagpamukadkad
Sang hardin nga iya ginsab-og
Ginabakho ko ang balakhuon sang isa ka ulay
Nga nagbatiti sang lapsag sa iya painu-ino;
Ginabakho ko ang balakhuon sang isa ka utod
Nga nahamulag sa iya manghod—
Nagaluha ako sang luha sang isa ka nagahigugma
Nga nabuyo na sa kahidlaw;
Nagaluha ako sa bugal sang akon sahi
Sa pagpatumbaya sang gindakuan ko nga sistema.

Nasubuan ako sa tagsa ka paghalok
Sang kadulom sang duta
Bangud madumduman ko ang
Kadulom nga pilit sang mga sakon
Luputan sang madamo nga pa nga mga kinagot,
Utod kag mga hinigugma—
Nangin presohan nila ang paraiso sang
Mga hari kag reyna!

Nagabakhu ako subong—
Apang pamunpunon ko ang akon mga luha
Kag ibaylo sa nagaindakal nga kaakig
Pandayon ko ang impyerno para sa mga sakon kag nagapigos—
Maabot ang adlaw nga ang tanan nga nagaluha
Maalsa kag mahilway!



*Enero 5, 2005*

## PANANANGIS
*salin*

Sa tuwing paglubog ng araw,
May impit na panaghoy
Sa pusod ng katahimikan
Sa sinapupunan ng gabi
Isinisigaw ko ang panaghoy ng amang
Nawalan ng kanyang bunso,
Itinatangis ko ang panaghoy ng inang
Hindi nakasaksi sa pamumukadkad
Ng harding kanyang itinanim

Itinatangis ko ang panaghoy ng isang birheng
Nag-aaruga ng sanggol sa kanyang isipan;
Itinatangis ko ang panaghoy ng isang
Nawalay sa kanyang kapatid—
Lumuluha ako ng luha ng isang nagmamahal
Na nalulong sa pananabik;
Lumuluha ako sa arogansya ng aking uri
Sa pagpapabaya ng namulatan kong sistema.

Nalulungkot ako sa tuwing paghalik
Ng dilim sa lupa
Dahil naaalala ko ang
Dilim na pinilit ng mga sakim
Na paglugmukan ng marami pang mga bunso,
Kapatid at mga minamahal—
Naging piitan nila ang paraiso ng
Mga hari at reyna!

Nananangis ako ngayon—
Ngunit titipunin ko ang aking mga luha
At ipagpapalit sa kumukulong galit
Papandayin ko ang impyerno para sa mga sakim at mang-aapi—
Darating ang araw na ang lahat ng lumuluha
Ay aalsa at lalaya!

*Enero 5, 2005*

# The Hour of Gathering

*Maria Guerra*

One can get used to the orchestra of crickets that signaled the hour for gathering. We gathered on the floor, around the *kingki*, to share the sweet red rice and dried fish drowning in *sinamak*. The talk found its centre in the day's work: the number of peanut-filled sacks Noynoy had gathered from the nearby peanut farm, or if Nanay had traded her vegetable produce for *lab-as*, and how Tatay chased the largest, wildest pig one ever saw, the one which had eluded him and the dogs for several months now.

Later as we collected the used plates, night came in rustling feet and the sight of the sleeping children reminded us of our own backaches. We, the other children who have finally come home to a barrio of betel-chewing women and old men waiting through their summed-up years of suffering and sorrow.

Tired old faces suffused with kingki-light, this particular mother and father would never refused our coming for the night. Even as the night-air crackled with remembered sons and daughter, the best of them, falling in a burst of gunfire. Tell us, they prompted us, tell us quickly, how was your day?

Today was especially tiring, we told them, for we have to keep away from the clearings and the familiar pathways. But the treacherous, twisting and slippery stones of the yawning river offered no great hindrance when one was hurrying down to where one's lifeblood was: in the fields where they were harvesting the onions and the peanuts, or in some cousin's backyard hacking bamboos apart for a newly-wed's nipa hut, or in the riverlets where they washed the laundry and took their baths.

Nanay and Tatay smiled approval, and we sat back and drew strength from that smile of love ringed by a faint of shadow of worry.

After a while, night turned colder still as sleep hovered around our tired old-young bodies and Nanay, seeing our insignificant deprivation showed to the spread buri banig and the sweet-smelling blankets.

The last kingki was now put out and night sighed at last, settling down to cloak this ravaged land and its children's woes and heartaches and worries of tomorrow with momentary blessed rest.

In the distance, the fevered barking began.

*April 1993*



# Ang Sandali ng Pagtitipon
*Salin*

Nakakawiling dinggin ang orkestra ng mga kuliglig na hudyat ng sandali upang magtipon. Nag-ipon kami sa sahig, paikot sa *kingki* upang pagsaluhan ang malinamnam na kaning pula at daing na isdang babad sa *sinamak*. Uminog ang usapan sa mga gawain ng araw na iyon: ilang sako ng mani ang napuno ni Noynoy mula sa kalapit na taniman ng mani, o kung naipagpalit ni Nanay ang kanyang mga gulay sa *lab-as*, at paano hinagad ni Tatay ang pinakamalaki, pinakamailap na baboy na makikita, iyong ilang buwan nang nakakaiwas sa kanya at sa kanyang mga aso.

Bandang huli, habang nililigpit namin ang pinagkainan, lumatag ang gabi kasama ang kaluskos ng mga paa at ang pagkakita sa nahihimbing na mga bata ay nagpapaalala ng nananakit na mga likod. Kami, ang ibang anak na sa wakas ay nakarating din sa isang baryo ng mga kababaihang nag-iikmo at matatandang lalaking naghihintay ng panahon kasama ang kanilang nilagom na mga taon ng pagdurusa at dalamhati.

Mga mukhang bakas ang pagod at tanda sa tanglaw ng kingki, ang ina at amang ito ay di kailanman tatanggi sa aming panunuluyan sa gabi. Kahit man ang simoy ng gabi ay lumagitnit sa alaala ng pinakamahuhusay na anak na bumagsak sa sunod sunod na putok ng mga baril. Sabihin niyo, udyok nila, sabihin niyo dali, kumusta ang araw ninyo?

Ang araw na ito'y sadyang nakakapagod, sabi namin, dahil kailangang umiwas sa mga kaingin at karaniwang daanan. Subalit walang malaking balakid na ibinibigay ang mapanlinlang, paliko-liko at madudulas na mga bato at malaking ilog kapag ang isa'y mabilis na pababa sa kanyang dugong kailangan para mabuhay: sa parang kung saan nag-aani ng mga sibuyas at mani, o sa likod-bahay ng isang pinsang nagtatagpas ng mga kawayan para sa kubo ng isang bagong- kasal, o sa mga ilug-ilugan kung saan sila naglalaba at naliligo.

Ngumiti ng pagsang-ayon sina Nanay at Tatay, at kami'y paupong sumandal at humugot ng lakas sa ngiting iyon ng pagmamahal na binalutan ng bahagyang anino ng pagkabahala. Matapos ang ilang sandali, higit na humamig ang gabi habang sumasagi ang antok sa aming matandang- batang katawan at si Nanay na nakapansin nitong di naman ganoon kalaking kawalan ay itinuro ang nakalatag na banig- buri at ang mababangong kumot.

Naglaho na ang liwanag ng huling kingki at ang gabi'y humaging na din, pumanatag upang ikubli ng ipinagkaloob na sandaling pamamahinga ng lupang pininsala at ang lungkot, dalamhati at pagkabahala ng mga anak.

Sa di kalayuan, nabasag ang katahimikan ng nakakabalisang tahulan.

*Abril 1993*

## KA LIK-AY
*Ka Alex*

You are the picture of my name
Vibrant beauty that defies frailness
A captive not of convention
Rising above the throng.

You are the gift to my womanhood
A new life out of my womb
Continuing the glorious story
Of mother and child in the revolution.

*2000*

## KA LIK-AY
*salin*

Larawan ka ng aking pangalan
Mataginting na kagandahan na suway ang kahinaan
Malaya sa kalakaran
Namumukod tangi sa kalakhan

Handog  ka ng aking pagiging babae
Isang bagong buhay mula sa aking sinapupunan
Sa nagpapatuloy na dakilang kwento
Ng ina at anak sa rebolusyon

*2000*






# Isang Gabi sa Buhay nina Amang Andres at Waling - waling

*Kasamang Bagong Andres*

APAT NA NILALANG, PAWANG MABIBIGAT ANG MGA HAKBANG, may pag-aatubili pero patuloy ang paglapit sa isang bahay. Malalim na ang gabi, ilang oras din ang ginawa nilang pagbagtas sa mga gulod at dalisdis, kaparangan at kawayanan, paglusong sa tubig ng sapa at putik ng palayan.

Ito marahil ang pakay na bahay na tutuluyan. Diretso na kasi ang paglapit, di tulad kanina na tila iniiwasan pa. Maaaninag ang ilaw ng gasera sa loob. Biglang bumukas ang pinto.

“Natagalan kayo, mga Kapatid, Mahabang panahon namin kayong hinintay, salubong ni Corning.

Namutawi ito sa bibig ng isang payat, mababa at may edad na babaeng nakatayo sa pintuan ng kanilang bahay. Ngunit hindi maipagkakamali na ang boses ay sanay sa pagmando na sinusunod, ang mga papalapit na hakbang ay tiyak ang pakay. Sa likod niya, ang kasamang lalaki, kontentong bumubuga ng usok ng sigarilyo. Tahimik, maliban sa mailap at alertong mga mata, ang postura ay sa isang karaniwang magsasaka.



Inanyayahan silang pumasok sa bahay ng mag-asawa matapos magkamayan. Tinanggal ang mga pack na sako sa kanilang mga likod at dali-daling umupo, habol pa ang hininga.

Isang taon pa lang silang nakalabas sa kolehiyo at pinaorganisa na sa maralitang lunsod. Narito naman sila ngayon, bilang mga bagong hukbong bayan, inatasan sila na kumbinsihin si Kumander Waling-waling ng Alibunan para tumulong sa pagbukas ng ilaya ng Calinog at Tapaz para sa rebolusyon.

Nag-aagawan ang pagkahapo at pagod sa hapdi ng mga paang hinila na lamang sa mga tinik at makahiya sa mga masusukal na landas mula Malitbog. Ngunit parang napawi itong lahat nang alukin sila ng tig-isang *ball* na barakong kape. Nakompleto ang kanilang araw nang hainan pa sila ng isang *kararaw* ng nilagang saba kasabay ng mainit na pagtanggap at pagkalinga sa kanila sa bahay ng mag-asawa.

Tagos sa usok ng *hinaharuthot* nilang kape ang pagkakatinginan sina Djibid, Val at Binggo. Kanina pa sila nagtataka kung paano nalaman ng matanda ang kanilang pagdating sa gabing iyon. Lalo pa silang nagtaka sa pagpaparamdam ng matanda na matagal na nitong alam ang kanilang pakay. Kanina lang naman sila nagkita ni Amang Bantiling, ang naghatid sa kanila papunta kay Corning.

Parang nabasa ng matanda sa kanilang mga mukha ang pagtataka nilang mga bagong salta.  Pinalagay ni Corning ang kanilang loob sa pamamagitan ng pagpapaliwanag: Narinig na ng mag-asawa sa mga radyo ang pagbangon muli ng kilusan sa pagprotesta sa pandaraya ni Marcos sa reeleksyon, pagkondena sa pagsuporta ni Marcos sa gyera ng kano laban sa Vietnam, sa pagdemanda ng mga sakada ng dagdag na sahod sa asyenda sa Negros. Narinig din nila na nakaenkwentro na naman ng mga hukbong bayan ang PC-BSDU sa Tarlac, Negros at Capiz.

Wala na silang karagdagan pang sinabi. Tila kidlat ang bilis ng pagkaunawa ng bawat isa – matanda at kabataan. Mulat pa rin ang dalawang beterano, maalab pa rin ang rebolusyon sa kanilang dugo. Pinatatag ng mga dekada, balewala ang patlang na dalawampung taon. Gabi-gabi palang naghihintay ang mga matanda sa ”muling pagbangon.”

Sa bahagi ng mga kabataan, ilang sako pa ng bigas  ang kanilang kakainin bago mapantayan ang karanasan ng dalawa. Ngunit tangan na ng kanilang henerasyon  ang responsibilidad ng pagpapatuloy ng rebolusyon. Mag-ipon ng lakas at kalyo, makipaglaban at magpagaling ng sugat.

“Pahinga muna kayo, mga kapatid. Bukas, simulan na natin.” ani Fernandito, ang asawa. Dito, sa simpleng pagsara ng usapan, nagdugtong ang maganit sa banat na lubid.

Napansin ni Corning ang M2 carbin ni Ka Val. Naiwan ito sa bangko nang tumayo siya patungo sa tutulugan nilang tatlo. Inabot ito at hinawakan  upang maibigay sa mga pumasok. Ngunit hindi niya napigilan ang sarili, awtomatiko at bihasang inalis ang safety, ikinasa ang bolt sabay salo ng balang load, sinilip ang butas ng barrel para tingnan kung malinis.

Naglaho ang 20 taon at muli, siya’y si Kumander Waling-waling, platun lider ng huling yunit ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan o HMB sa Panay sa Nalbugan.  Naubos na noon ang kalakhang pwersa ng HMB bunga ng adbenturistang pagmamadali sa pag-agaw ng poder.

Habang sinisiyasat din niya noon ang mga armas ng mga tapat pa niyang tauhan, nanggulat ang magaspang na sigaw ”Iyay, surender na lang at mauubos din lang kayo!” Pamangkin niyang PC ang sumisigaw. Kasama sa 80 sundalo ng Expeditionary Force ng Philippine Army, nagmamaniobra sila sa pagkubkob sa 18 kataong pwersa ng HMB.

Sinunggaban ni Kumander Waling-waling ang kanyang M2 carbine kasabay sa pagmaniobra sa paglaban. Pumusisyon din ang dalawang iskwad ng platun batay sa isinenyas niya sa kanila sa pagdepensa. Tiim-bagang sa paghandang magmando sa pagpaputok, sumulyap siya sa kanyang ikalawang platun lider.

Ganap ang pagtitiwala ni Waling-waling na dadamayan siya hanggang sa katapusan ng kanyang tauhan lalo na ng kanyang bise. Magkasama sila nito mula pa ng una nilang ambus sa mga tropa ng Hapon sa bundok ng Dila-dila. Ngunit nabasa niya sa mga mata ng kanyang bise ang pagtatanong: May kabuluhan pa ba ang paglaban? Naunawaan agad nilang ito na ang huli nilang armadong pakikipaglaban, ano pa man ang mangyari.

Nagmando siya, sa una at huli ring pagkakataon, ng pagbaba ng armas ng kanyang mga tauhan. Sa buong buhay niya bilang gerilya, noon pa lang siya lumuha, nang isuko niya sa kaaway ang kanyang M2. Hindi niya matanggap-tanggap ang katotohanang tanda iyon ng katapusan ng armadong pakikibaka ng luma at lihis na Partido sa Panay.

Tila naalimpungatan siya nang marinig niya si Val na hinihingi ang M2 na mahigpit niyang hawak. "Huwag na huwag hihiwalay sa iyong baril!" mahigpit na mando ang ipinaabot niya sa isa, dala ang malakas na pagtulak ng baril sa mga kamay ni Val. Nagulat si Val sa akala niya'y pasaway na tono ng matandang Kumander sa kanyang pag-iwan ng baril kung saan-saan. Hindi niya nakuha na ang parang mahigpit na mando ay ang una at pinakaimportanteng aral sa mapait na karanasan mismo ni Waling-waling.

Tahimik na pailing-iling lang na nagmamasid sa eksenang ito si matandang Fernandito. Sa isip lang niya mas maswerte itong mga huling tubong rebolusyonaryo. Dahil sya'y dumaan muna sa apat na taong pag-oorganisa sa isang ligal na organisasyong magsasaka bago siya nakatangan ng baril. Sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ninais niyang magkaarmas at lumaban. Hindi nasaklaw ng HUKBALAHAP ang Panay kayat sa USAFFE na lang sya sumapi. Nagsisuko man ang mga sundalong Kano, nagpatuloy sya at iba pang Filipino sa paglaban.

Tinago lang niya ang kanyang isyung baril pagkatapos ng gyera. Nasubukan niyang muling humawak ng baril bilang gerilya nang tumugon siya sa panawagang "Dalawang Taon sa Malacañang na!" ni Jose Lava ng lumang Partido Komunista sa huling bahagi ng 1940's.

Binansagan na siyang Kapatid Andres at Bernard noon. Naging instruktor sya ng Marxismo at Leninismo sa mga kinalburong kadre at kumander sa itinatag na Stalin University sa kagubatan ng Taroytoy, Libacao, Aklan.

Doon niya nabitiwan ang kanyang baril nang makubkob ang kanilang pag-aaral. Nadakip siya at napiit sa Bilibid ng sampung taon kasama ni Corning. Masuwerte itong mga kabataan at nakalimot lang sa baril dahil hindi pa nasanay na ituring ito bilang "asawang" magliligtas sa kanilang buhay at magtatanggol sa bayan.

Pagpasok ni Val naghawak-kamay ang mag-asawang Andres at Corning patungo sa kwarto ng mga bata. Ugali na nila mula nang nagpahinga sila na daanan ang mga kabataan bago matulog. Walang ayos ang pagkakahiga ng mahihimbing na bata sa malapad na banig sa sahig.

Sabay silang bumuntunghininga. Natanto nila ang mangyayari kung muling titindi muli ang labanan ng papalakas na rebolusyon at gyera ng estado laban dito. Nadaanan na nila ito nang wala pa silang mga anak. Nakadama sila ng kaba tulad ng pagkabalisa bago mag-umpisa ang isang labanan.

Matagal na silang hindi nakadama ng ganitong pagkasabik. Mahaba ang 20 taong patlang ng huli nilang pakikibaka. Parang itinaboy sila sa disyerto ng walang patutunguhang kabuhayan, ng manatiling buhay sa gitna ng karalitaan, sa pangangalawang ng kanilang isipan at damdamin. Nalibing sila sa pagbubulag-bulagan sa kanilang nakikita at pagpapakabingi sa anumang marinig sa sementeryo ng mga buhay.

Sabay silang tumitig sa kanilang panganay na si Ed. Husto na ang gulang ng anak, nasa kasiglahan. "Natatandaan mo pa ba ng isinilang si Toto?" tanong ni Corning kay Andres. Inakbayan ni Andres si Corning. Inilagay din ni Corning ang kamay sa baywang ni Andres.

Sabay nilang ginunita ang panahon sa loob ng bilibid nang manganak si Corning kay Ed. Mabilis ang pitlag ng dibdib, lubos ang saya ng dalawa sa bagong henerasyon ng Tugunon at Chiva, ng maliwanag na kinabukasang kanilang lilikhain para sa panganay.

Napansin nilang ganito din ngayon, sa unang oras ng bagong araw, ang pagbilis ng kanilang pulso. Hindi nila ganap na maunawaan ang kanilang nadarama. Wala nang kaba pero puno ng pag-asam. Alerto, hindi makatulog sa pagbantay ngunit busog sa pagkaganap ng matagal na nilang lihim na pangarap na maging magulang ng bagong silang na rebolusyon.

Ilang oras lang ang naipikit ng mag-asawa. Hindi ito dahil sa maikli na rin talaga ang tulog na kailangan ng pagkamatanda.

Hindi ito ang rason. Wala nang iba pang nakababaklas ng taon sa edad ng isang tao kundi ang paglahok sa rebolusyon.

Muling magiging ugali nila ang paggising ng madaling araw tulad nang sila'y gerilya pa, alerto laban sa kaaway sa pinakamapanganib na oras ng madaling araw. Muli, maaga pa ang gising ni Ka Andres, hindi na lang sa pagpastol ng pang-ararong kalabaw. Madilim pa'y pupuntahan ni Corning ang dalawang matandang magsasaka, kailangang maipaabot ang pulong na pinatawag ng kabataang hukbo para maitayo ang Barrio Organizing Committee (BOC) ng PKM. Maaga pa ang paghahanap ni Ka Andres ng lugar sa malawak na kapihang malayo sa nakaugaliang puntahan ng mga tao. Sa araw, dito hihimpil ang hukbo at maikukubli sila sa mata ng nagbabantay na kaaway. Madilim pa'y gigisingin na nila ang mga gerilya at ililipat.

Bumubukang-liwayway na nang muling magharap ang mag-asawang Corning at Andres. Sa kauna-unahang umaga sa loob ng 20 taon ay kontento at panatag ang loob ng dalawa sa daigdig. Napakaikli ngunit mahimbing ang kanilang pagtulog. Tulog ng taong nakatitiyak ng kanyang napiling kinabukasan.

Sumikat ang pinakamakulay na araw sa buhay ng mag-asawa. Mabilis na napawi ang dilim ng pinakamahabang gabi sa buhay nina Corning at Andres.

# MULI, PAGSALUBONG
*(mula sa "Liwat, Pagtabuay ni MayaMor")*



"TAY, KILALA MO PA BA KAMI?"

Titig na titig ang matanda sa nagtatanong sa kanya, habang hinahabi sa ala-ala ang pagkakakilala nito sa armadong grupo na kakarating lang sa kanyang maliit at sira-sira nang kubo. Hindi naman nakapatig, hindi nakauniporme. Wala ring nakasuot ng kaki. Sa isip ng matanda, hindi naman ito mga armi o PC. Sa pagkakaalala n'ya, dalawang armadong grupo lang ang gumagala sa mga kabundukan sa palibot ng kanilang lugar. Kung hindi Scout Rangers, ang mga CHDF sa panahon ni Marcos o mga CAFGU ngayong panahon ni Gloria. Wala namang NPA na nagpupunta sa kanilang lugar... o baka hindi lang nito nakikita. Basta sa grupo na bagong dating, wala s'yang nakikilala.

"A, oo!" ang kanyang sagot. "Mga CAFGU kayo!"

Habang ang mga armado ay tahimik ngunit ang iba sa kanila ay mabilis na naghanap ng pwestong makukublihan sa mga kahoy sa paligid ng kubo. Halata sa mga itsura ng grupo na malayo pa ang kanilang pinanggalingan, pansin ng matanda.Basa sila,

naghahalo ang pawis, ulan at tubig-sapa. Maulan kasi nang araw na 'yon. Nakapaa lang sila. Hindi kaya mga NPA ang mga ito? Naglalaro rin sa isip ng matanda. Pero may mga Scout Ranger at armi rin na nakapaa upang itago ang kanilang marka kung magsusuot sila ng kombat. Takot din pala sila na mamalayan ng kanilang mga kalaban at maunahan.

"Ano ho ang pagkakakilala ninyo sa NPA," tanong pa rin ng isa sa mga bagong dating.

Hindi kaagad nakasagot ang matanda. Kanina pa s'ya nag-iisip. Gustong makasiguro. Pwede ring nagpapanggap lang ang mga ito at sa tutuo'y mga armi o CAFGU at gusto lang alamin ang kanyang sentimyento.

May nagpilit na manumbalik sa alaala ng matanda. Ambus ang nangyari noon sa sityo nang mamatay si Ka Sisoy,* lider ng NPA. Paano kaya nangyari iyon? Sino ang nagturo? Ang pagkakaalala niya, ang grupo nina Ka Sisoy pa dati ang nagpapaliwanag sa kanila ng kabulukan ng rehimeng Marcos. Agad bumalik sa isipan ng matanda ang madugong nakaraan.

Matapos ang putukan noon, agad silang tinipon ng sarhento ng PC. Doon nila nakita ang bangkay ni Ka Sisoy na tinatabunan lang ng dahon. Sabi ng PC sa kanila:

"Ito ang siguradong mangyayari sa mga sumusuporta at sumasama sa mga NPA… Wala silang makatarungang mithiin kundi ang sirain ang katahimikan natin."

May ipinakitang halos punit-punit nang papel ang sarhento.

"Ito ang ebidensya... " itinaas-taas pa ang papel upang makita ng lahat. "Ito ang listahan ng mga tao na gustong patayin ng NPA!" sabi pa nga. "O, ito, dahil daw mga tauhan at impormer ng PC... Nakuha namin to sa pak ng NPA." At agad na binasa ang mga pangalan ng sibilyan.

"O,tutuo bang magnanakaw si T'yo Pedro? Na tulisan si T'yo Oloy? Narito sa listahan ang kanilang mga pangalan!" Patuloy ng PC.

Kilala nila na hindi masasamang tao ang mga tinawag. Ngunit wala naman sa kanila na nandon ang matapang na lumapit sa PC at tingnan ang mga nakasulat sa papel. Lalo pa't karamihan sa kanila ay hindi marunong bumasa.

Tinanim ng mga PC sa isipan ng mga tagabaryo na ang NPA ay mababangis at mamamatay tao. Tinakot nila ang komunidad at ang resulta, nagkaletse-letse nga ang kanilang pamumuhay dahil napilitan silang lumisan doon. Kaysa mabalikan pa sila ng paghihiganti daw ng NPA dahil sa nangyari kina Ka Sisoy, tulad ng laging sinasabi sa kanila ng mga PC.

Ngunit, kahit pa man, iba pa rin ang nananatiling pagkakakilala niya sa mga "kasama".

"Tay, sabi ko ho, ano ho ba 'yong pagkakaalam ninyo sa mga NPA?" tanong ulit nga kaharap n'ya.

"Mamamatay tao!" Sagot niya. "Kasi nang mamatay si Sisoy, may listahan na nakuha

ang mga PC at nandon ang pangalan ng mga taong papatayin daw ng mga NPA!"

Siguro dahil nga iniisip nitong CAFGU ang kanyang mga kaharap kaya't ito ang sinagot ng matanda.

"Mali at hindi po tutuo 'yong listahan, Tay. Gawa-gawa lang 'yon ng PC para takutin kayo at kalabanin n'yo ang NPA!"

Muli, tinitigan sila ng matanda. Hindi na s'ya sigurado sa kanyang kaharap...Sino nga ba itong mga ito?

"Tay, si Ka Sol. Kasama po kami. Mga NPA." sabay pakikipagkamay ng mga bagong dating sa matanda.

"Ay sus, ba't ngayon lang kayo nakabalik?" Nagulat ngunit napangiti pa rin n'yang sagot.

Ang ngiti ay naging halakhak. Naging galak ng katiyakan. Pinapasok n'ya ang mga armado. Nagpatuloy silang mag-usap, hanggang unti-unting ang mga damdamin ay gumaan. Ang mga nagdaan ay muling binalikan, ikinuwento. Ang pinaghiwalay ng panahon ay muling nagtagpo.

Tinanggap ng matanda ang tutuo nitong hukbo.

** Namartir si Elegario Gonzales "Ka Sisoy" sa ambus sa Tablea, Cahigon, Calinog, Iloilo noong 1972 ng mga PC na pinamunuan nina Sgt. Soberano, Sgt. Manun-og at ni TSgt. Fortunato "Porping" Cataluna.*

# Manong


*Maria Catalonan*

KA ROBERT, HUWAG KA NAMAN SANANG MASYADONG PABIGLA-BIGLA. At saka 'yang tampo-tampo mo, unti-unti mo nang baguhin. Talagang bata ka pa, pero kahit pa, pinatutubo na rin natin ang ating kamalayan para makaharap sa matagalang digmang bayan. Matagalan ito, at marami pa talagang karanasang daraan sa atin.

Tingnan mo si Manong. Bata pa rin siya noon, at talaga namang makulit. Pero pagkatapos ng tunggalian, agad siyang nakikipag-ayos kaya't madali siyang napamahal sa mga kasama. At kung wala namang tunggalian napakamapagbiro niya. Walang araw na hindi ka ngingiti o tatawa kay Manong. Ka Kamlon at Ka Merlan ang talagang pangalan niya sa pakikibaka, pero nakasanayan na siyang tawaging Manong hindi lang ng mga kasama kundi maging ng masa dahil nga napalapit siya ng husto sa kanila.

Noong 1987, nang binibira tayo ng rehimeng Aquino sa kanyang total war, tinayuan ng detatsment ang Brgy Katipunan para dito ang lunsaran ng mga operasyon nila. Para bang ngayon na binibira tayo ng Oplan Bantay Laya at may hedkwarters na naman ng Bravo Coy, 47th IB diyan sa Katipunan.

Umatras ang mga kasama sa kabilang baryo, sa Sitio Tubi, Brgy Abangay, dito rin sa Tapaz. Sa ilang araw na nilang maniobra, talagang gustung-gusto na nilang maligo, at alam ito ni Manong na siyang timlider noon. Pero dahil may operasyon ang kaaway, napilitang maghanap si Manong ng liblib na sapa na hindi kalayuan sa tinitigilang kubo ng mga kasama. Siya ang mauunang maligo habang nagbabantay ang dalawang kasama sa unahan ng sapa, at magpapalit-palitan sila hanggang matapos lahat.



Ngunit ang liblib na sapa rin pala ang binabaybay ng mga kaaway. Kaya't sa sapa ng Rizaldo, sa Sitio Tubi, Baryo ng Abangay, nagpanagpo sa araw na iyon sina Sgt. Halawig at Ka Merlan.

Sinusugsog ng iskwad ng armi pataas ang sapa nang makita nila ang isang lalaking naliligo sa unahan. Mas napansin nila ang pinakatago-tago nito, kaya hindi nila nakita ang baril na nakalapag sa gilid ng sapa. Nakangiting

nilingon ng unang elemento ng iskwad ang kanyang kasunod para magsenyas ng kung anong naisip niyang kabastusang gagawin sa pribasiya ng tao lalo't nag-iisa ito. Siya rin namang pagpihit ni Manong.

Mabilis ang naging pangyayari. Sa isang iglap, habang nawala ang titig ng kaaway sa kanya, ay nalundag ni Manong ang kanyang baril at nakapagpaputok.

Prak ! Prak! Prak! Agad na tumimbuwang ang unang elemento at ang kasunod niyang si Sgt. Halawig na siyang pinuno ng iskwad. Sabay ang mabilis na maniobra ni Ka Merlan sa pangpang ng sapa, tuloy-tuloy na nagpapaputok.

Bumalikwas ang mga kasama sa kubo at yaong mga nagbabantay sa kabilang dulo ng sapa, upang magsuporta sa napaengkwentrong kasama. At doon, nakita nila si Manong, parang tinalupang palaka, na palundag-lundag at pagulong-gulong na nagmamaniobra sa matatalim na mga damo sa gilid ng sapa.

“Manong!” sigaw ng mga kasama, “Diyan ka sa kanan para makasuporta kami sa kaliwa!”

Nakahubad pa ring umaarangkada ng maniobra at putok si Manong. Paano mo ba naman tatakpan ang dapat takpan e kailangan mo ang dalawang kamay para makasipat ng husto sa armalayt?

“Manong!” sigaw naman ni Dora, ang kanyang asawang mandirigma rin, habang nagmamaniobra para maiabot ang damit na maisusuot ng isa. Iba ang kanyang pinoproblema. “Manong!” sigaw niya, “Ingatan mo yang atin!”

Patay noon sina Sgt. Halawig at ang unang elemento ng 12IB. Naabot pa ni Manong ang halos tatlong dekadang pagkilos, at patuloy pa rin siyang naghuhubo't hubad kung naliligo. Pero hindi na kung may operasyon. At kahit na limang taon na siyang patay ngayon dahil sa iba pang engkwentro, tuwing maaalala namin si Manong ay napapangiti pa rin kami, nakakapang-aliw pa rin siya sa mga kasama.

Ganyan talaga si Manong. Ganyang talaga ang tatay mo, Ka Robert. Huwag mo sanang kalilimutan.

*Agosto 2006*

** Manong - o Ka Merlan, tubong Bingawan, Iloilo, ay kumilos sa Sentral Panay mula noong unang bahagi ng dekada 70 at tinanggap ng mga tumanduk bilang kapamilya nila. Nakatulong siya sa pagbukas ng mga bagong sonang gerilya sa Lambunao, Iloilo at sa Silangang Panay. Nasawi siya sa isang kubkob sa Bagong Barrio, Tapaz, Capiz, na sinagawa ng Task Force Panay noong Hulyo 4, 2001.*

# Wais si Nanay

*Maria Laya*



"TAO PO! MGA NPA TO." NARINIG NI NANAY na tawag ng boses ng lalaki mula sa labas ng bahay. Nagtaka sya dahil hindi pamilyar sa kanya ang boses. Sino kaya ang tumatawag?

Nang dumungaw s'ya, nakita nito ang dalawang matatangkad na lalaki, nakaputing t-shirt, nakaparashut na pantalon at nakasandalyas. Kung sa isang tingin, maniniwala talaga si Nanay na mga kasamang nakasemi-legal ang dalawang lalaki na sa tutuo naman talaga ay mga militar na nagpapanggap na mga kasama at pumasok sa baryo.

"Nay, hihingi kami ng tubig!" pautos na tugon ng lalaking unang pumasok.

"Halikayo, pasok." Sabay itinuro ni Nanay ang pagkukunan ng tubig.

"May dumaan bang mga kasama dito, Nay?" tanong ng isa pa.

"Ay, kayo pa lang ang una kong nakita sa mga kasama mula nang huli silang dumaan dito. Ang tagal na nun, di ko na nga maalala, e," agad na sagot ng matanda.

Nagtinginan ang dalawang lalaki, sabay malisyosong nagngitian.

"E, 'yong mga army, nakadaan ba rito?"

Nag-iba ang ekspresyon sa mukha ni Nanay. Tila natatawang sumagot "Naku, walang dumadaang army dito, siguro natatakot sila sa inyo, Ka!" At tuluyan nang natawa ang matanda.

Hindi maipinta ang mukha ng dalawang lalaki nang marinig ang sinabi ni Nanay. Hindi alam kung makikitawa rin o maiinis sa mapangutyang pahayag ng matanda.

At dali-daling namaalam ang dalawa. " Sige ho, alis na kami," sabay baba ng dalawa sa bahay.

"Uy, hindi na ba kayo magmimeryenda man lang? May nakasalang akong nilagang saging, luto na 'to." pahabol niya.

Hindi na lumingon ang dalawa, dire-diretso.

Sa totoo lang, kahapon lang huling nagkausap si Nanay at sina Ka Tin-tin nang bisitahin s'ya ng mga kasama para sa kanyang sesyon ng akyu.

Sa isip ni Nanay, "Ang mga mokong, akala n'yo naisahan n'yo ako no? Hindi nag-aastang kung sino pagpumarito ang mga kasama no. E, itong mga 'to, ni hindi man lang nakipagkamay ng pumasok at nagpakilala at ni hindi rin nagpasalamat sa hiningi nilang tubig! Isa pa, ang mga kasama ay hindi ganyan kung makaporma, na parang pupunta sa sayawan!" Napansin din pala ni Nanay na ang isa sa dalawang lalaki ay nakatak-in at may hikaw pa!

# Mais na Inutang, Lupa't Kalabaw ang Kabayaran

*Kolektibong Likha*

**Tauhan:** Bodot, magsasakang nagtatanim ng tradisyunal na mais
Bodoy, magsasakang nagtatanim ng haybrid na mais

(Ang tanging makikita sa entablado ay ang radio at ang telon; lahat ng audio ay voice over)

**Intro:** "At ngayon, nandito na naman tayo upang ihatid sa inyo ang isang magandang dula na pinamamagatang – MAIS ANG INUTANG, LUPA'T KALABAW ANG KABAYARAN."

*Sound Effects (SFX)*: inaawit ni Bodot ang awit na "Inga Karabaw".

*Musika*: "Inga Karabaw"

Didto sa amon baryo,
may isa ka karabaw
Ngalan ya si T'yo Karbaw
Wala unto sa ibabaw

Inga karbaw dib aw dib aw
Inga karbaw di baw

**Tagapagsalaysay**: Sa baryo Ginlabuan, habang naglalakad si Bodot papunta sa kanyang bukid.

*Ambient*: bukirin; isang maaliwalas na umaga; sumisipol-sipol si Bodot ng "Inga Karabaw"

**Bodot**: Ang ganda ng umaga sa mabusilak na sikat ng araw! Banayad ang simoy ng hangin. Basa pa ang lupa mula sa ulan kagabi; tamang-tama para sa pagtatanim ko ng aking tradisyunal na mais.Buti na lang at nasa kubo ko na ang aking mga binhi ng mais…sandali lang, sino ba 'tong papalapit na ito? Lalaki, at matipuno; magsasaka talaga ang tindig! Ah, si Pareng Bodoy! – Pareng Bodoy!

**Bodoy**: (ang boses ay galing sa malayo) Oy!

**Bodot**: Sandali lang, hihinto muna ako sa paglalakad; sisenyasan ko s'ya na pumarito. Ano kaya 'yang laman ng sakong dala-dala n'ya?

*Ambient*: papalapit si Bogok; humahangos

**Bodot**: Pare, anu ba yang laman ng sakong dala mo?

**Bodoy**: Ah, ito? Ito 'yong inutang ko na haybrid korn kay Amah! Sandali lang nga't maibaba ko muna ito; 'ayan…

*SFX*: mabigat na sako na babagsak sa lupa.

**Bodoy**: Hayan…(bahagyang humahangos pa rin) Sabi daw kasi ng isang teknisyan, magaling daw itong binhi na ito ng mais, kasi malalaki daw ang bunga. At mabigat pag tinimbang mo na. Sigurado ang kita dito, Pare. Bakit hindi mo rin subukan?

**Bodot**: Aba, tutuo? Ah, titingnan ko na lang muna kung ano ang kahihinatnan ng binhi na 'yan. Sa tradisyunal na lang muna ako, Pare.

**Bodoy**: Bahala ka. O, pano Pare, mauuna na ako. Itatanim ko pa ito. Masakit na ang init maya-maya. (sabay ng isang tao na may mabigat na pinapasan).

(Papalayong boses ni Bodot na kumakanta – " I go shalalalala, shalalala in da morning…)

**Bodot**: Hay, andon na si Pareng Bogok, iika-ika sa bigat ng dala-dala n'yang baridad na mais… Hindi kaya iyan 'yung sinasabi ng mga kasama na malakas din kumonsumo ng abono? Hay, aalis na rin lang nga ako.

*Musika*: "Inga Karabaw"

**Tagapagsalaysay**: Bago natin ipagpatuloy ang ating kapanapanabik na dula, pakinggan muna natin ang isang napakagandang awitin na talagang para sa inyong lahat…

*Musika*: "Tantaloy"

**EKSENA 2**

**Tagapagsalaysay**: At ngayon, sa pagpapatuloy ng ating napakagandang dula…Matapos ang apat na buwan…habang naglalakad si Bogok pauwi galing sa sentrong baryo…

**Bodot**: Hehe, kahit medyo mura ang benta ng tradisyunal kong mais, nadagdagan naman ito ng naibentang produkto ng aming grupo na mga mani, saging at iba pang *kararuton*. Tama naman 'yong payo ng mga kasama sa pagpapaunlad ng aming produksyon… (biglang natigilan) sandali lang…sino 'tong naglulumpagi sa ilalim ng mangga? Mapuntahan nga…sino ba…ay, si Pareng Bodoy! Uy, Pare, anong nangyayari sa iyo.

**Bodoy**: (Umaatungal ng iyak) Hwuahhh, hwuahhh!

**Bodot**: Mahahahay!

**Bodoy**: Pano, ang laki ng ginastos ko sa mais lang! Masyado pang magtrabaho. Pero, bagsak pa rin ang aking produksyon ng mais. At ang masama pa, puro inutang lahat 'yon. (aatungal pa)Hwuahhh, hwuahhh!

**Bodot**: E, wala namang mawawala sa iyo, bumawi ka na lang sa susunod.

**Bodoy**: (mas lalong lalakasan ang atungal) Anong wala, e lupa at kalabaw ko ang nakakolateral sa mga utang na 'yun! (dadagdagan ang lakas ng atungal)

**Bodot**: Mahahahay! Pare, huwag ka nang umiyak, ang sagwa e para kang umaatungal na kalabaw. May kalutasan pa 'yang problema mo.

**Bodoy:** (biglang mapapatigil sa pag-iyak)Totoo Pare? Bakit, pauutangin mo ba ako?

**Bodot**: Ay, hindi ha… sumama ka sa grupo, maglulunsad tayo ng kampanya sa pagpapaunlad ng ating produksyon; kailangan din nating pawiin ang usura, bumalik ka na sa tradisyunal nating mga binhi, hindi mo na kailangang mangutang ng pambili ng abono. Sa gayon, unti-unti nating mapapawi ang pagkakatali sa mga usurero. At isa pa, kung sama-sama tayo, kayang-kaya nating idemanda ang pagpapataas ng presyo ng ating mga produkto. At alam mo, kailangan din nating magtulung-tulong na mapalakas ang ating hukbo. Ang laking tulong ng mga kasama sa atin, hindi lang sa pagsisiguro ng ating katahimikan dito sa baryo, kundi pati sa pagpapaunlad natin ng ating kabuhayan.

**Bodoy**: (parang nagbabalagtasan) Sang-ayon ako d'yan. Talagang dapat ngang bumalik sa atin ang ating pinaghirapan. Pare, sasama ako sa grupo; babawiin ko talaga hindi lang ang produksyon ko, kundi pati kalabaw at lupa ko.

**Bodot**: O, di ba? Ay, halika, sumama ka sa akin sa bahay. Ibabahagi ko sa iyo ang aking mga napag-aralan sa mga kasama. Inom kaagad tayo ng kape.

**Bodoy**: Sige!

*Musika*: "Tantaloy loy loy..." (humming)

**Tagapagsalaysay**: At hanggang dito na lang po muna tayo sa ating magandang dula na pinamagatang "Mais na Inutang, Lupa at Kalabaw ang Kabayaran". Hanggang sa muli…

*Musika*: "Tantaloy loy loy..." (last stanza).

Wakas.



## PULSO SANG PANAHON

*Andante Arador*

I.
Am
Batyaga Banwa ko
E
Batyaga ang pulso sang panahon
Dm E
Sa malapad mong kaumhan
Dm E
Kag mga Kasyudaran
Dm Am
May panaad nga likom ang kaagahon

II.
May unos banwa ko
Sa tagipusuon sang mga ulipon
Sa dinag-on na nga kapigusan
Nagamadlos ang kalubaran
Hilwayon ka banwa ko sa kaagahon

Koro:
A Bm
May kaamyon ang bulak sa kadulom
E A
Hinganiban nga pas-an ang paglaom
D
May kadasig ang tikang sa pagsulong
E A
Malig-on sa kasakit pasaron ang handom

III.
Ang iwag banwa ko
Partido Komunista sang Pilipinas
Inanak sang dugo kag balhas
Kasanag sa malikong banas
Mentras may kabuhi magaalagad

IV.
Pat-ud na banwa ko
Ang dugos sang buwas-damlag imo maagum
Sa malapad mong kaumhan
Kag mga kasyudaran
Ginabayaw ang panaad sa kaagahon.

## PULSO NG PANAHON

*salin*

I.
Damhin mo, Bayan ko
Damhin mo ang pulso ng panahon
Sa malawak mong kanayunan
At mga kalunsuran
May pangakong lihim ang bukang-liwayway

II.
May unos, Bayan ko
Sa puso ng mga alipin
Sa dantaong kaapihan
Dumadaluyong ang kalutasan
Palalayain ka, Bayan ko sa bukang-liwayway

Koro:
May bango ang bulaklak sa karimlan
Sandatang pasan ang sandigan
May bilis ang pagsulong ng hakbang
Matatag sa hirap pandayin ang inaasam

III.
Ang sulo, Bayan ko
Partido Komunista ng Pilipinas
Inianak ng dugo at pawis
Tanglaw sa liku-likong landas
Habang may buhay maglilingkod

IV.
Tiyak na, Bayan ko
Ang katas ng kinabukasan iyong makakamtan
Sa malawak mong kanayunan
At mga kalunsuran
Itinitindig ang pangako sa bukang-liwayway

# SUGILANON NGA TUMANDUK

*Servando Magbanua*



Am
Ako ang may igaasoy
                                        Dm
Sugilanon nga tumandok
                                             Am
Sa amon baryo may nagdagos
       E                            Am
Pito ka PC nga nagahangos

(pareho nga pamidya)
Burong ko nga nagahangos
Ang sagap gali hay itlog
Sa pugaran namon nagkuot
Tanan nga lumlom andang gin-ubos

Imaw may pag-abot ni Tatay
Naakig gid sa anang nakit-an
Ya nagsulod sa anang pinsar
May adlaw gid kamo sa kabataan

Dayon lungay ka isang sarhento
"Ano may NPA nga nakita kamo?"
Nagsabat si Tatay "Abaw, kaduro
Apang batasan lain sa inyo."

"Hoy! waay bala kamo kamaan,"
Palas-ay ka isang busungan,
"Sa NPA nga pagsulundan
Bitsin gid lang ang inyo madangtan."

Nagsabat naman si Tatay,
"Kami dyen kulang it aram
Ya amon lang tanang naman-an
Mga NPA mayad batasan.

Kon husto ya inyong hambal
Nga pamatyon kaming magurang
Sino bala ang gapangabudlay
Agud sakit namon maghaganhagan?

Kon kami kato magbalatian
Waay kami it sarang madangpan
Hay waay kami't bululngan
Buraw tanan ka mga manggaran.

Apang karon sa amon baryo
Kon mag-abot ang kontra ninyo
Gakalipay ang mga tawo
Sa pagpamulong nanda ka andang akyu."

"Hoy! mga gago gid gali kamo."
Dugang pa gid katong sarhento
"Waay gali kamo kahibalo
Sang kapalaran ninyo sa baryo.

Kon NPA gani ang magdaug
Tanan ninyo nga patubas ubos
Kag sa bodega nila itingob
Rasyunan lang kamo isa ka pudyot."

Nagsabat naman si Tatay
"Kami dyen kulang it aram
Waay labay kaming basehan
Kundi ang amon lang inagihan.

Silawa sa baryo namon
Waay gani bisan lugawon
Hay amon pa daad kanon
Philippine Army ang nagatipon.

Insang indi kami gutomon
Kay kon kamo magoperasyon
Inyong suplay kami gatus-on
Gani ang amon uma gatalalon."

"Hoy! lunsay na gid kamo maaram
Sa pagsaysay sang katarungan.
Siguro kon kamo mabakulan
Nagatadlong man ang inyo dalan.

Ahaw gid lang kamong bukidnon
Gani sa pinsar ninyo itanom
Kon NPA na gani maggahum
Inyong asawa baylubayluhon."

Nagsabat naman si Tatay
"Kami dyen buko't maaram
Ya amon lang tanang nakitan
Imaw kanamon kamatuoran

Daad malaw-ay nga hambalon pa
Apang kon tinda gani sa banwa
Sino bala amon makit-an
Iba ninyo man kag andang kerida."

"Huy! kon indi lang kami subong kapoy
Makatilaw kamo sang bakol,
Pulos inyo na gid lang rason
Pati kami indi na pagtahuron.

Hala! ihawi kami to manok
Sugo kay Nanay katong maburok
Inang munga gid nga matambok
Kay diya na lang kami matulog."

Pagkaaga waay don sanda
Si Nanay manaog daad
Hay mahilamon daad sa anang uma
Apang naggwa du lang durumayon da

"Mga turukbon gid ka magkal
Haning PC nga waay batasan.
Nahadlok bala sa liwan
Diya namuson sa amon banawang.

Nimo gid kon sin-ong maisog
Gali imo nagkarahadlok
Ano pa kon hublag ang mag-daug
Paralagyo gid sanda't matuodtuod!"

# KWENTONG KATUTUBO

*salin*

Ako ay may ikukwento
Kwento ng katutubo
May dumating sa aming baryo
Pitong PC na humahangos

Nagtaka ako't humahangos,
Ang hanap pala ay itlog.
Sa pugaran namin dumukot
Lahat ng limlim kanilang inubos.

'Yon naman ang pagdating ni Tatay,
Nagalit sa kanyang nadatnan.
Ang pumasok sa kanyang isipan:
"May araw din kayo sa kabataan."

Agad sabad ng isang sarhento,
"May NPA bang nakita kayo?"
Ang sagot, "Naku, ang dami po,
Pero ang ugali'y di tulad ninyo."

"Hindi ba niyo nalalaman"
Patabang ng isang bilbilan,
"Sa NPA na patakaran
Betsin lang ang inyong hantungan."

Sumagot naman si Tatay,
"Kami 'Gent kulang ng alam,
Ang amin lang nalalaman
Ang mga NPA may mabuting asal.

Kung wasto ang inyong salita
Na papatayin kaming matatanda
Sino ang nagpapakahirap ba
Upang sakit namin ay guminhawa?

Kung kami noo'y may karamdaman
Wala kaming ni masulingan
Dahil ang mga pagamutan
Sinolo nang lahat ng mayayaman

Ngunit ngayon sa aming baryo
Kung dumating ang kaaway ninyo
Nagsasaya ang mga tao
Sa panggagamot nila ng akyu."

"Hoy! parang mga gago pala kayo,"
Dagdag pa ng isang sarhento
"Hindi pala ninyo natatanto
Ang kapalaran ninyo sa baryo.

Kung NPA nga ang maghari
Ubos ang lahat niyong ani
At sa bodega ititipon
Isang dakot lang ang inyong rasyon."

Sumagot naman si Tatay,
"Kami 'Gent kulang ng alam
Walang iba kaming binabatayan
Kundi ang amin lang karanasan.

Tanawin ang baryo namin
Walang kahit man lang lugawin
Dahil ang amin pa sanang kakainin
Philippine Army ang umaangkin.

Bakit hindi kami magugutom
Dahil kung kayo'y mag-operasyon
Inyong suplay kami ang pumapasan
Aming sakaha'y napapabayaan."

"Puro lang kayo maalam
Sa pagsaysay ng katwiran
Kung kayo kaya ay mabatukan
Tiyak tutuwid ang inyong daanan.

Hamak lang kayong tagabukid
Kaya't sa isip ninyo idikit
Kung NPA na nga ang mamahala
Pagpapalit-palitin ang inyong asawa."

Ang sagot naman ni Tatay
"Kami 'Gent hindi maalam
Ang amin lang natatanaw
Ay 'yon lang katotohanan.

Pangit sanang sabihin pa
Pero sa bayan kung araw ng tienda
Sino bang aming nakikita
Kasamahan niyo't kanilang kerida."

"Hu! Kung hindi lang kami ngayon pagod
Makakatikim kayo ng suntok
Puro lang kayo katwiran
Pati kami'y di na ginagalang.

Hala, ipagluto kami ng manok
Utos kay Nanay ng isang matambok
Dapat 'yong inahing mabilog
Dito na lang kami matutulog."

Kinaumagahan wala na sila
Si Nanay mananaog sana
Manggagamas sa kanyang uma
Lumabas na lang ang pagmumura.

*"Mga t'rukbon gid man it magkal!*
Itong PCng bastos ang asal
Takot naman pala sa kalaban
Dito tumae sa 'king bakuran!

Kung magyabang, sinong matapang
'Yon pala'y mga duwag naman
Paano pa kung magwagi ang kilusan
Talagang sila'y magtatakbuhan!"

# SIBAGWAN

*Kolektibo nga ginbalay sa Sentral Panay*

1
Am
Sibagwan, Sibagwan, sapa nga manggaran
E7
Tubig niya kag isda, nahalad sa tanan
Am
Apang sa tumanduk paano mapuslan
E7 Am
Kon armi nga sakon duta ginalaksam

2
Sibagwan, Sibagwan, tumanduk nanindugan
Pangapinan gid lang duta sang kamal-aman
Apang anong sabat sang arming tulisan
Butangan SOT, mamahog, maniplang

3
Sibagwan, Sibagwan, hangaway sang banwa
Gaunong sa imo, gabulig sa masa
Maglunsar sang TO, paghatag hustisya
Armi pahalinon, bawion ang duta

4
Sibagwan, Sibagwan, bulan sang Pebrero
Tuig 2003, petsa baynte kwatro
SOT nanglagas wala gid kabalo
Pwersa sang BHB gahulat na didto

5
Sibagwan, Sibagwan, sandukot nga away
Mga iskwad kag tim mansig na may huray
Hanas nga SOT nga kuno hangkilan
Wala sang padaog sa pulang hangaway

6
Sibagwan, Sibagwan, yabi sa pagdaog
Masa kag hangaway naghugpong sang hugot
Sa tagsa ka tikang sila ang nagbuylog
Ginbunal sa armi, dumot sang tumanduk

7
Sibagwan, Sibagwan, armas nakumpiska
Lima ka M-16, M-14 kag bala
Patay ang soldado kag kumander nila
Upod pa ang CAFGU, rarong arming isa



8
Sibagwan, Sibagwan, ang nagpamatuod
Nga ining kaaway bisan anong kusog
Mapapas gihapon kon aton nga kapot
Ang inisyatiba, taktika, kaisog

9
Sibagwan, Sibagwan, balaan nga sapa
Ang konserbatismo nasuguran buka
Pagsulong sang TO, kahublagan masa
Lebel sang inaway, liwat ipasaka

10
Sibagwan, Sibagwan, kabuhi gindaga
Sang pulang kumander sa prenteng gerilya
Pag-untat ginhawa, ulihing tinaga
"Nonoy, akon anak, magpakabakud ka."

11
Sibagwan, Sibagwan, sapang handumanan
Palanggang Ka Gary diri nagtaliwan
Ginbilin sa aton leksyon nga bulawan
Away padayunon tubtob kahilwayan

12
Sibagwan, Sibagwan, away gapadayon
Mahilway ang masa sa pagrebolusyon
Bisan kabuhi pa ang ihalad naton
Aton kadalag-an pat-ud nga maagom

*Pebrero 24, 2003*
*angot ini sa ambus nga ginlunsar*
*sang Jose Percival Estocada Command sa sapa*
*sang Sibagwan, Brgy. Daan Sur, Tapaz, Capiz*

## SIBAGWAN

*kolektibong binuo sa Sentral Panay*
*salin*

Sibagwan, Sibagwan, sapa na kay yaman
Tubig niya at isda, sa lahat inalay
Ngunit sa tumanduk pano'ng pakinabang
Kung armi na sakim lupa'y inaagaw

2
Sibagwan, Sibagwan, tumanduk nanindigan
Ipagtatanggol lupang kamunuan
Ngunit anong sagot ng arming tulisan
Lagyan ng SOT, manakot, manlinlang

3
Sibagwan, Sibagwan, itong hukbong bayan
Karamay, katuwang nitong mamamayan
Maglunsad ng TO, bigyang katarungan
Armi paalisin, lupa ay bawiin

4
Sibagwan, Sibagwan, buwan ng Pebrero
Taong 2003, petsa baynte kwatro
SOT naghabol walang pagkatanto
Pwersa ng BHB naghihintay dito

5
Sibagwan, Sibagwan, labang umatikabo
Bawat iskwad at tim may tinakdang pwesto
Sanay na SOT, bihasa na kuno
Hindi makatumbas sa 'ting pulang hukbo

6
Sibagwan, Sibagwan, susi sa tagumpay
Ang masa at hukbo nagkaisang tunay
At sa bawat hakbang masa'y nagtaguyod
Pagbigwas sa armi, ngitngit ng tumanduk

7
Sibagwan, Sibagwan, armas nakumpiska
Lima ang M-16, M-14 at bala
Patay ang sundalo at kumander nila
Kasama ang CAFGU, sugatan ang isa

8
Sibagwan, Sibagwan, ang nagpatalastas
Na itong kaaway kahit anong lakas
Malilipol pa rin kung ating hawakan
Ang inisyatiba, taktika, at tapang

9
Sibagwan, Sibagwan, sapa na mapalad
Ang konserbatismo simulang nabasag
Pagsulong ng TO, pangmasang kilusan
Muling iaangat, antas ng digmaan

10
Sibagwan, Sibagwan, binuwis ang buhay
Ng pulang kumander sa gerilyang larangan
Pagtigil hininga, ang huling salita
"Nonoy, aking anak, magpakatatag ka."

11
Sibagwan, Sibagwan, sapang alaala
Mahal na Ka Gary dito rin pumanaw
Iniwan sa atin ginintuang aral
Laban ay ituloy hanggang sa tagumpay

12
Sibagwan, Sibagwan, digma ay patuloy
Lalaya ang masa sa pagrebolusyon
Kahit ilang buhay ang ialay natin
Ang ating tagumpay tiyak na kakamtin

*Pebrero 24, 2003*
*halaw ito sa ambus na inulunsad*
*ng Jose Percival Estocada Command sa sapa*
*ng Sibagwan, Brgy. Daan Sur, Tapaz, Capiz*

## GRUPONG BINULIGAY

*Kolektibo nga ginbalay sa katimugang Panay*
*(Popular sa nabagatnang Panay sa tono sang 'Adelaida')*



```
A                         E
Sa inyo nga tanan nga 'gapalamati
                                    A
Kag handa maghangup kansyon kong pinili
            A7           D
Ako magapatpat walay pagpangindi
E                  A
Mga inagihan, liksyon nga bahandi.
```

(pareho ang kordes sa tanan nga istansa)
Kitang mangunguma, puno kinaalam
Baliskad sa sugid nga wala naman-an
Sa pagpauswag sang aton kabuhian
Damong pamaagi kitang matukiban.

Sa tunga sang puraot natong pagkahimtang
Sa gasto sa uma indi makasarang
Grupong binuligay aton nausuhan
Subong nagalapnag diri sa kaumhan.

Ang bentaha sini mamag-an ang obra
Dugang napahapos kag menus gastos pa
Labi napalapit ang pagtamdanay ta
Kag napahugot pa ang paghiliusa.

Kon ang binuligay labi nga lapnagon
Makapauswag pa kita sang produksyon
May saging, utanon, mga kararuton
May paray kag mais nga tabang sa gutom.

Ang indi matarung kag indi maantus
Bisan ang produkto mag-uswag magdamo
Ang aton kabudlay wala sang konswelo
Sang kapitalista ginhigtan ang presyo.

Bisan nagamahal na mga balaklunon
Produkto sa uma barato gihapon
Ang kilo sang paray syeti tubtub otso
Singko tubtub says ang mais nga yellow.

Dugo na kag balhas nag-agay sa lawas
Sang mga mangunguma lang ang makapatubas
Ang handum kag dumot nga makatibawas
Sa tuman nga gutom siya ang makahaw-as.

Sa baylo manalaw labi nga magtuon
Aton kinaalam dugang pauswagon
Sang walay kataka puno sang katutom
Agreb lang ang dalan sang aton nga handum.

## GRUPONG BAYANIHAN

*kolektibong binuo sa katimugang Panay*
*(Popular sa katimugang Panay sa tono ng 'Adelaida')*
*salin*

Sa inyong lahat na 'nakikinig sa akin
Pinili kong awit handang unawain
Ako'y magkukwento walang pangingimi
Mga karanasan, aral na nilimi

(pareho ang kordes sa lahat ng istansa)

Tayong magsasaka, ay maraming alam
Baligtad sa sabi-sabing tayo'y mangmang
Sa pagpapaunlad sa 'ting kabuhayan
Maraming paraan tayong natuklasan.

Sa gitna ng aba nating kalagayan
Sa gastos sa bukid hindi makayanan
Grupong bayanihan ating nausuhan
Ngayon ay laganap na sa kanayunan.

Ang bentahe nito'y magaan ang obra
Lalung napadali at menos gastos pa
Higit na naglapit ating pagsasama
At napahigpit pa ang pagkakaisa.

Kung ang bayaniha'y lalong lumaganap
Ang produksyon natin ay mapapaunlad
May saging, gulay, at mga kararuton
May palay at mais na lunas sa gutom.

Ang hindi matiis at walang hustisya
Kahit produkto'y umunlad, sumagana
Ang ating paggawa ay walang konswelo
Ng kapitalistang nagtali sa presyo.

Kahit nagmahal na ang mga bilihin
Produkto sa bukid ngayo'y mura pa rin
Ang kilo ng palay syete hanggang otso
Singko hanggang sais ang mais na yellow.

Dugo't pawis sa katawan na nagmula
Para makaani mga magsasaka
Ang mithi at layon na makaginhawa
Nang sa sobrang gutom siya ay makalaya.

Lalo pang mag-aral, di magpakaduwag
Pag-unlad ng kaalaman ay idagdag
Nang walang sawa at puno pa ng sipag
Sa ating mithiin agreb lang ang landas.




*Hulyo 19, 2006*

*Sa aking isisilang na sanggol,*

*Sa ngayon ay limang buwan pa lang kitang ipinagbubuntis at sa malao't madali, ika'y aking isisilang. Sabi ng tatay mo sana lalaki ka. Sabi ko naman, ke lalaki, ke babae, ang mahalaga sana ay sa paglaki mo, maunawaan mo kung bakit kami ng iyong tatay ay nagpasyang maging Pulang Mandirigma.*

*'Nak, pagsilang mo, ihahabilin kita sa mga taong nakakaunawa sa kalagayan ko at sa rebolusyon. Pero hindi ibig sabihin noon ay hindi ka namin mahal ng tatay mo. Mahal kita, kaya lang may mga pagkakataong kailangang mamili. Kaya hindi ka pa man isinisilang ay kailangan ko nang maging matatag. Para sa panahong kailangan ko nang lumayo ay di ako gaanong masaktan. Balang araw maiintindihan mo rin na ang rebolusyon ay karugtong at nagdudugtong sa buhay nating mag-ina. Sa ngayon, kailangan ko munang maghanda para sa ating pagkikita. Kailangan kong maghanda para maalagaan ka, hanggang sa panahong kailangan na kitang iwan.*

*Ang nagmamahal mong nanay,*

*Ka Lila*

*Hulyo 19, 2006*

*Sa mga minamahal kong kasama sa pakikibaka:*

*Mainit na yakap at pangangamusta!*

*Mula nang lisanin ko ang urban, siguro'y mga limang taon na rin ang nakararaan mula nang makasulat ako sa inyo. Pasensya na mga kasama, siguro'y sa sobrang dami na ng mga gawain ay nakaligtaan ko na.*

*Talagang hindi ko makakalimutan ang mga natutunan ko diyan: kung paano ninyo ako tinulungang mamulat at umunlad. Para sa akin mahirap pa noon maging totoo sa panawagang "Paglingkuran ang Sambayanan". Parang malabnaw pa ito para sa kin dahil may iba pa akong mga interes. Gaya ng kung paano palalaguin ang kabuhayan ng pamilya at kung anu-ano pa. Mahirap pala kung hindi ka nasanay sa kahirapan, kaunting prublema lang, ayun, mainit agad ang ulo at kung anu-ano na ang iniisip. Pero salamat at hindi kayo nagsawa at mahaba ang inyong pasensya upang unawain ang aking kalagayan. Malaki talaga ang naging ambag sa pagpapabilis at pagpapalalim ng aking kamulatan sa panahon ng mga integrasyon at paglubog sa baseng masa. Dito ako parang nabuhusan ng malamig na tubig at nagkaroon ng mga bagong realisasyon at perspektiba sa buhay.*

*Hups, parang mahaba na yata ang aking mga pasakalye. Kamusta na ang mga gawain diyan? Grabe na talaga ang kalagayan ngayon ano? Ang lantarang pasismo ng estado, ang walang habas na pagpatay ng mga lider masa at progresibong mga kasama. Pero hindi naman maihihiwalay ang sitwasyon diyan at ang kalagayan dito sa kanayunan. Walang tigil na operasyong militar ang nagaganap dito. Kaya nga lang mas ang kaaway natin ang palaging natatamaan. Ang kawawang masa ang nabibiktima ng pananakot, pambubugbog at operasyon nila.*

*Mabuti na lang at malaki na rin ang isinulong ng ating mga gawain at mismo ng kilusan. Salamat sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, halos nabawi na natin ang mga erya at sumulong na rin ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at baseng masa. Marami pa ang hahabulin, pero aktibo at masigla ang mga kasama sa pagsulong ng ating pakikibaka.*

*Palagi kong nababalitaan ang malalaki at malalawak na aksyong protesta at paglakas ng kilusan sa kalunsuran kaya nanginginig sa takot si Gloria at mga alipures niya, kaya ayun, lantarang pamamasista ang naging pamamaraan niya upang makakapit sa poder. Naging desperado na ang rehimen dahil sa pagkalantad ng malawakang korapsyon, dayaan sa eleksyon at walang habas na pagkatuta sa imperyalismong U.S.*

*O, kamusta na pala ang rekrutment natin sa kilusang lihim? Dapat lalong pasiglahin ang pagsampa ng mga aktibista at kadre dito sa kanayunan. Alam naman natin na ang pangunahing porma ng pakikibaka ay armado. Lalo na ngayon na ambisyosong nangangarap si Gloria na madurog ang CPP-NPA sa loob ng dalawang taon (tingnan natin kung sino ang pupulutin sa kangkungan!) Nagpapakita lamang ito sa desperasyon ng rehimen. Pero dapat mag-ingat din tayo palagi. Nandyan kasi tayo sa tungki ng ilong ng kaaway. Iba dito sa kanayunan kung saan malawak at malalim ang ating pwedeng maniobra sa pisikal at sosyal na tereyn . Pero marami pang gawain ang magagampanan dito kung dumami pa tayo.*

*Kamusta na lang sa lahat ng mga dati kong kakolektibo diyan at sa mga kasama. Huwag tayong magsawa at panghinaan ng loob sa pagrebolusyon. Wala nang ibang paraan para makahulagpos tayo sa kuko ng tatlong ISMO, kundi lamang sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan.*

*O, paano, hanggang dito na lang muna ang sulat ko. Padayon at sulong mga kasama!*

*Ang inyong kasama sa pakikibaka,*

*Ka Emong*



# RED ALERT

*Kolektibong binuo ng Yunit Balatik*

ALAS KWATRO NG MADALING ARAW AY NAKALIGPIT NA AKO NG duyan at nakaupo na sa gilid ng aking bakpak. Mga alas kwatro kahapon pumasok sa aming kampo ang report mula sa masa na may kaaway sa malapit. Sa pulong ng kumand ay ibinaba na nila ang red alert.

"Alam niyo na kung ano ang ginagawa natin kung red alert," sabi nga ng *CO* nang mitingin niya kami. Agad kong nirepaso sa sarili kung ano nga ang ginagawa kung red alert kaya't kahapon pa'y niligpit ko na ang mga nakakalat kong gamit. Pagkagising ko'y sinukbit ko na agad ang aking .38 calibreng pistola.

Maya-maya, sa gilid ng aking higaan ay may anino ng isang kasamang unti-unting palapit.

"Ka, magligpit ka na."

"Oo," sagot ko na bulong rin sa kanya.

Alas sais ng umaga, madilim-dilim pa, nakaramdam ako ng pag-aalburuto ng aking tyan. Mayamaya, biglang nagcommand ang pwet ko. Agad akong nagpaalam sa iskwad lider sabay dala ng aking lalagyan ng tubig na panghugas at dumaan sa kusina para kumuha ng abo.

Pagdating sa kasilyas agad kong ibinuhos sa butas ang abo sa plastic na dala ko.

"Ito ang nasa patakaran sa kalusugan, eh", sabi ko sa sarili ko.

Habang tinatanggal ko ang sinturon sa baywang ko dahil dudumi na ako, biglang nahulog ang aking baril.

Plakk! Tumilamsik ang tae.

"Dios ko" mangiyakngiyak ako habang pinipikit ko ang aking mata dahil diring-diri ako sa nangyari sa pagdumi ko... na hindi na natuloy.

"Ohh…, anong gagawin ko?" sabi ko sa sarili ko. Pinag-iisipan ko kung dudukutin ko ang baril o iiwanan.

"Ahhh! Alerto pa rin pala ngayon".

At nagdesisyon ako na dapat tiisin ko lang ang pandidiri ko dahil wala akong armas kung sakali.  At isa pa, baril ito ng rebolusyon.

Dinampot ko ang plastic na pinaglagyan ko ng abo at ginawa itong gwantes, at pikitmatang dinukot ang baril.

"My gosh…my gosh…tae, tae…," sabay dakma sa nakabaong baril sa higit isang dram ng tae.



Kasabay ng singasing ko sa pinigilan kong paghinga, naiangat ko rin ang baril.

"Yes! Yes! Nakuha ko na, may baril na ko.  Ang daming tae….sa plastic…at…ay!"

Ang kamay ko'y lumusot sa punit ng plastic.

"Shit! Uhhh…grabe talaga ang araw ko ngayon".

Ibinaba ko ang baril at winisik ang plastic sa kamay.

Parang kumpas ng pipi ang wasiwas ng aking kamay para lang maalis ang plastic at tae.  Sa sobra kong wasiwas ay tumama ang daliri ko sa kahoy.

"Nanay, ang sakit!"

Agad kong nakagat sa nasaktang daliri ko.

Nawala ang idudumi ko at hindi ko na makain ang nakabadyet kong almusal at pati ang  tanghalian.  Nangalahati  rin sa lalagyan ang alcohol na naubos ko sa kahuhugas at numipis ng husto ang sabon at balat ko sa kakikiskis.

"Ahh…wala na ang amoy. Red alert pa rin at malinis na ang baril ko."

# REGRUP

*Maria Laya*

"PWEDE NANG MAGSINDI NG APOY." PAABOT NG CO MATAPOS NA madeklarang clear na ang paligid at pwede nang maghanda ng agahan. Tapos na ang routine ng mga kasama na pag-eehersisyo at pagliligpit ng mga tent at duyan. May mga dalawang araw na rin ang yunit sa basehang ito ngunit dahil manipis ang kamoplahe sa paligid, hindi pa rin basta-basta makapagsindi ng apoy hanggang hindi naidedeklara ng CO.

"Pang-agahan ba natin ang manok ngayon, Kas?" tanong ni Ka Dol, sabay turo sa *tarin* na nakatali sa punong mahogany. Kasi, tim nila ang nakatokang magluto.

"Pangtanghalian na natin 'yan," bahagyang sagot ni Ka Doy, ang *FLO* ng yunit.

Habang nagsasaing, napansin ng mga kasama ang pagdating ng isang matandang lalaki na nagmamadali, humahangos.

"Nasaan si Ka Mabs," agad na tanong ng matanda sa mga kasama. Hinahanap nito ang CO.

Matapos mag-usap ng matanda at mga kasama sa kumand, ibinaba na ng CO ang atas na magligpit, humanda at pumusisyon. Isang yunit ng *RPA-ABB* ang papalapit sa lugar na pinagbabasehan ng mga kasama.

Mabilis na tumugon ang mga kasama. Wala pang limang minuto ay nasa posisyon na ang mga iskwad.

"Anu ang gagawin sa manok?" tanong ni Ka Dol.

Kailangan nang katayin ang manok para di na mag-ingay. Pero kapag kinatay natin 'yan, baka di rin kakayaning mailuto – magmamaniobrahan na.

Nagkaroon ng diskusyon sa magiging kapalaran ng manok sa pagitan ng FLO at ng iba pang mga  kasama.

May panahon pa ba para sa diskusyon?

Di na nagdalawang isip si Ka Hads na nakikinig sa mga kasamang nagtutunggalian kung anu ang gagawin sa manok. Walang anu-ano'y biglang pinutol nito ang tali. Di na nakaimik ang ibang mga kasama nang nakita nilang malayang tumakbo palayo ang sana'y kanilang ulam para sa tanghalian.

Hindi dumiretso ang kaaway sa posiyon ng mga kasama. Wala silang kaalam-alam. Ang direksyon naman kasi nila ay sa katabing sityo at hindi sa mismong lugar kung saan nakabase ang mga kasama. Ganoon pa man, nagdesisyon pa rin ang

kumand na lumipat ng posisyon ang buong yunit.

Sa isip ni Ka Dol, "Tsk,tsk…sayang ang manok!"

Bago pa magtanghalian, may pinabalik na isang iskwad ng mga kasama. Ang kanilang misyon: mag-abang sa posibleng daanan pabalik ng kaaway at kung dumaan, tatambangan.

Habang nag-aabang ang iskwad, ramdam na ng mga kasama ang panghihilab ng sikmura. Kasi nga, hindi na rin natuloy ang paghahain ng agahan at bago pumusisyon ay hindi pa nakakakain ang mga kasama.

Nananaginip ba si Ka Dol? Pasok na pasok sa sayt ng kanyang armalayt ang isang tarin. Nand'yan pa ang asul nitong tali. "'Yan na sana ang tanghalian ko…" wika n'ya sa sarili.

Hindi dumaan sa posisyon na pinag-aabangan ng mga kasama ang kaaway. Ngunit pagkaraan lang ng tatlong araw, isa sa opisyal nila ang natumba sa operasyong isparo ng NPA. Tatlong pistola at ilang Granada ang nasamsam! Nasundan pa ito ng isang harassment ng mga kasama sa isang ng yunit ng RPA-ABB. Matagumpay ang mga opensiba ng kasama laban sa kaaway.

Matapos ang isang buwan, habang nagbabase ang mga kasama…


"Ka, andyan si Tay Bitoy," deklara ni Ka Dol sa mga kasamahan nitong nagsesentri.

Nagtinginan sila. Lumingon sa direksyon ng papalapit na matandang lalaki. Pinapansin nila ang wangis ng matanda.

Nagmamadali ba s'ya? May takot ba sa kanyang mukha? Palingon-lingon ba ito na tila takot na may nakasunod sa kanya?

Hindi. Maaliwalas ang mukha nito. Banayad ang mga hakbang nito habang papasok sa kasukalan, kung saan naghihintay ang kanyang hukbo. Habang lalong lumalapit, napansin din ng mga kasama ang kanyang dala: isang manok na may asul na tali.




Buhay
Hukbo
Ibiswal


CADUY
MAY KWENTO AKONG GALING SA ISANG BARYO NG TAPAZ, CAPIZ...
WALANG TIGIL ANG PANINIRA NG 12th IB, PHILIPPINE ARMY... ITO ANG SABI NILA...
SINUNGALING
ITO, TIYAY, KATULAD KAYO NG INAHING BABOY... GINAGATASAN NG MGA BIIK, AT 'YAN AY MGA NPA... OKEY? MALINAW BA?
AY, EWAN! HABULIN N'YO KUNG SAAN ANG NPA... AT PAGBUTIHIN MO PAGNAGSALITA KA!
HINDI KO GUSTONG TAWAGING INAHING BABOY!
O, DI, NASUPALPAL ANG ARMI SA KANILANG KASINUNGALINGAN. NPA ANG TAGAPAGTANGGOL NG MAMAMAYAN!
TUNAY NA HUKBO NG SAMBAYANAN!


CADUY
SA ANTIQUE, HABANG NAG-OOPERASYON ANG BRAVO COY NG 12th IB.
MAGANDA ITONG TINALI MO TIYOY... MAGKANO BA ITO?
MAHIGIT SANDAANG PESO
PAHAPLOS NAMAN...
SOBRA NAMAN! SINGKWENTA LANG 'TO!
DI PWEDE, HINDI KO IPINAGBIBILI 'YAN
SEGI LANG... BIBILHIN KO ITO!
SA AKIN NA ANG MANOK KO!
ITO, SINGKWENTA PESO... DADAGDAGAN KO LANG BUKAS!
PERO... KWAN...
KINAUMAGAHAN, MGA ALAS KUATRO, UMALIS NA ANG MGA TROPA...
NAWALA ANG AMING TINALI!? HMMP!
TOKTO-RO-OK!
HOY, ANG TINALI NAMIN!

# GLOSARI/TALASALITAAN:

**AB -** Ang Bayan, opisyal na pahayagan ng Partido komunista ng Pilipinas.

**abangay** - kalagayan ng panahon na parang bubuhos na ang ulan pero wala namang ulan.

**Amag-iran** - datu sa makalumang kwento ng tumandok.

**Angas** - mataas na bundok sa hangganan ng Aklan at Capiz na pinagmumulan ng bukal ng Ilog Pan-ay. Sa paniniwala ng mga tumanduk, dito naninirahan ang mga kaluluwa ng kanilang mga ninuno.

**bagong kilusan** - ibig sabihin, pambansa-demokratikong rebolusyon.

**bakunawa** - isang pormasyon ng mga bituin na kumakatawan sa pinaniniwalaang sawa ng kalangitan na siyang kumakain ng buwan tuwing nag-ieklipse.

**balatik** - isang pormasyon ng mga bituin (constellation) na pormang balatik.

**ball** - isang tipo ng garapong  ginagamit na baso.

**Binanog** - katutubong sayaw na mula sa mga kilos ng ibong banog o lawin. Sinasayaw ito sa saliw ng tambol, agong at mga kahoy na ipinupukpok sa sahig na kawayan. Matatapos ang sayaw kung naagaw na ng babae ang panyo  ng lalake sa pamamagitan ng kanyang sariling panyo, o kaya'y ilagay na ng babae ang panyo niya sa leeg ng lalaki na nangangahulugang suko na siya dahil hindi niya maagaw.

**Baloy** - ang ikalawang pinakamataas na bundok sa isla ng Panay. Dito nagmumula ang bukal ng dalawa sa pinakapangunahing ilog ng Panay, ang Ilog Aklan, sa probinsya ng Aklan at Ilog Jalaud probinsya ng Iloilo..

**baroto** - isang uri ng bangka na inukit mula sa isang punong kahoy.

**basal** - ang iba't ibang tono/tempo ng pagpapatugtog ng agong at tambol para sa pagsayaw ng binanog.

**bisayang agak** - tandang na manok na mahigit isang taon na ang gulang, bisaya dahil hindi galing sa poultry. Malasa ito lalo na kung lalagain ng matagal hanggang lumabas ang linamnam.

**Budyak** - tipo ng sibat ng tumandok.

**CO** - commanding officer. Isang tawag sa upisyal ng BHB.

**Daragangan** - busalian, may natatanging mga katangian tulad ng kakayahan sa  labanan.

**FLO** - finance and logistics officer.

**hinagdong** - isang klase ng ligaw na kahoy.

**hinaharuthot** - hinihigop ng maingay tulad ng pag-inom ng kapeng mainit.

**haras** - isang klase ng ligaw na damo na parang labaha sa talim kung makasugat.

**Hiligaynon, Akeanon, Kinaray-a** - mga katutubong wika sa rehiyon ng Panay.

**Hunter Killer** - isang espesyal na taktikang commando ng mga militar laban sa BHB.

**Jalaud/Halaud**- pinakamalaking ilog sa probinsya ng Iloilo.

**kamandag** - kahoy sa lumang kwento ng mga tumandok na kung sino man ang makadaan sa ilalim nito ay mamamatay.

**kararaw** - isang tipo ng bilao

**kararuton** - kabuuang tawag sa mga pagkaing-ugat na ipinanghahalili sa kanin sa panahon ng taggutom.

**karatak** - isang klase ng maputi at mabangong bigas na nagmumula sa kaingin.

**kingki** - isang tipo ng ilawang de gaas o gasera.

**kontras** - mga kontrarebolusyonaryo tulad ng RPA-ABB at iba pang grupo na kasabwat ng estado at militar sa mga operasyon nito.

**Humadapnon** - datu sa isang kwentong tumandok.

**lab-as** - sariwa, madalas gamit sa sariwang isda.

**Labawdunggon** - datu na ayon sa mga kwento ay lider sa uluhan ng Pan-ay noon.

**Lagan-lagan** - isang katutubo na nakipagsabwatan sa mga mananakop na kastila.

**Nausan** - bundok sa likuran ng Angas.

**Pakol** - ligaw na saging na puno ng buto ang bunga.

**panambi** - paglulunsad ng digma ng isang tribu sa kabilang tribu upang pagbayarin sa mga katribung napatay. titigil lamang ito kung sa tingin ng magkabilang panig ay magkatumbas na ang namatay sa bawat isa.

**Pan-ay, Halaud, Aklan** - malalaking ilog ng Panay. Ang Pan-ay ang pinakamahaba.

**patik** - tunog ng agong at tambol.

**Roosevelt** - dating pangulo ng USA; ang pangalan niya ang ipinalit sa tumandok na pangalan ng baryo Mapanag, tulad ng sa Sambuong na ginawang McKinley, ang Malabno naging Wright, at may Taft pa, lahat sakop ngayon ng Tapaz, Capiz.

**sadsad** - ang pinakamahirap na klase ng indak o hakbang sa sayaw na binanog.

**sinamak** - isang klase ng sawsawan sa pagkain.

**SPL** - Sangay ng Partido sa Lokalidad.

**Sungayan, Butawan, Tumapak** - mga pangalan ng agong. Ang bawat baryo o tribu ay may sariling agong na ipinapamana sa bawat henerasyon. Ang mga ito ay may pangalan at may sariling natatanging tunog kayat nakikilala ng bawat tribu kung saang lugar ang may pagtitipon kung marinig na nila.

**sinda ng bulalakaw** - ang kapangyarihan ng bulalakaw na kung sinong tamaan ay hindi na makakilos o makapag-isip.

**talda** - ang tono/tempo ng agong at tambol na malumanay, madalas na ginagamit sa simula ng sayaw ng binanog.

**talibong** - mahabang itak ng katutubo na ginagamit sa digmaan.

**tarin** - magdadalawang buwan na manok.

**Taroytoy** - isang komunidad sa tuktok ng bundok sa hangganan ng 3 probinsya.

**tinagik** - isang klase ng pagtatali sa sahig na kawayan. Hindi pwedeng magsayaw ng binanog sa sahig na kawayan kung pako ang ginamit dito dahil hindi sumasabay ang sahig sa indayog ng sayaw.

**truba** - ang tono/tempo ng agong at tambol na mabilis, madalas na ginagamit kung magsisimula nang mag-agawan ng panyo, at panahong pinalalabas na ang pinakamabilis na mga indak tulad ng sadsad.

**t'rukbon it magkal** - sa literal na salin, "dapat ipalamon sa sawa", isang ekspresyon ng galit ng mga tumanduk sa mga taong wala talagang silbi sa mundo.

**tuka-toka/pugakhang** - isang klase ng sinaunang baril na "homemade" o lokal na ginawa.

**Tumanduk/tumandok** - mga katutubong mamamayan sa Panay.